# BULAKLAK

Hiyas ng Tahanan

MAYO 27, 1953

30 Sts.





Si LILIA DIZON

"KUWINTAS NG PASAKIT"

NG LVN PICTURES

[redacted]




isang produkto ng **LA TONDEÑA, INC.**

*Pakinggan ang mga palatuntunan ng La Tondeña, Incorporada, sa radyo, "Edong Mapangarap" sa DZFM tuwing Martes, ika-8:00-8:30 ng gabi, at ang "Mga Kuwento ni Lola Basiang" sa DZPI tuwing Biyernes, ika-8:00-8:30 ng gabi.*

MAIKLING-MAIKLING KUWENTO

ni

CRISEA REYES

# Bukal ang Pag-ibig



MALAKING DESGRASYA. UMINOM NG LASON SI ALING NORA.

MANAKA-NAKANG pumupunit sa katahimikan ng hatinggabi ang matinis na huni ng mga kuliglig na sinasalitan ng bahagyang ingit ng mga sangang ipinapaspas ng hangin.

Nahihimbing ang kalikasang naliligo sa maayang liwanag ng buwan.

—Isinusumpa ko sa iyo na ikaw ang una't huli kong pag-ibig.

—Kahi't na magkaibayo ang ating kalagayan? Tututol ang ama mo kapag natuklasan niya ang ating pagmamahalan.

—Maligaya ako sa iyong pag-ibig at hindi tututulan ng Papa ang anumang ikaliligaya ko.

---

—Pakakasal ka kay Lauro, Nora. Iyan ang pinagkasunduan namin ng kanyang ama.

—Nguni't Papa, hindi ko iniibig si Lauro. Hindi ako liligaya sa piling niya. May iba akong minamahal, unawain sana ninyo ako.

—Ano? Suwail na anak? Susundin mo ako o mananaog ka ritong pulubi.

—Papa, matitiis mo ba akong habang buhay na nagdurusa? Parang ninais ninyo ang aking kamatayan.

—Mabuti pa ngang makita kitang bangkay kaysa sa sumuway ka sa aking kagustuhan, kaysa sa bigyan mo ako ng kahihiyan.

---

Sunud-sunod ang paghinto ng mga kotse sa harapan ng Villa Ramirez.

—Malaking kasalan ito. Kumbidadong lahat ang mayayaman. —anang isang lalaking nanonood sa may labas ng bakurang bato.

—Dapat naman. Mayaman si Nora. Nag-iisang tagapagmana rin si Lauro. —ang susog ng katabi.

Isang lalaki ang humahangos buhat sa malaking bahay. Nagtatakang sumalubong ang mga nasa labas ng bakuran.

—Bakit? Ano ang nangyari?

—Malaking desgrasya. Uminom ng lason si

(Sundan sa pahina 61)

# MAGANDA ang BUHAY






Rosalina Raymundo

PABUNTUNGHININGANG pinagala ni Luding ang kanyang paningin sa kabuuan ng silid na iyon: mula sa maputing mga dingding hanggang sa mga nakahanay na hihigang karamiha'y okupado.

Sa kabila ng pangyayaring mayroon silang humigit-kumuang sa dalawampung babae roon ay hindi niya mapigilan ang nalabis na pangungulila.

Namamayani sa paligid ang amoy-hospital na kinahiratihan na niya.

Mula sa kanugnog na silid na siyang *nursery* ay nanggagaling ang matitinis na iyak ng mga bagong silang. Mga impit at pabugsu-bugsong taghoy. At hindi iilan sa mga naroroon ang akikita ni Luding na matamang pinakikinggan ang mga iyon t saka mangingiting babaling sa katabi: —Anak ko iyon. Kay akas iiyak a.

Nakaramdam si Luding ng kirot sa kaniyang dibdib. Sapagka't hindi niya mararanasan ang gayong pagmamalaki, hindi niya nadadama ang lugod na bunga ng nanggagaling na init mula sa katawan ng isang walang malay. Hindi nga.

Patay na nang isilang ang kanyang anak. Hindi niya alam iyon sapagka't nanatili siyang walang malay sa tulong ng makabagong gamot.

Si Angel ang banayad at maingat na nagsabi sa kanya kinabukasang mamulatan niya ito sa kanyang tabi.

Hindi niya napansin ang maputla at hapis na mukha ng asawa.

—'ling, ang bata. Lalaki ba? Ipakuha mo. Hala na, sabik na sabik akong makita —ganoon ang mga katagang namulas sa mga labi ng bagong ina.

Hindi sumagot si Angel. Tumingin lamang ito sa kanya kaya inulit niya ang pamanhik: —Hala na, 'ling, ipakuha mo ang bata. Titingnan ko lang.

Hinawakan ni Angel ang kamay niya at marahang tinapik. Gumagaralgal ang tinig nito nang magsalita: —Wala na ang bata, 'ling. Kahapon pa namin inilibing.

Napatigagal siya sa malaking kabiglaanan. Matagal siyang hindi nakaimik. Naramdaman na lamang niya ang walang tilang pag-agos ng luha sa kaniyang mga pisngi.

—Huwag kang umiyak, 'ling. Makasasama sa iyo. Magkakaroon pa tayo ng anak. Talagang hindi para sa atin si Junior. Tahan na.

Madaling pakiusapan si Luding. Kinuyom niya ang ka-




lungkutang bumabalot sa kanyang katauhan nang makita niya ang paghihirap ng asawa. Higit ang pagkabigo nito.

Ngayo'y ikalimang araw na niya sa *maternity*. Dalawang linggo raw ang dapat niyang itigil duon. Dalawang linggo. Naiinip na siya.

Naputol ang pagdidili-dili ni Luding nang dumaan ang nars na may kilik na sanggol. Sinundan niya ito ng tingin hanggang sa ilapag ang nasabing bata sa hihigan ng ina nito.

Bumangon ang ina, sinipat na mabuti ang bata, ngumiti. Gayon ang lagi niyang nasasaksihan tuwing dumarating ang oras ng pagpapasuso sa mga bagong silang.

Isang babae ang ipinasok sa *ward*. Sa hihigang kalapit ng kay Luding inilapag ang naturang babae.

Pinulsuhan ito ng *nars*. Inayos na mabuti sa hihigan.—Sandali na lamang at magsisilang ka na.

Batam-bata ang nasabing babae. Marahil ay labimpitong taon lamang ito. Hindi pagsawaang malasin ni Luding ang mukhang maamung-maamo nito.

Ilang nakalulunos na daing ang pumulas sa mga labi nito. Nakita ni Luding ang tahimik na pagluha ng babae.

May pagkaawang nadama si Luding sa kanyang dibdib. Kay laki ng hirap, buhay halos ang puhunan ng isang ina sa

***Ang Buhay Ay Laging Tigib Ng Ligalig Na Pinagaganda Ng Mga Pag-ibig.***

anak.

Isang nakalulunos na tili. Tila walang dugo ang mga kamay na buong higpit na nakakapit sa may ulunang bakal ng hihigan.

Tinuunan ni Luding ang buton sa kanyang tagiliran. Isang nars ang lumapit.

—Siya, —aniyang ininguso ang babaing naghihirap. —Baka nangangailangan ng tulong.

Siniyasat ito ng nars.—Siyanga, magsisilang ka na.

Lumabas ang nars. Nang bumalik ito ay may kasamang dalawang lalaking itinutulak ang isang makitid na mesitang may gulong. Duon nila inihiga ang babae

---

Oras ng dalaw

Iyon ang pinananabikan ng mga pasyente. Natanaw ni Luding ang asawang may bitbit na kung anu-ano.

(Sundan sa pahina 61)

# NAGMUMULAT *Ang*

KUWENTO NI
MARIA GONZALES RONARIO

ARAW na lamang ang hinihintay upang maging isa nang katotohanan ang pangarap nina Narda at Alberto. Itinakda na ang kanilang kasal, kaya, mga ilang araw pa bago dumating ang dakilang pagkakataong iyon, ang lahat ay nagsisikilos na sa paghahanda.

Galak na galak si Narda na inaasam-asam ang pagdating ng araw ng kasál nila ni Alberto.


At, si Alberto naman ay sabik na sabik na, sapagka't nalalaman niyang sa dakiláng araw na iyon, maisasakatuparan na niya ang pagtatayo ng bantayog na malaon na nilang pinangarap ni Narda.

Nguni't nang bisperas ng kasal ng dalawa, nang iisang hakbang na lamang at mararating na ng dalawa ang dulo ng kanilang landas, ay isang kapangi-pangilabot na pangyayari ang naganap.

Nang umagang iyon, nang magtungo si Narda at ang kanyang inang si aling Desta na kasama ang dalawa pang pinsang dalaga ng ikakasal, sa kabayanan, ay hinarang sila ng ilang lalaking pinamumunuan ni Herman. Sa kabila ng pagtutol ni aling Desta at panlalaban ni Narda ay nakuha rin siyang maagaw at madala sa isáng ilang na pook.

Gayon na lamang ang panghihilakbot ni aling Desta. Nagngingitngit at lumuluhang nagbalik sa kanilang nayon at ibinalita ang malungkot na sinapit ng anak sa kamay ni Herman na malaon nang nangingibig kay Narda. Pagdaka'y kumilos ang lahat. Si Alberto ay hindi nagpabaya at sumumpa siyang hindi siya tutugot hangga't hindi nadadakip ang kaagaw na si Herman upang papanagutin ito nang mahal pagkatapos sa ginawa niyang napakabigat na pagkakasala.

Nguni't maraming araw din ang nakalipas na pawang pagkabigo ang natatamo ni Alberto. Anuman



# KATOTOHANAN

ang gawin ay hindi niya matunton kung saang sulok ng daigdig dinala ni Herman ang babaing ihahatid pa naman niya sa paanán ng dambana. Pagkáraan pa ng ilang panahon, si Narda at si Herman ay bigla na lamang sumipot sa kanilang nayon. Ang dalawa ay kasal na. Pinatunayan ni Narda na siya ay pinakásalan ni Herman, sapagka't iyon ang kanyang hiniling dito.

Nang humarap ang dalawa kina aling Desta at mang Kulas ay muntik nang pindangin ng matanda ang buhong na lalaking nagpalungi sa kanilang anak na si Narda. Ngu-ni't si Narda na rin ang nakiusap sa kanyang mga magulang. Sinabi pa niyang kung saan siya nadapa ay doon na rin niya ibig magbangon.

Si Herman ay naging matapat at mapagmahal naman kay Narda. Nang mamatay ang kanyang mga magulang ay doon na sila tumirang mag-asawa sa malaking bahay na minana ni Herman sa mga yumao. Nagsikap siyang mabuti upang maturuan niyang mahalin siya ni Narda, ngu-ni't ito ay nanatiling malamig sa pakikisama sa lalaking anuman yata ang gawin ay hindi maturuan ang puso upang mahalin at ibigin iyon.

Nagsikap na mabuti si Herman upang lalong mapaunlad ang kanilang kabuhayan ni Narda. Nang magbunga ang kanilang matabang na pagsasama ay lalong naging masigasig si Herman na ma-ihandog kay Narda ang sangmundong kaligayahan.

*Nakapagtuturo*
*Ang Dula Ng Buhay*
*Na Sa Bawa't Yugto'y*
*May Katotohanan*

ngunit si Narda ay patuloy sa walang tamis niyang pakiki-sama kay Herman, sapagka't hanggang sa mga sandaling iyon ay hindi pa mamatay-matáy ang naglalagablab niyang pag-ibig kay Alberto

Isang gabi. .

Narda wika ni Herman, —paano ko kaya matutu-

(Sundan sa pahina 59)





INIISIP ni Delfin ang lumayo muna sa Maynila at magtago sa lalawigan upang iwasan ang mga babaing kanyang mga naging kasintahan. Ibig niyang tuluyan nang layuan ang mga babaing ito na naging libangan lamang ng kanyang kalikutan.

Ang tutoo, siya ay isang "playboy" sa kanyang mga kaibigan nguni't sa gayon man, pihikan pa rin ang kanyang puso sa ngalang pag-ibig. Ang babaing pinapangarap niya na maging kataling puso ay wala sa mga babaing kanya nang naging kasintahan, kaya siya'y mananatiling "play-boy" habang hindi niya natatagpuan ang babaing pangarap niya sa buhay.

Ito ang dahilan kung bakit si Delfin Samonte na "idolo" sa mga kababaihan ay bigla na lamang nawala at sukat sa Maynila.

---

Biglang bigla ang pagkakadating ni Delfin sa kanilang lalawigan kaya takang-taka ang kanyang ale.

—Himala, nauwi ka Delfin! Ano kaya ang nakain mo bata ka, at naisipan mo ang umuwi.

—Ibig ko lamang tiya Lilay na magbakasyon muna dito sa atin, saka madalaw ko naman tuloy kayo.

—Salamat naman at naalaala mo pa rin ako. Akala ko'y tuluyan nang lumalayo ka sa mga kamag-anakan ng tatay mo buhat nang ito'y bawian ng buhay, dahil limang taon na ring hindi ka sumisilip dito.

—Hindi naman tiyang. Talaga po lamang akong walang kapanapanahong umuwi dito sa atin noong nagdaang mga araw.

—Siya iho, dalhin mo na ang iyong mga dala-dalahan duon sa silid at ikaw ay magpahipinga na muna tuloy, kataon nang darating iyong dalawa ni Elsa at Tasing.

—May mga kasama pa ba kayong ib dito sa bahay tiyang?

—A, e hindi mo nga sila kilala iho. Si Elsa ay anak nang aking kumareng Talya. Buhat nang mamatay ang pinsan mong si Seneng, pinakiusapan ko ang kumareng Talya na bayaan na muna sa akin si Elsa para makasakasama ko habang sariwa pa sa alaala ko ang pagkamatay ni Seneng. Pumayag naman ang kumare ko kaya narito sa akin ang batang iyan. Naku, para ring buhay si Seneng iho, parehong pareho ang ugali palibhasa yata't magkaibigan ang dalawa.

—E sino po naman iyong Tasing?

—A, si Tasing ay utusan dito sa bahay; umalis na si Bebang, kinuha na ng kanyang ina, at siya nga ang nahahalili.

—Saan ho sila naruon at nag-iisa kayo sa bahay?

—A... e... nandiyan lamang marahil ang mga iyan at nanunungkit ng bungang kahoy sa may bukid. Talagang iyan ang napaglilibangan ng batang iyan ang panunungkit ng mga bungang kahoy.

—Mananaog muna ako Tiyang at magpapasyal pasyal lamang ako sa may banda ruon.

—O, sige anak. At nang hindi ka nga malungkot dito sa bahay dahil sa wala kang makausap.

At nanaog nanga si Delfin na ang pakay ay hanapin ang sinasabi ng kanyang tiya Lilay na dalagá; aywan kung bakit ibig niyang makita agad si Elsa, udyok marahil ng kanyang malikot na puso.

Malayo layo pa siya'y natanaw na niya ang isang babaing bagamá't nakatalikod at tila abala sa

*Ang Lalong Matimpi Sa Isang Pag-ibig Ay Ang Mga Mutyang Lumaki Sa Bukid.*

ginagawang panunungkit ay mahihinuha na ang babaing ito ay nag-aángkin nang isang kariktang sukat kabaliwan. Ang hubog ng kanyang mabilog at balingkinitang katawán ay bagay na bagay sa kanyang taás na marahil ay humigit kumulang sa limang talampakan at tatlong pulgada. At ang kanyang buhok na likas ang pagkakulot ay lagpas balikat ang haba. Pulahan ang suot niyang damit nuon na lalong nagpalitaw sa kanyang maputing balat kaya noon pa'y humanga na ang binata at ito'y napalatak.

—Kay ganda pala niya! Talagang maganda at kasariwaan, — nagmadali nang paglapit si Delfin.

—Ako na, Elsa, ang manunungkit niyan para sa iyo, —ang unang bati ng pilyong binata na ikinagulat ng dalaga.

—Susmariyosep! Sino ba kayo? Bakit ba ninyo nalaman ang pangalan ko? Napakapangahas ninyo, mamang ano!

—Huwag ka sanang magalit Elsa. Hindi ko lamang matiis na ang isang kagandahan tulad mo ay hindi ko tulungan.

—Nguni't hindi ko kailangan ang tulong ng isang pangahas na tulad ninyo.

Noon naman ay sa darating na si Tasing at daladala ang isang basket na ipinahiram ni Elsa sa isang kapitbahay nila.

—Sige na Tasing ilagay mo nang lahat sa basket iyan at tayo nang umuwi. Baka naghihintay na ang ninang.

—Sabay sabay na tayo Elsa, uuwi na rin naman ako e, —at nakangiti ang binata.

—Mamang ano, nakaloloko yata kayo! Anong kuwenta sa akin kung umuwi man kayo o hindi bakit ninyo sasabihin pa sa akin! Nalalaman ko ba kung saáng impierno kayo umuuwi!

Napatawa naman si Delfin sa tila pagkayamot sa kanya ni Elsa, sa tingin ba niya'y tila ito lalong gumaganda kung ganoong nagagalit sa kanya. Kaya habang lumalakad sila'y lalo niyang sinadya ang pagbibiro sa dalaga.

—Bakit hindi pa kayo umuwi at hanggang dito sasabay sabay kayo, o ayan na ang amin, baka kayo makita pa ng ninang ko, — at tumigil na si Elsa sa may pagpasok ng bakuran upang itaboy ang binata at huwag nang makita ng kanyang ninang.

—Bakit magagalit ba ang ninang mo kung makita ako? Ibig ko ngang makilala ang ninang mo e, at itatanong ko lamang kung bakit napakasuplada ng kanyang magandang inaanak.

Kataong pumapanaog noon si aling Lilay at agad silang natanawan.

—Aba Elsa, nandiyan na pala kayo. Mabuti nga at kasama na rin pala ninyo si Delfin. Hala magsiakyat na kayo at nang tayo'y makapaghain na. Baka gutom na si Delfin.

Nanlaki ang mga matá ni Elsa at agad lumapit sa kanyang ninang.

—Ibig ba ninyong sabihin ninang e kilala ninyo ang..

Noo'y lumapit na rin si Delfin kaya napatingin na lamang si Elsa sa binata.

—Bakit iha, hindi ba sinabi sa iyo ni Delfin na siya'y pamangkin ko?

—E... e... hindi po.

—Naku, talagang hanggang ngayo'y dala mo pa ang pagkamay kato sa katawan bata ka. At niloko mo pa pala si Elsa.

—Ibig ko lamang siyang tulungan tiyang sa panunungkit e, agad nagalit na sa akin iyang inyong magandang inaanak, —at tinapunan ng isang mapanuksong sulyap ang dalaga.


Isang irap naman ang iginanti ni Elsa.

—Pagpapasensiyahan mo na iyan Elsa talagang ganyan la-

(Sundan sa pahina 65)

# Nasa NAYON Lamang Pala

kuwento ni ELENA CABRERA



# Liligaya ka rin




DALAWANG malalakas na tampal ang nagpamula sa mga pisngi ni Dinia at saglit na nagpadilim sa kanyang paningin. Nang balikan siya ng malay, ay nakita niyang nakatayo at galit na galit sa kanyang harap ang kanyang batang kapatid na si Nora. Nanlilisik at nag-aapoy ang mga mata ni Nora sa pagkakatitig sa kapatid na matanda.

—Wala kang hiya! —wika pa ni Nora at saka pinagtiim ang mga bagang sa pagsasalita.—Hindi ko akalaing isa ka palang babaing mang-aagaw ng pag-ibig ng kapatid.

—Nguni't Nora... huwag kang magsalita ng ganyan!

—At, hindi ba? Hindi ba inaagaw mo sa akin ang pag-ibig ni Fred?

—Nora!

—May bibig ka pang mangatuwiran?

—Bigyan mo ako ng pagkakataong makapagpaliwanag, Nora! —ang tinig ni Dinia ay punung-puno ng pagmamakaawa.

Si Dinia at si Nora ay magkapatid sa ama. Sanggol pa lamang halos si Dinia nang maulila siya sa kanyang ina. At, pagkaraan lamang ng ilang panahon, si don Berong, na ama ni Dinia ay muling nag-asawa. Napakasal siya kay donya Marta. Akala ni don Berong ay mananatili nang maliwanag ang kanilang langit ni donya Marta, nguni't siya'y nabigo. Nang magbunga ang kanilang pagsasama, ay lalong nakilala ni don Berong ang pagkakamali sa muli niyang pag-aasawa.

Nang magdalaga sina Dinia at si Nora, ay lalong naging maligalig ang tahanan ni don Berong. Madalas niyang masaksihang inaapi ng kanyang mag-ina ang kahabag-habag niyang si Dinia, kaya, kung wala sina donya Marta at si Nora, ay inaaliw ang anak.

Isang araw, si Fred

Lerma na nakilala ni Nora sa isang pagtitipon ay nakaisip dumalaw sa tahanan nina don Berong. Dito niya nakita si Dinia. Sa una pa lamang pagkikita nila ni Dinia, ay nalaman na ni Fred, na iyon ang babaing karapat-dapat niyang ihatid sa dambana. Nguni't isang araw, ay inabutan ni Nora sina Dinia at Fred na nag-uusap sa halamanan. Matagal na nakimatyag si Nora. Nararamdaman niyang parang nginangatngat ng matutulis na ngipin ng panibugho ang kanyang puso. Nang makaalis si Fred ay biglang hinarap ni Nora si Dinia at sinumbatan ng katakut-takot ito. Nguni't si Dinia ay nagpaliwanag. Sinabi niyang hindi totoo ang ipinararatang sa kanya ni Nora.

Nguni't sukat ang gayon upang pagbuhatan lamang siya ng kamay ng malupit na si Nora.

—Talagang taksil kang babae,—ang matinis ang tinig na wika ni Nora kay Dinia nang mabigwasan ng magkasunod na tampal ang magkabilang pisngi ng kapatid,—isa kang mang-aagaw ng pag-ibig ng iba!

—Nora, hindi totoo ang iyong paratang.

—At, ano ang ibig mong sabihin sa akin? Na, ako'y bulag at bingi?

Ang totoo, ay talagang sinusuyo ni Fred si Dinia, nguni't mahigpit ang pagtanggi nito, sapagka't nalalaman niyang minamahal ng kanyang kapatid si Fred. Nguni't ito ay mapilit at sinabing siya, at hindi si Nora ang kanyang iniibig.

Nagunita tuloy ni Dinia ang kanyang ina. Nahahabag siya sa kanyang aping kalagayan at nasasabi-sabi sa kanyang sarili, na, kung buhay lamang ang kanyang ina, ay hindi niya sasapitin ang gayon at kaipala'y hindi siya aapihin. Nguni't ang lahat ay tinimpi niya, sapagka't nababatid niyang sa gayon lamang mananatiling matahimik at matiwasay ang kanilang tahanan.

—Dinia,—wika pa ni Nora sa kapatid, —ipangako mong gagawa ka ng paraan upang layuan ka ni Fred.

—Ano ang gusto mong gawin ko, Nora?

—Nauunawaan mo ako, Dinia. Mahal ko si Fred at tunay kong ikamamatay kung siya'y mapapasa ibang kandungan. Ano, magagawa mo ba iyon, Dinia?

Hindi agad nakasagot si Dinia, nguni't mayamaya ay marahang nagsalita.

—Kung iyon ang ikaliligaya mo, Nora, ay maaasahan mong susundin ko ang iyong gusto.

Buhat noo'y iniwasan na ni Dinia ang makipagkita o makipag-usap kay Fred. Nguni't ito ay maapoy sa kanyang pangingibig sa dalaga.

Isang araw, si Dinia ay hindi na nakatiis. Hindi na niya maisip kung paano niya maiiwasán at kung paano siya malalayuan at malilimot ni Fred, kaya nang umagang iyong dalawin siya ni Fred at wala siyang kasama sa kanilang tahanán kundi ang mga alila lamang ay hinarap na ang binata

—Fred, nahahabag ako sa iyo, sapagka't may mga mata ka ay hindi ka nakakakita.

—Ano ang gusto mong sabihin, Dinia?

—At, may pandinig ka, nguni't hindi ka nakaririnig...

—Dinia, huwag mo akong bigyan ng mga ganyang katalinghagaan, sapagka't wala akong nalalaman, kundi ang ikaw ay iniibig ko... oo, iniibig kita ng tapat at walang pag-iimbot.

—Ang kahit na malaman mo ang isang lihim, Fred...?

—Isang lihim? Anong lihim iyon, Dinia?

Yumuko si Dinia upang ikubli sa binata ang nalalaglág na luha sa mga mata.

—Bakit hindi mo sabihin ang lihim na iyon, Dinia? —dugtong pa ni Fred.

(Sundan sa pahina 66)

*Kasunod Ng Gabi Ang Dapit-Umaga, At May Luwalhati Sa Likod Ng Dusa.*







# Katulad

MABILIS ang hakbang ni Didang nang hapong iyon. Mabilis kaysa dati niyang nakagawian kapag siya'y umuuwi. Hindi niya tinanaw na gaya ng dati ang kanluran kapag siya'y sumapit na sa bukas na paraan patungo sa kabukiran. Ngayon pa naman maraming kulay ang iginuhit ng takipsilim sa dakong nilulubugan ng araw.

Mahigpit ang pagkakahawak ni Didang sa kanyang *handbag*. May guhit ng pag-iisip ang kanyang noo at bagaman malamig ang simoy na humahalik sa kanyang leeg ay paulit-ulit na dinadampian niya yaon ng hawak na panyolito, dahilan sa pawis na inaakala niyang gumigiti.

Sa katotohanan ay hindi ang nilalakaran ang nakikita ni Didang. Ni hindi rin ang paligid. Panatag na natatalunton niya ang landas na iyon, sapagka't hirati na ang kanyang mga paa sa dakong iyon na lagi niyang inuuwian tuwing hapon. May ibang bagay na nakikita ang kanyang mga mata at ito'y ang mga gunitang nagbabalik sa kanyang isip.

—Hindi na ako tatagal, Raul. Hindi na! —natatandaan ni Didang na binigkas niya ang mga katagang iyon nang nagdaang tanghali, habang pinagsasaluhan nila ni Raul ang isang masaganang pananghalian sa isang kilalang restauran.

Ibinaba ni Raul ang hawak na kutsara at pinagmasdan si Didang. Nakita niya ang katapatan ng babae sa winika.

—Ano ang ibig mong sabihin? —ang tanong ni Raul.

—Ang maraming sandali ng ating pagtatagpo—ang wika ni Didang —Ang maraming sandali ng ating lihim na pagkikita. Talagang hindi na ako tatagal. Hindi!

—Ibig mong putulin na natin ang gayon?

—Upang lalo ba akong magtiis...? Magaling kang lalaki.—Walang luha ang mata ni Didang, subali't higit sa luha ang nakita ni Raul sa kanyang mga mata.

—Kung gayo'y...

—Ang ibig kong malaman ngayon ay ganito: Saan tayo patutungo? Mula rito'y saan tayo hahantong... saan mo ako dadalhin? Ilang taon na ang aking ipinagtiis! Nagtatagpo tayo upang muling maglayo. Nagtatagpo tayo na laging may kinatatakutan. Tila ba isang kasalanan ang umibig. Hindi na ako tatagal. Saan mo ako dadalhin ngayon?

—Didang, —ang wika ni Raul —alam mo ang dahilan. Si Carlota ay may sakit. Si Carlota ay...

—Carlota! —ang putol ng babae —Panay ka na lamang Carlota. Wari bang pati ako ay ibig mong magpahalaga sa kanya.

—Hindi mo ako naiintindihan.

—Naiintindihan kita. Si...

—Kung gayo'y kailangan mong pakinggan ito. Si Carlota ay hindi ko mapababayaan. Si-

# ng isang PANAGINIP

*Kuwento Ni Reynalda D. Buencamino*

***Kung Minsa'y May Pait,***
***Kung Minsa'y May Timyas,***
***Ang Pagsintang Ukol***
***Sa Irog At Anak.***

ya ay may sakit. Maaaring ikamatay niya ang ano mang sama ng loob na maidudulot natin sa kanya. Ibig mo bang tayo ang maging dahilan ng kanyang kamatayan?

Hindi kumibo si Didang. Walang pangungusap ng pagtutol na nalaglag sa kanyang labi, subali't batid ni Raul na may buntong-hiningang nagwawala sa dibdib ng babae. Buntong-hiningang nag-iingat ng walang hanggang pagtutol at ng masidhing pamimiyapis.

—Gayon pala, —ang sa dikawasa'y wika ni Didang. —Bakit hindi ka umuwi ngayon din. Lumuhod ka sa harap ni Carlota. Hawakan mo siya sa dalawang palad at sabihin mo: ***"Patawarin mo ako, Carlota, ako'y nagkasala."***

—Didang!

—Gayon nga, —ang patuloy ni Didang, —sapagka't hindi ako ang iyong asawa. Nalalaman ng Diyos. Nalalaman ng tao.

—Nguni't —ang giit ni Raul, —iniibig kita.

—Salamat, nguni't mula sa pangungusap na iya'y saan tayo hahantong... saan mo ako dadalhin?

Mariin ang pagkakatikom ng labi ni Raul. Mahigpit ang pagkakalamukos niya sa lukot na sirbilyeta.

—Kung nalalaman mo lamang, —ang kasabay ng buntong-hininga ay patuloy ni Didang. —Ang mga ulilang sandali ng aking paghihintay kung ikaw ay hindi dumarating dito sa ating tagpuan. Yaon ang mga saglit na dumuduro sa aking puso upang madama ko ang katotohanang nagiging bunga ng ating pagkikilala. Nais kong bumitiw kung minsan sa gabay na itinindig ng panahon sa ating landas. Subali't, malayo na ang ating nalalakbay. Malayo na upang mag-isa akong bumalik. Ngayo'y itinatanong ko sa iyo: Saan tayo hahantong? Saan mo ako dadalhin?

Katulad ng isang napukaw sa isang malalim na pagkakaidlip ay napatinging muli si Raul sa kausap. Wala na ang tatag ng kahinahunan na dati'y nakalarawan sa mukha ni Didang. May pindong na ng pangamba ang kanyang paningin.

—Kailangang malaman mo, —ang banayad na wika ni Raul. —Hindi ko maiiwan si Carlota.

—Ang ibig mong sabihin marahil ay ako ang kailangang iwan mo? —matigas ang pangungusap ni Didang.

—Hindi ko sinasabi iyon.

—Ako ang magsasabi, kung gayon —ang giit ng babae.

—Nguni't iniibig mo ako, —ang wika ni Raul, —hindi ba?

—Ano ang kinalaman noon sa ating pinag-uusapan?

—Tingnan mo, Didang —at pumihit si Raul sa pagkakaupo. —Kailangang maintindihan mo ako. Kailangang maunawaan mo ang ating katayuan. Si Carlota'y...

—Carlota! Carlota!—pasigaw ang tinig ni Didang na pumutol sa pangungusap ni Raul. —Panay na lamang *Carlota!*

Ang lalaki'y napatindig. Walang kisap ang mga mata sa pagkakatitig kay Didang. Mahigpit ang pagkakatikom ng kamay. Hindi naglipat saglit at isang buntong-hininga ang pinawalan. Si Didang ay nakaupo pa rin. Nakayuko at wala sa loob na pinaglalaruan ang mga daliri.

—***Waiter!***—ang malakas na tawag ni Raul, na ikinataas ng paningin ng babae.

Lumapit ang tinawag at iniabot kay Raul ang kaputol na papel na kinatititikan ng halagang pagbabayaran. Isang lilimahing buo ang iniabot ni Raul.


—***Keep the change*** —ang wika niya, saka tuluy-tuloy na umalis. Lumabas sa restauran na walang lingong-lingod. Naiwan si Didang na walang kibo.

Madilim na ang paligid nang yumapak si Didang sa unang baytang ng kanilang tahanan. Nangakasilip na ang mga bituin. Sa siwang ng mga puno ng kawayan sa kanilang duluhan ay nanunubok na ang buwan. Sa kural ay natanaw na niya si Hukot na tahimik na nanginginain.

Bago niya narating ang huling baytang sa itaas ay nabuksan ang pinto. Isang lalaking may akay na bata ang sumalubong. Nakangiti ang aliwalas na mukha ng lalaki, na wari'y langit na katatapos pa lamang dalawin ng unos.

—Didang, —ang wika ng lalaki. —Sinasabi ko na't mauunahan

(Sundan sa pahina 65)



*Sa Lalong Malubhang*
*Mga Suliranin,*
*Anumang Paratang*
*Ay Dapat Linawin.*



Nang makaraán pa ang isang mahabang sandali, ay nangahas na nilapitan ni Fred ang babaing tila naninimdim.

Nagbigay galang si Fred, nguni't isang malagkit na tingin lamáng ang isinukli sa kanya ng babae. Lalong nanabik si Fred, kaya pagkaraán pa ng ilang saudali ay muling nagsalita.

—Binibini, —muling pakli ni Fred, —hindi po ba kayo natatakot na maglimayon sa pook na ito nang nag-iisa?

Nagsikislap ang mga mata ng babae.

Si Fred ay naghintay ng magiging tugon sa kanyang mga pag-

# Sa Simula NAGWAKAS

KUWENTO NI FILOMENA CAHIGAS

NANLAKI ang mga mata ni tandang Pedro na katiwala ng mga Riva sa kanilang "Villa Riva" sa isang munting bayang kanugnog ng Maynila, nang mabungad-bungaran sa pinto ng malaking tahanan, ang katauhan ni Dr. Alfredo dela Riva.

Natatandaan pa ng matanda na, kamakailan lamang ay sinulatan niya ang binatang manggagamot at binalitaan nang tungkol sa pagkakapatay sa kanyang ama at ina. At, ngayon, walang kabali-balita ay bigla na lamang sumipot ang binatang panginoon na nagbabakasyon sa San Francisco, Kalipornya.

—Fred—ang nausal na lamang ng matanda nang makitang nakatayo sa may pinto ang kanyang binatang panginoon.

—Mang Pedro? —naitanong ng bagong dating habang humahakbang na papalapit sa matandang katiwala.

—Nguni't hindi ka man lamang nagbalita ng iyong pagdating, Fred?

—Pagkatanggap ko ng inyong sulat ay lumulan na ako sa eroplano at umuwi dito.

Ginanap ng matandang katiwala ang kanyang tungkulin sa binatang panginoon. Kinuha ang mga dala-dalahan at saka pinapaghanda ng pagkain.

Pagkatapos makapaghapunan ni Fred, ay muling hinarap ang matanda.

—Paano ang nangyari, mang Pedro? —ang mga mata ng binatang manggagamot ay walang kakurap-kurap na nakatitig sa matanda.

—Kay lungkot gunitain ang mga pangyayari, Fred, nguni't tungkulin mong malaman. —Parang simula ng matanda. —Alam mo, —dugtong matapos makapagbuntong-hininga, —isang lalaking may kagulangan na ang isang gabi ay nakituloy sa tahanan ng iyong mga papa at mama sa Maynila. Ang nakikituloy ay tinanggap naman. Nguni't nang sumunod na araw, ay natagpuan na lamang na mga bangkay na ang iyong papa at mama.

—Sino po ba ang pumatay?

—Ewan ko.

—At, ano po ang sanhi ng pagpatay ng mga buhong na iyon?

—Sang-ayon sa mga pagsisiyasat, ay lumilitaw na pagnanakaw, sapagka't ang lahat halos ng mga alahas ng iyong mga magulang, kasama na ang terno ng mga alahas ng Reyna Isabel, ay nawawala.

—Mang Pedro, kung magkakaroon lamang ako ng pagkakataong madantayan ng mga kamay ko ang kriminal na iyon...

—Maghunos-dili ka, Fred. Ipaubaya na lamang natin sa Diyos ang bagay na ito.

—Kinabukasan, si Fred ay nagtungo sa libingan ng kanyang papa at mama. Apat na kandila ang itinulos niya sa dalawang puntod na iyon na siya na yatang hantungan ng lahat ng kaligayahan sa buhay ng ating binatang manggagamot.

Isang gabi, samantalang nagpapasyal si Fred sa baybayin ng look ng Maynila upang makasagap ng dalisay na simoy ng hanging nagmumula sa laot, ay nakakita siya ng isang awto na unti-unting papalapit sa pook na kanyang kinaroroonan. Nang nakahinto na ang sasakyan ay isang babae ang nanaog. Sa damit ng babae at sa mga kilos nito, ay napansin ni Fred na naghahari sa puso ng babaing iyon ang di masayod na pamamanglaw.

Nakita ni Fred na humanap ng isang malapad na bato ang babae at nang makatagpo ay umupo at saka tumanaw sa malayo. Matágal ding sinulyap-sulyapan ni Fred ang babaing iyon habang nakakaramdám siya ng mabilis na pagtahip ng kanyang dibdib.

tatanong, nguni't nanatiling hindi umiimik ang babae.

—Siyanga pala, Binibini, —dugtong pa ni Fred nang hindi siya pinag-uukulan ng anomang katagá ng babae, —tila nagkulang ako sa inyo. Ako po ay si Dr. Alfredo de la Riva, ang inyong bagong lingkod.

Marahang ikinilos ng babae ang kanyang ulo at saka sinulyapan si Fred.

—Malalim na ang gabi, binibini, hindi ba kayo natatakot na mag-isa sa pook na ito?

—Bakit, may dapat ba akong katakutan? —patanong ding sagot ng babae. —Kayo ba'y mabait na tao... at mapagkakatiwalaán?

Napangiti nang bahagya si Fred at saka marahang tumugon.

—Nakahanda po akong tumulong lalo na't sa isang tulad ninyong mangangailangan ng pagdamay.

—Isa kang bago dito? —naitanong naman ng babae kay Fred.

—Opo, kararating ko pa lamang buhat sa Estados Unidos.

—Kung gayo'y hindi ako magtatakáng di mo ako makilala. Dito ay kilala ako ng lahat. Nasukat ko sa mga kilos mo at pananalita na isa kang maginoo. Ginoo, hindi ko gustong magkaroon ka ng isang kakilalang nila

lait, dinudusta ng balana at dalagáng may malungkot na lumipas.

Nagsikislap ang mga mata ni Fred nang marinig niya ang katagang "dalagá" sa mga labi ng babaing iyon. Napag-isip-isip niyá tuloy na ang babaing kaharap ay walang asawá.

Marahang nagtindig ang babae at saka...

—Diyan ka na...

—Nguni't...Miss... —pigil ni Fred.

—Ibig mo pa bang ako'y pakilala sa iyo upang pagkatapos ay tawanan lamang?

—Hindi sa gayon...ibig ko lamáng sabihing ang kahapon ng isang nilikha ay patay na at hindi na magbabalik kailán man.

Hindi rin napigil ang babae. Nguni't nang unti-unti nang umuusad ang auto ng babaing iyon ay tinandaán ni Fred ang bilang ng sasakyán. Sa unang oras ng umagá ay ipinagtanong kung sino ang may-ari ng sasakyang iyon at nalaman niyang ang nag-áari ng awtomobil ay isang babaing tumutugon sa pangalang ELEONOR ROLDAN na naninirahan sa Quezon City. Nang araw ding iyon ay pinaronan niya iyon at natagpuan naman pagdaka.

—Eleonor, ikaw lamang bang nag-iisa dito? —naitanong ni Fred.

—Ako lamang, sapagka't patay na ang aking mga magulang.

—Kung gayon, sila ang iyong ipinagluluksa?

—Sila nga...nguni't mayron pa akong ipinagluluksa.

—Sino, Leonor?

—Si ELEONOR ROLDAN.

—Eleonor, huwag kang sanang baliw. Huwag mo sanang sayangin ang mga pagkakataong darating sa iyong buhay.

—Para sa akin, ang lahat ay patay na, Fred!

—Eleonor, ikaw ang sumusugat sa iyong puso...

—Oo, sapagka't ang pusong iyan ay sinugatan na ng marami.

—Eleonor, naparito ako upang maghandog sa iyo ng aking...

—Fred...

—Oo, Leonor, naparito ako upang ihain sa mga bakas ng iyong yapak ang aking pangalan at pag-ibig.

—Nang upang tawanan mo ako at libakin lamáng pagkatapos?

—Eleonor, kailangan pa bang ang puso ko ang magtapat sa iyo?

—Fred, nasabi ko na sa iyong isa akong babaing may malungkot na kahapon...

—Sinabi ko na sa iyong ang kahapon ay patay na at hindi na magbabalik...

—Nguni't ang mga alaala ng kahapong iyon ay mga aninong usig at manunumbat.

—Hindi, Eleonor...

At, ilan pang panahon, ang dalawá ay nagkaunawaán na. Isang araw, si Eleonor ay ipinasyal sa "Villa Riva." Naging bughaw sa dalawa ang lahat ng tanawin sa boong panáhon ng paglalagi nila sa "Villa Riva."

—Eleonor, ang tahanang ito ay siyang magiging pugad ng pagibig sa oras na ikaw ay maihatid ko na sa paánan ng dambana.

—Fred, kay buti-buti mo at dakila ang iyong puso.

Gayon na lamang ang tuwa ng matandang si mang Pedro nang makitáng tila naáaliw si Fred at nalilimutan na tuloy ang nangyari sa kanyang mga magulang. Kung hindi pa dumating sa buhay ni Fred ang katauhan ni Eleonor, **ay hindi pa mawawaglit sa kanyáng alaala ang malungkot na sakunang sinapit ng kanyang papa at máma.** ... ... ...... ... ...

..**Mga ilang panahon pa at dumating na ang kasal ng dalawa.** Si Eleonor ay bihis na ng kanyang **trahe de boda nang dumating si** Fred upang ihatid siya sa dambana. Nguni't biglang nanghilakbot ang binata nang makitang suut ni Eleonor ang terno ng mga alahas ng Reyna Isabel na sinasabing ninakaw nang patayin ang mga magulang ni Fred.

—Saán mo kinuha ang mga alahas na iyan? —usig ni Fred kay Eleonor.

Hindi agad nakasagot ang babae, kaya sa matinding pagkapoot ni Fred ay nilapitan si Eleonor upang sakalin. Si mang Pedro ay biglang lumapit at namagitan.

—Maghunos-dili, ka Fred, —wika ng matanda.

—Nguni't may kinalaman siya sa pagkamátay ng aking papa at mama, —matigas na turing ni Fred.

—Fred, hindi ko nauuhawaán ang iyong pinagsasabi, —agaw naman ng babae.

—Fred, —muling hadlang ni mang Pedro, —bayaan mong ako ang magpaliwanag.

Hinubad ni Eleonor ang mga alahas at saka iniaabot kay Fred.

—Fred, kunin mo ito, kung ito ang nagiging dahilan ng ibig mong gawing pagtatalo-sira natin.

—Bayaan ninyo akong magpaliwanag, —pakli pa ng matanda at saká hinarap ang binata, —Fred, ako ang nagbigay ng mga alahas na iyon kay Eleonor.

—Kung gayon, kayo ang susi ng krimen ng pagkakapatay sa mga magulang ko?

—Hindi Fred, ang pumatay sa kanilá ay nagdusa na sa silya ng kamatayán. Sadyang ipinaglihim ko sa iyo ang gayon sapagka't kilala ko ang kapusukan ng iyong loob. Kung malalaman mo ang salarin ay hindi malayong pinuntahan mo sa Munting Lupa upang singilin iyon sa iyong mga kamay, —huminga ang matanda at saka nagpatuloy. —Fred, ibinigay ko ang mga alahas na iyon kay Eleonor, sapagka't nalalaman kong iyon ang gusto ng iyong mama noong siya'y nabubuhay pa. Narinig kong madalas niyang sabihin noon na, ang mga hiyas na iyon ay dapat mong ihandog sa babaing ihahatid mo sa dambana ng pag-ibig.

Natatapos sa pagsasalita ang matanda, ay unti-unting nagsasalubong naman ang mga mata nina Eleonor at ni Fred. May mga luhang ibig magsipamuo sa dalawáng sulok ng mga mata ng dalaga at tumatahip naman sa kaligayáhan ang dibdib ni Fred.

—Eleonor...

**—Fred...**

Marahang tumalikod si mang Pedro nang makita niyang unti-unting ibinibilanggo ni Fred sa kanyang mga bisig ang tila sutlang katawan ni Eleonor.

WAKAS





# "Ang Anak ng Kapitan"

Nobela ni TEOFILO E. SAUCO

(Ika-14 na Labas)

## IX PAKIKIALAM NI PADRE SANTUXI

PAGKATAPOS ng misa, isang araw ng linggo, at makapagmano sa Kura ang mga Pinuno sa bayan, kasama na rito ang mga kabisa at mga tininti sa bawa't nayon, gawaing iniutos at ipinatutungkol ng Kura, ay naiwang nag-uusap sa isang silid ng kumbento ang Kura at ang katiwala ng Asyenda na si Don Benigno Villaroman.

—Mayroon akong dapat na isangguni sa inyo, Padre, —simula ni Don Benigno.

—Ukol sa Asyenda?

—Ukol sa karaingan ng ating mga inkilino. Nakikiusap silang sa taong ito'y kalahati na lamang ng dating ibinubuwis ang kanilang babayaran, pagka't natuyot ang pananim, hindi sila nag-aning mabuti gaya noong nakararaang mga taon.

—No, no, Señor, —ang pakastila nang sagot ng Kura samantalang nangdidilat ang mga mata, —hindi mangyayari ang gayon, kailangang sila'y magbayad ng gaya ng dati, walang patawad.

—Kung wala silang ikahusto ng buwis, Padre?

—Puwes, ilitin ang anumang hayop na makukuha sa kanila, kaya nang siya'y umuuwi buhat ng Pagamutan ng San Juan de Dios, lalo na kayong siyang Tagapangasiwa, kailan ma'y nakukulangan ang kanilang tatanggapin; maraming paggugulan ang Hospital. Kaya, huwag kang papayag, Don Benigno.

—Nguni, Padre, kung kukunin nating lahat ang kaunti nilang inani, saan sila kukuha ng kakanin sa boong santaon? —may pagkahabag na pahayag ni Don Benigno.

—Magsikap silang magtanim ng mais, kamote at ibang tanimin na makukunan ng pagkain; wala akong magagawa, wala tayong ipagpapaluwal sa kanilang mga sagutin.

—Kung gayon, Padre...

—Kung gayon, Don Benigno, kailangang sabihan ninyo sila na magbayad na paris din ng dati; kung kukulangin, magbibigay silá ng kalabaw o baka o anumang hayop na makakatimbang ng halaga nilang ipagkukulang.

Aalis na lamang ang tagapangasiwa ng asyenda nang maalaala niya ang isang bagay na dapat na itanong pa sa kura.

—Kung aayaw magbayad ng husto ang mga inkilino, ano ang dapat nating gawin?

—Ipabilanggo, —nanlilisik ang mata ng kura sa pagbigkas ng salitang iyon, —at isubasta ang kanilang binubuwisang lupa, —dugtong pa.

Hindi maikakait ni Don Benigno na taglay niya sa puso, kahit na bahagya ang habag kristiyano, Sasagutin natin sa Pangasiwaán sa kumbento ay magaganap ang matinding kabalisahan ng kanyang budhi. Nahahabag siya sa mga inkilinong hindi makakabayad. Ipabilanggo? Ilang libong inkilino ang hindi makabayad? May piitan ba sa San Rafael na sukat pagbilangguan sa mga iyon? Mga katanungang sumusugat sa kaisipan ng Tagapangasiwa ng asyenda hanggang sa siya'y makasapit sa bahay.

Kinahapunan noong araw na iyon ay dumalaw ang Kura sa Kápitan, hindi lamang upang sasabihin ang ukol sa kanyang tagubilin sa Tagapangasiwa ng asyenda, kundi makausap si Donya Marina at si Margarita. Nguni, papasok pa lamang ang Kura sa pintuan sa silong ng malaking bahay na bato ni Don Gumersindo ay siyang pagkasalubong kay Don Antonio buhat sa itaas.

—Ah, Don Antonio, —tila patakang saád ng Kura na kasabay ng pagbibigay ng magandang hapon ng batsilyer.

—Ako nga, Padre Santuxi.

—Dumalaw kayo kay Margarita? Kay Donya Marina o kay Don Gumersindo?

Kalabisang pag-uusisa ng Kura, nguni, hindi pinansin ng batsilyer at magalang na tumugon.

—Ako'y pinaanyayahan ni Donya Marina.

—Para ano?

—Padre Kura, tila si Donya Marina ang dapat na tumugon sa inyo; nariyan sila sa itaas, at paalam sa inyo Padre Kura, —madiin nang bahagya ang pagkakabigkas ng batsilyer ng kanyang mga pangungusap.

Umalis nang tuluyan si Don Antonio na may bahagyang pagkamuhi sa Kura, samantalang ito nama'y nagtuloy sa itaas.

Kasalukuyan noong tumutugtog sa piyano si Margarita at si Donya Marina nama'y nakikipaglaro ng sungka kay Rosa. Nahinto sa pakikipaglaro si Donya Marina at sumalubong sa Kura, at humalik ng kamay na sinundan naman ni Rosa. Ito'y nagtuloy sa loob ng silid ni Marina upang ipagpatuloy ang kanyang pagbuburda sa kamay ng babaruing yari sa himaymay ng piña, na isusuot sa pag-aanak sa binyag ni Margarita sa linggong darating.

—Maupo kayo, Padre Kura, —anyaya ni Donya Marina.

—Nasaan si Margarita?

—Tumutugtog sa piyano, Padre, hindi ba ninyo naririnig ang maganda niyang tugtugin?

Lumapit ang Kura kay Margarita na pumapalakpak.

—Magnifico! Kahangahanga ang iyong pagtipa sa piyano, Margarita!

Nagulat ang dalaga at biglang nahinto sa pagtugtog.

—Ah, ang Padre Kura; nariyan ang Mama, nakita na ba ninyo siya?

—Sinalubong niya ako sa aking pagdating; nguni, ako'y nabighani sa kagandahan ng iyong tinutugtog.

—Salamat, Padre, sa lagi ninyong pagpapaunlak sa akin.

—Nararapat sa iyo, Margarita ang lalong mataas na pagtuturing ng sinuman. Nguni, maalaala ko linggo ngayon, maganda ang panahon, bakit tila hindi ka magpapasyal, Margarita? —usisa ng Kura.

Siyang paglapit noon ni Donya Marina kaya siya na ang nakatugon sa Kura.

—Hindi pa po natatapos na pi

tahan ang karwahe; alam naman ninyong malaki ang inabot na kasiraan, kaya matagal namang ginawa upang 'sauli sa dating kalagayan.

—Siya nga po, Padre; at kung ako'y magpapasyal na nakasakay sa karwahe, hindi ko ibig na abayan ni Kapitan Indalecio, — sabad naman ni Margarita.

*Kung Minsan Ang Nag-aanyong Alagad Ng Kabanalan, —Ay Siya Pang Lumalabag Sa Matandang Mga Asal*

—Aba, bakit naman, wala naman siyang masamang hangad sa pagsama; ipinalalagay niya kaipalang isang karangalan ang pag-abay sa iyo.

—Maski na po; napakalupit niyang lubha; kundi niya hinagupit ng palo ang isang magbubukid na kanyang pinatatabi sa daán, hindi sana nangyari ang aking naging kapahamakan.

Sasagot pa sana ang Kura, nguni, naramdaman agad ni Donya Marina na ang tunguhin ng pagsasalita ni Margarita'y ibulalas ang hinanakit at pagsisi kay Kapitan Indalecio, kaya inagaw na ang pakikitungo sa Kura at nagsalita.

—Kagagaling lamang dito ni Don Antonio, padre Kura. Ipinatawag ko upang siya'y pasalamatan dahil sa kanyang ginawang madaliang pagkasaklolo kay Margarita noong ito'y mapahamak.

Samantalang nagsasalita ang Ina, si Margarita nama'y nasok sa kanyang silid at patuloy na tinunghayan ang "Abelardo y Eloisa", isang nobelang kastila na inihandog sa kanya ni Don Antonio, kaya nagkasarilinan ng pag-uusap ang Kura at si Donya Marina.

—Tama ang iyong ginawa, Donya Marina, nguni, ingatan lamang ang kayo'y makatalikan ng binatang iyan. Siya'y mapanganib!

—Mapanganib, Padre? Bah, bakit po?

—Maaaring siya'y lumigaw kay Margarita, gaya ng nababalitaan ko, bagay na hindi dapat ninyong bayaáng lumala ang kanyang mapag-imbot na hangarin.

—Padre, si Don Antonio ay isang ganap na ginoo. Huwag mangahulugang kung may hangarin man siya kay Margarita'y sumasang-ayon ako, subali, hindi ako sukat makialam sa suliranin

*(Sundan sa pahina 32)*



# "Musikong Bumbong"



NOBELA NI

**Dr. FAUSTO J. GALAURAN**

(Ika-4 na Labas)

GAYON na lamang ang galit ni Rita samantalang naliligo. Habang buhos nang buhos ng tubig ay walang pahinga naman ang bunganga ng kasasalita. Hayan ang sabihing atrasadong masyado ang nayong ito, hayan ang sabihing walang sibilizadong sinuman, kulang sa... sa... edukasyon at iba pa. Si Berto naman ay sumalagmak na sa batalan, humilig sa dingding at saka nagpikit ng mata. Sanay na sanay na siya kay Rita. Buhat nang ito'y lumaki at maging dalaga ay naging matabil ang bibig. Ibinabatay na lahat sa kanyang nakita sa Maynila ang mga namamalas sa nayon at kung hindi siya masiyahan ay saka sasabayan ng kung anu-anong salitang humahamak sa kanilang maliit na pook.

—Berto... Berto...—ang tawag.

—Ano na naman, senyorita?—tindig ni Berto at akmang papasok sa paliguan.

—Aba ang saragateng ito, bakit ka papasok dito?

—Akala ko'y tinatawag ninyo ako...

—Oo nga, tinatawag kita. Pero hindi pinalalapit. Abutan mo ako ng kumot.

—Matutulog ba kayo riyan?

—Hindi, naku... kay torpe... Itatakip ko sa katawan ko. Wala akong dalang bata rito.

—Ngayon din... —at mabilis na nagtungo ang binata sa silid. Hindi naman siya natagalan sapagka't narinig pala ng ina ang hiling ng kanilang dalagang panauhin kaya't nagpauna na itong pumasok sa silid at kumuha ng isang bagong plantsang kumot na puti.



—Heto, iabot mo agad—ang anas ng ina. —Baka iyon ay nagiginaw nang mabuti.

—Magiginaw po ba iyon?...—ungol ni Berto. —Hindi ba ninyo napapansing ang bibig ay parang tsimeneang nag-aapoy?

—Sukat na ang pagbibiro sa senyorita mo. —payo ng ina. —Baka tuluyan nang magalit iyon...

—Narito po ang kumot...—ang wika ni Berto nang lumapit sa paliguan.

—Dito mo iabot sa akin... dito sa pinto. Hoy... huwag kang titingin... Lingon sa kabila...

—Opo... Maduduling pa ako nito eh...

Dali-daling tinapis ni Rita ang kumot at ang dulo'y isinampay sa kanyang balikat.

—Ang lusyon...

—Ano ho?...

—Lusyon... iyong aking pabango. Kunin mo sa aking maleta.

—Opo... —at tinungo ang maleta. —Ito hu bang amuy ipis?...

—Hindi... Iyong mabango... Dali ka.

—Kay hirap ng buhay na ito... —ang daing at saka iniabot sa dalaga ang kailangan.

—Pulbos!...

—Pulbos daw!... Bueno, heto po...

—Akina... —at saka binuksan ang pinto ng paliguan. —Hoy... ano ba ang tinitingnan mo?

—Wala ho... Nagagandahan lang ako sa... sa... inyong... mukha.

—Huwag ka ngang titingin-tingin ng ganyan... —ang irap ni Rita at mabilis na pumasok sa silid.

—Ay salamat, —ang pabuntong hininga ni Aling Maria. —tapus na rin yata ng pagpaligo ang senyorita mo.

—Sa awa ho ng Diyos... —at naupong muli sa lapag ang binata.

—Ikaw, Berto, ay magdahandahan sa pagsagot-sagot sa batang iyan. Baka magalit iyan ng tuluyan ay magsumbong sa kanyang ama. Alalahanin mo ang mabuting pagpapalagay sa atin ni Don Silvestre at hindi mo dapat dulutan ng sama ng loob ang kaisa-isa niyang anak.

—Aba, heto nga ho at para akong kalakuwerda sa kasusunod sa kanya ah... Daig ko pa ang isang alipin...

—Pasensya na, anak...



Hindi pa man sila nakapagtagal ng pag-uusap ay isang malakas na sigaw ang kanilang narinig sa loob ng silid ni Rita. Da-

***Ang Binata'y Nahahaling Sa Kariktan Ng Lumipas, Ang Sandigan Ng Dalaga'y Maunlad Ng Ngayo't Bukas.***

li-daling nagtatakbo si Aling Maria na kasunod si Berto at pinasok ang dalagang nagbibihis.

—Bakit, ano ang nangyari, Aling Rita? —ang pahingal na usisa ng matanda.

—Ano bang klaseng salamin ito... Hindi na ba ninyo napapalitan?

—Bakit ho? —tanong ni Berto.

—Tingnan mo ang mukha ko sa salamin? Mahaba at

*(Sundan sa pahina 34)*

# Ilaw ng Aking mga Mata

(Ika-30 Labas)

TALAGANG mga tunggak kayo... hindi ninyo ginagamit ang isip... —singhal ni Tommy. —Ang sulat ko ay ipadadala natin sa isang bata na hindi natin kakilala upang kung sakali't madakip ay walang maaaring ituro.

—Talagang pambihira ang utak mo, Tsip... —sabi ni Bisaya.

—Pero huwag ninyong kalilimutan ang ating kasunduan...—sunod pa ni Tommy, —malaking bahagi ang tatanggapin ni Tony pagka't kanyang "tip" ito.

—Sigi-sige lang amo...basta't gud-tsaw lamang tayo ay pasa nang lahát, —sang-ayon ni Bisaya.

—All right... ngayon din ay susulat ako. Sasabihin ko na Cash ang ating kailangan, huwag silang magsusumbong sa hustisya pagka't papatayin natin ang batá at hanggáng bukas ng hapon ko kailangán ang kuwalta.

—E, sino Tsip, ang kukuha sa kanila ng kuwalta? —pagtatanong ni Maneng.

—Huwag kang mag-usisa at ako ang bahala... hala, magsialis na kayo nang huwag akong maabálà sa pagsulat. Ako na ang bahalang humanap ng batáng mautusan.

—Aalis na ba kami, Tommy?—ang tila ayaw pang maniwalang pagtatanong ni Tony.

—Oo. Si Bisaya lamang ang maiwan at siyáng magtatanod sa bata.

Hindi naman nagluwat at isaisáng nagsilisan ang mga tauhan ni Tommy at si Bisaya ay lumabás sa silid at sa tabi ng durungawan ay sumandig sa silya upang bantayán ang anák ng manggagamot.

---

Samantalang binubuo ni Tommy ang liham ay ganyan na lamang ang ligalig ng lahat duon sa tahanán ni Lulu. Ang malawak na halamanán ay sinaliksik



### *Sa Panahong Ito Ngayon Ang Taong Mapaminsala Ay Siya Pang Naghihintay Ng Malaking Gantimpala.*

ng mga utusan at ang buong kabahayan ay pinagtulungan naman ni Pasing at ni don Aunariong tingnan kung saán maáaring makita si Lulu.

—Pero por Diyos, Dolores...— ang naghihinagpis at kinakabahang paninisi ni Pasing sa tagapag-alaga ng kanyang anak,—di yata't hindi mo masabi kung saan naparuon si Baby? Saan ka naruon? Ano ang ginawa mo?

—Nakita ko pong naglalaro sila ng mga pulubi at pinalalakad pa nila ang aso.

—E bakit hindi mo nakita kung saan napatungo?—nanlilisik ang mga matang sambot ni don Aunario.

—Mangyari po'y inihanda ko ang kahelada ni Baby.

—Tiningnan na ba ninyo ang garahe at iba pang sulok ng hardin?

—Opo, talaga pong wala si Baby.

—Pag nagkataong nawala ang apo ko ay babarilin ko kayong lahat.

—Baka naman ipinagsama ng mga pulubi... hindi mo ba nakita Dolores?—sambot ni Pasing.

—Aywan ko po, senyora... bukas nga po ang pinto ng hardin e...

—Kung talagang isinama ng mga pulubi ang apo ko ay makikita nila... hindi ko na sila papapasukin dito at sasaktan ko pa sila. Hala Dolores... tawagin mong lahat ang mga mutsatso at tingnan ninyo sa kalye.

—Opo.

—Papa... tatawagin ko sa klinika si Alejandro at pauuwiin ko, —sabi ni Pasing.

—Mabuti nga, iha.

---

Hindi kinailangan ni Dr. Álejandro de Leon ang mahabang oras upang liparin ang kanilang tahanan. Nang ibalita sa kanya ni Pasing ang pagkawala ng kanilang anak, ay parang binayo ang kanyang dibdib at sandali ring nangalog ang kanyang tuhod. Nag-iisa ang kanilang anak, mutyang-mutya si Lulu kaya nang marinig sa teleponong humihikbi pa sa pagbabalita ang kabiyak ng kanyang dibdib ay patakbong sumakay sa automobil.

—Tatay... ano po ang nangyari? Natagpuan na po ba si Baby?—humahangos na usisa ni Dr. de Leon nang masagupa ang kanyang ama sa may hagdanan.

—Hindi pa nga. Kung saansaan na namin ipinahanap nguni't hindi rin nakita.

—Si Pasing po?

—Naruon sa kanyang silid at iyak nang iyak.

Dumaragasang nakyat ang manggagamot at nagtuloy sa silid ng kanyang maybahay. Nakita niyang nakasubsob sa kama si Pasing at nananangis.

—Pasing...

—Dali-daling humarap si Pasing nang marinig ang tinig ng kanyang asawa. Nagtindig siya at saka buong higpit na yumakap.

—Andoy... nawala ang ating anak...—ang sabi ni Pasing.

—Lakasan mo ang loob mo... huwag kang manangis. Sasaan ba't di makikita rin si Baby. Napaligaw lamang marahil ng daan ang bata kaya hindi nakauwi.

—E ano ngayon ang gagawin natin?

—Tatawag ako sa himpilan ng mga pulis upang ipahanap ang ating anak. Walang salang matatagpuan nila sa lansangan si Baby.

Siyang pagpasok sa silid ni don Aunario at nang marinig ang sinabi ng kanyang anak ay agad sumabad:

—Marahil nga ay ipinagsama si Baby ng kanyang mga kaibigang pulubi

—Kundanga'y pinapasok-pasok ninyo rito ang mga pulubing iyan e... natuto tuloy lumayo si Baby.

—Oo nga... talagang naisip ko ngayon ang aking pagkakamali, —sunggab ni Pasing, —maaaring niyaya nga ng mga pulubi ang ating anak at dahil sa katuwaan sa aso ay sumama naman.

—Si Dolores at ang mga walang hiyang pulubi ay dapat baril'n!—nagtitiim ang mga bagang na sabi ni don Aunario.

—Siyang tunay, papa.—sangayon ni Pasing, —kung hindi pinabayaan ni Dolores ay hindi maaaring sumama si Baby yayain man ng mga pulubi.

Naghinagpis muna ang manggagamot at saka buong lakas ng tinig na tumawag:

—DOLORES!...

Walang ano-ano ay isang utusang babae ang nasok sa silid.

—Saan naruon si Dolores? - nandidilat ang mga matang usisa ng doktor sa utusang humarap sa kanya.

—Naruon po sa ibaba.

—E bakit ikaw ang naparito?

—Dahil po rito...—at isang liham ang ipinakita ng utusan sa manggagamot, —may nagpapabigay po sa inyo.

—Sino ang nagbigay?

—Isa pong batang lalaki at umalis nang maiabot sa akin ang sulat.

Inabot ng manggagamot ang liham na hawak ng utusan at talaga sanang bubuksan na ang sobre upang malaman ang nilalaman. Nguni't napaudlot ang doktor. Hindi niya malaman kung bakit biglang kumaba ang kanyang dibdib. Napatitig siya sa kanyang asawa't magulang na nuo'y nagmamasid sa kanyang gagawing pagbasa.

—Bakit, Andoy? —ang sa buong pagtataka ay usisa ni Pasing.

—Wala... nguni't...

—Anong nguni't, iho? —ang katlo ni don Aunario.


Hindi na nagsalita ang manggagamot. Kung tunay mang parang binabayo ang kanyang dibdib at sa isip niya'y iba't ibang palagay ang nabuo, ay binuksan

*(Sundan sa pahina 33)*



**Nobela ni TEODORO VIRREY**

# Ang Sumpa...!



NOBELA NI
**Dr. FAUSTO J. GALAURAN**

***Sa Buhay Ng Manggagamot,
Ay Malimit Na Maganap
Ang Maraming Pangyayaring
Di-abot Ng Kuro't Hagap.***

(Ika 15 Labas)

ANG MASAKIT na sinabi ni Crispin ay tila dinamdam ni Cristina. Nguni't ang matandang propesor ay napangiti lamang sa sarili. May katuwiran at may dahilan nga si Crispin na magsalita ng gayon, sapagka't nahalatang-halata ang kanyang pagkayamot at pagkamuhi sa lalaking mahiwaga na kung magsalita at kumilos ay tila isang nag-uutos, tila isang makapangyarihang panginoon.

Kaya't sa loob ng sasakyan, samantalang sila'y pabalik sa ospital ay hindi na nakapagtimpi si Crispin. Naibulalas din niya ang sama ng loob.

—Para sa anin, —ang pagtatanggol naman ni Cristina, —ay wala akong makitang dapat ikabahala kay Andy. Bakit kayo labis na nababalisa sa panghihimasok sa kanyang kalagayan...? Kung hindi siya ang nasawi at iba, bakit kayo magpupumilit...? Di salamat na nga at hindi siya...

—Hindi mo kami nauunawaan, Cristina... —ang giit ni Crispin. —Ang aming nais na ipagtanggol ay ang aming paniniwala, hindi ang hangad na siya'y pagpumilitan. Hindi mo ba narinig ang kanyang parunggit sa harap ng iyong ama at ng mga maginoong kasama natin kangina? Akala raw niya ay may hustong gulang na tayo at kaisipan upang sapantahaing siya ang nabaril gayong siya ay kaharap natin... Hindi ba isang insulto iyan?

—Nguni't bakit nga naman ninyo pinipilit na siya gayong kaharap natin at kausap. Kung siya ang iyong inopera, ano't makalalakad siyang halos katulad ng isang walang karamdaman?

—Iyan nga ang nais naming siyasatin, Cristina. Bakit?... Higit sa lahat, ako ang lumalabas na alanganin. Ako'y may inopera, tinistis ko, inilagay ko sa isang maputing silid, binantayan, at pagkatapos ay... pung... nawalang parang bula.

Napangiti tuloy ang matanda sa pakikinig sa dalawang nag-uusap. Pailing na pinitik ang abo ng kanyang tabako at saka bumuntong hininga.

—Kung susundin nga naman ang sadyang kalakaran ng panggagamutan, Crispin, ay lalabas na kakatuwa ang ating ipilit na siya nga ang lalaking napahamak. Saang lupalop sa sandaigdig nakakita ka ng isang malubha, gutay ang himaymay ng puso, patawirin, na pagkatapos ng anim na oras ay makita mong nakatayo, malakas, walang bakas ng anumang karamdaman? Gunigunihin na lamang ay masasabi mong hindi mangyayari. Datapuwa't ang nasa isip ko'y ang sinabi ng doktor na iyan kay Cristina. Maraming mga bagay na nangyayari sa ibabaw ng lupa na hindi naaarok ng lihim at karunungan ng sinumang nilalang.

—Ang ibig mong sabihin papa ay...

—Mga anak, nasa Pilipinas ngayon ang isang taong mahiwaga... Ang kanyang kahiwagaan ay mahirap na ihanap ng lutas at masasabing hindi kayang tarukin ng isip ng tao... Alin sa dalawa, siya ang nabaril, na-opera, at tumakas sa ospital sa bisa ng isang makapangyarihang lakas o magnetismo at siya ring gumamot sa kanyang sarili ng isang karunungang siya lamang ang nakakaalam, o kaya'y talagang hindi siya at ibang tao ang nasawi at nakamukha lamang niya...? Ang una ay mahirap paniwalaan at kung pilitin man nating paniwalaan ay kailangang maniwala tayo sa kababalaghan, sa milagro, o kaya'y sa pag-aakalang siya'y... hindi nga tao.

—Pinalalaki ninyo ang sunog, —papiksi tuloy ni Cristina na naupo pang mabuti sa likmuan. —Iyan ang hirap sa inyo. Isang bagay na walang kakuwenta-kuwenta ay pinagkakaabalahán ng inyong pag-iisip. Sino naman ang maniniwala sa milagro? Ang masasabi ko'y napagkamalan siya, hindi siya, hindi siya ang iyong inopera Crispin, at tapus ang kuwento.

—At ang damit...? Ang damit na basa at tigmak ng dugo?...

Hindi na siya nasagot ng alin man sa mag-ama sapagka't nasa harap na sila ng pagamutan. Bumaba si Crispin at talagang aanyayahan sana ang mag-ama nguni't nagpauna na si Doktor Mendoza sa pagsasabing siya'y kailangan nang umuwi upang maghanda sa pagtungo sa klase ng kanyang mga tinuturuan.

Ang mahiwagang nangyari sa loob ng ospital ay di naman ikinalat ng mga pahayagan. Ang mga reporter na nagtungo sa pagamutan upang kumuha ng balita ay nakatagpo ng mga kawaning ayaw magsalita ng anuman. Ang pulisya ay gayun din. Sapagka't wala ang nabaril, walá namang nagsasakdal, at walang makuhang hustong ulat, ay nagkikibit lamang ng balikat sa mga kinatawan ng pahayagáng nagtatanong...

—Ang ibig ninyong sabihin, —ang giit pa ng isang reporter, —ay hindi tutoo ang balitang may nabaril sa tahanan ni Doktor Andador del Mundo, at tinistis sa ospital?

—Bakit hindi kayo magtanong sa ospital? —payamot tuloy ng pinuno ng pulisya. —Ang tutoo'y sinabi nilang mayroon silang inopera sa buong magdamag na isang taong patawirin dahil sa tinamaán ng punglo sa puso, nguni't nang aking siyasatin ay wala daw...

—Baka kaya sila nananaginip lamang o ang maninistis na iyan ay nagpapasikat lamang?

—Sapagka't walang ulat, walang taong inopera, walang makuhang tala maliban sa itinitik ng nars sa sala de operasyon, paano tayo makapaniniwala?

—Aba, ngayon lamang tayo nakarinig ng ganyan? Ang ospital namang iyan ay kilala at di maáaring magsinungaling o magpasikat pa... At sa mga narses, ano po ang inyong nakuhang ulat?

—Ang sabi ng pinunong nars ay wala silang masabi, sukat ang nawala ang maysakit...

—Tsip, —ang sabad ng isang reporter na kaharap. —Mag-ingat kayo. Baka iyan ay isang krimen...

—Krimen?. . .—pataas-kilay pang tanong ng pinuno ng pulisya.

—Nawala ang inopera... Hindi kaya namatay sa operasyon dahil sa kapabayaan o nagkaroon ng di mabuting pagtistis? At upang matakpan ang kamalian ng ospital na iyan ay itinago nila ang bangkay. Kailangan ang isang pagsisiyasat, Tsip...

Matagal na hindi nakakibo ang kaharap na pinuno... Nakagat tuloy ang puno ng tabakong hinihitit at saka napalingon sa reporter na bumanggit ng alalahaning yaon.

Magawa kaya ng mga siruhano ang gayon?... Si Doktor Crispin Miresol ay isang bantog na maninistis sa ospital. At kung sakaling namatay sa operasyon, ano ang pananagutan ng tumistis? Ito'y agaw-buhay na sa tama

*(Sundan sa pahina 63)*



# NAMATAY na Birhen

## Nobela ni HILARIA LABOG

(Ika-7 Labas)

ANG PALIGSAHAN

HINDI KO akalain! —nalulumbay na nasabi ni Nora, nang umagang dumating si Edmundo upang sunduin ang mag-iina. —Maniniwala ka ba kung sabihin ko sa iyong hindi kami makasasama, dahil sa nagkasakit ang Nanay?

—Anooo? —malakas na tanong ng binata. —May sakit?

—Oo, nariyan siya sa silid at kagabi pa nilalagnat.

Kung bumagsak man sa ulo ni Edmundo ang isang mabigat na bato, hindi pa marahil siya magugulat, hindi matatakot na katulad nang pagkagulat niya ngayon na mabatid na hindi makasasama ang mag-iina, dahil sa pagkakasakit ng matanda.

—Tingnan natin, kung ano ang kanyang sakit! —ang kanya na lamang naimungkahi.

Naunang pumasok sa silid ay si Silvia. Sumunod si Edmundo at sa likuran ay matamlay na humahakbang si Nora. Pagdating sa loob ng silid, naupo si Edmundo sa gilid ng katreng hinihigaan ng matanda. Dahandahan niyang hinipo ang isang kamay nito at pinakiramdaman ang pulso. Nagising ang matanda at idinilat ang mga mata.

—Edmundo! —ang mahinang wika. —Ikaw na sana ang bahala, anak.. hindi ako makasasama, sapagka't mabigat ang aking katawan!

—Huwag kayong mag-alaala... —ang magiliw namang sagot ni Edmundo, —mapapawi ang bigat na iyan ng inyong katawan.

Nagsinungaling si Edmundo sa matanda. Ang totoo, nalalaman na niya na ang lagnat ni aling Ninay ay mataas. Maaaring mahulog sa tipus at iba pang mapanganib na sakit na dumarating dito sa Pilipinas. Tinapik-tapik ng kanyang hintuturo ang dibdib ng matanda, dahil sa wala siyang dalang estetoskop. Pinabiling pa niya ito at tinuldoktuldok ang likod.

Nag-ibayo ang kanyang sapantahang hindi lamang lagnat ang sakit ng kaawaawang matanda. Sumulat siya ng dalawang reseta at sinabi kay Nora ang mga nararapat gawin.

—Ang dinaramdam ko ngayon... —nag-iisip na nasabi ni Edmundo pagkatapos maipaliwanag sa dalaga ang mga nararapat gawin sa maysakit, —ay mapipilitan akong umalis nang hindi ka kasama, sapagka't magiging kahiyahiya sa aming mga inanyayahan kung hindi nila ako makikita roon.

—Dinaramdam ko rin na hindi makasama sa piknik na parangal sa inyo ni Rey, nguni't nakita mo namang maysakit ang Nanay, Edmon! —nalulungkot na nasabi ng dalaga.

—Babantayan ninyo ang matanda, dahil sa alinlangan ako sa kanyang lagnat, —ang pagtatapat na ni Edmundo sa dalaga.—Ako na lamang ang sasaglit sa piknik at mamayang gabi ay babalik ako rito. Kung sa gamot na ibinigay ko ay hindi pa siya makaramdam ng kabutihan, mapipilitan tayong dalhin siya sa Pagamutan.

—Mabigat ang sakit ng Nanay, kung gayon? —may luha na sa mata ang kaawaawang dalaga nang magtanong sa binata.

—Maano nawang magkamali ako, nguni't ang bagay na iyan ay huwag mong ipaalam sa maysakit. Sabihin mong walang anoman ang kanyang lagnat at siya ay gagaling, —ang pagtatapat ng binata.

—Oo, ganyan ang sasabihin ko.

—Aalis na muna ako at mamayang gabi ang aking balik.

—Ikaw ang bahala...

—Huwag mong pakakanin ang maysakit kundi katas lamang ng kahel, hane? —ang kanyang habol.

—Oo, katas lamang ng kahel o katas ng kalamansi!

—Oo, iyon lamang sa ngayon at kung bumuti siya hanggang bukas ay saka na natin bibigyan ng pagkaing mababagay sa kanyang kalagayan

Hindi nakasagot si Nora, sapagka't parang mayroong sumasakal sa kanyang lalamunan. Lubos niyang ikinalulungkot ang salusalungat na mga pangyayaring nagaganap sa kanyang buhay. Kung kailan siya nararapat dumalo sa parangal na ihahandog sa lalaking mahal sa kanyang puso, ay saka pa nagkasakit ang kanyang Ina!

—Pupunasan mo ng mainit na tubig, tuwing ika apat na oras... —ang bilin pa ni Edmundo sa dalaga, —pagkapunas ay papahiran mo ng alkohol ang buong katawan.

—Oo, tuwing ika apat na oras...

—Hanggang mamaya, giliw ko' —matamlay na paalam ni Edmundo sa dalaga at hinigpit ang kamay nito.

—Hihintayin kita, Edmon! — paos na ang tinig ng dalaga nang mangusap at matamlay ang katawan nang ihatid ang binata sa puno ng hagdanan.

*Ligaya Rin Ng Binatang Mapusuan Ng Magulang Ang Dalagang Sinusuyo At Tapat Na Kasintahan.*

May luhang nakapamintana sa kanyang mga mata nang ihatid niya ng tanaw ang umalis na binata. Ito naman ay sumakay agad sa isang taksing nagkataong dumaraan ng mga sandaling yaon at napahatid sa kanilang bahay upang kunin ang kanyang Ina.

—Ang akala ko ba... —ang pansin agad ni aling Sisa na Ina ni Edmundo, —mayroon kang inanyayahang dalaga, Edmundo?

—Mayroon nga Inay, nguni't nagkasakit ang kanyang Ina, kaya hindi nakasama sa akin! —nalulungkot ang tinig ni Edmundo nang ipaliwanag sa Ina ang tunay na nangyari.

—Si Reynaldo ba ay naroon na sa kanila? —ang tanong uli ng matanda.

—Naroon na siya, Inay, noon pang Huwebes. Katulong siyang nag-aayos sa kanilang bahay. Nagpahanda pa siya ng mga bangkang lunday na masasakyang papunta sa palaisdaang pagdarausan ng piknik.

—Marahil ay marami ang panauhin nina Reynaldo, hindi kaya?

—Oho, marami nga silang inanyayahan,—ang sagot ni Edmundo, —kaya hindi ako nag-anyaya ng mga kaibigan ay dahil sa nalalamán kong marami ang mga panauhin nilang darating doon.

Hindi nainip ang mag-ina at dumating sila sa tapat ng bahay na kanilang pupuntahan. Inabutan na nila roon ang maraming tao na sa ayos ay kararating ding katulad nila. Mayroong ilang awtong nagkakasunod-sunod ang pagkakahanay sa magkabilang panig ng daan. Pagkatapos na maipakilala ni Edmundo ang kanyang Ina sa Ina ni Reynaldo, hinarap niya ang isang kaibigang kasabay niláng nakatapos sa panggagamot.

—Edmon! Edmonnn! Saan ka naroon, Edmon? —ang malakas na sigaw ni Rey na kanilang narinig.

—Narito ako, Rey! —pasigaw ding sagot ni Edmon. —Bakit ba?

—Halika rito sa silid na kainan, Edmon... —ang muling sigaw ni Rey

Iniwan ni Edmundo ang kausap na kaibigan at tinungo ang silid na kainan. Inabutan niya roon ang dalawang babaing kausap ni Reynaldo. Nang siya ay dumating, nalarawan sa mukha ng kaibigan ang lubos na kasiyahan.

—Edmon... —ang salubong ni Reynaldo, —halika sandali at nais ka raw makilala nitong aking kapatid at kanyang kaibigan.

—Siyanga ba? —nakatawa namang sagot ni Edmundo. —E... sino ba sa dalawang kagandahang ito ang kapatid mo?

—Ito! —ani Reynaldo at hinawakan ang bisig ng isang dalagang kayumanggi ang kulay ng balat, nguni't matangos ang ilong at balingkinitan ang magandang hubog ng katawan, —ito si Estrella, ang sumunod sa akin.

—Kumusta ka, Estrella? —ang magiliw na bati ni Edmundo sa

dalaga at hinigpit ang kamay sa kanyang palad.

—Gloria... —ang tawag ni Reynaldo sa dalagang kaibigan ng kanyang kapatid, kayumanggi rin ang kulay ng balat, mahawas ang tabas ng mukha, nguni't mataba kay sa kapatid ni Reynaldo, —ito si doktor Edmundo Ramos, na naibalita ko na sa iyo, kanina pa.

—Ahaaa! Sila pala? —ang sagot namán ng dalaga na lipos ng pagkamangha.

—Ang bago ninyong lingkod, binibini... —ang magalang na turing ni Edmundo.

—Aba! —gulat na gulat namang bati ni Reynaldo. —Bakit ba magpupupuan pa kayo? Hindi naman kayo katandaan, a? Bakit kayo magpupupuan at hindi magikawan at magpalagayan ng loob, nang maging masigla ang piknik na ating gagawin sa palaisdaan?

—Siyanga naman! —ang ayon ni Estrella. —Huwag mo na siyang pupuin, Glory, at huwag mo na rin siyang pupuin, Edmon.

—Sigi... huwag na kung huwag! —nakatawang ayon ni Gloria.

—Mga babae... —ang malakas na sigaw ng isang matandang lalaki, —sinusino sa inyo ang maalam lumangoy?

—Ako! —ang sagot ng isa.

—Ako! —ang sagot ng pangalawa.

—Ako! —ang sagutsagutan ng lahat na umaabot sa bilang na dalawampu.

—Kung gayon, magsipagbihis kayo ng pampaligo at sasakay kayo sa mga bangkang lunday nang pagpunta sa palaisdaan! —ang muling sigaw ng matandang lalaki. —Magpapaligsahan kayo sa bilis ng takbo at kung aling bangka ang maunang dumating sa palaisdaan ay tatanggap ng gantimpala.

—Sigi... —nagagalak na turing ni Gloria at sa mukha ni Edmundo nakatingin ang namumungay na mga mata, —sumali tayo sa paligsahan?

—Kung sasali tayo ay kailangang magpalit na tayo ng damit pampaligo, —ang paalaala ni Edmundo sa mga dalaga.

—Tena, magpalit tayo! —ang ayon ng nagagalak na si Gloria. —halina Estrella at magpalit tayo ng damit pampaligo.

—Tena...

Ang mga babae ay biglang nangawala sa harapang yaon. Nagsipasok sa mga silid at nagsipagpalit ng damit. Nang sila ay magsilabas, namangha ang mga lalaking naroon, sapagka't nakalantad na ngayon ang kanilang mga binti at hita, gayon din ang mga dibdib at likod. Panlangoy ang kanilang suut. Sina Edmundo at Reynaldo at ibang binatang naroon, ay nangakasuut na rin ng pampaligo. Ang Ina ni Edmundo ay kausap naman ng Ina ni Reynaldo. Sa awto magsisisakay

*(Sundan sa pahina 36)*






ABA NAKU, e... e... salamat po, Ginoong Sarhento! Saan po bang kulungan ako papasok?

Itutuloy pa rin sana ng Pinuno ang di matimping paghanga sa ating binatilyo, nguni't noo'y napataong dumating ang dalawang Pulis na galing sa tungkuling ginampanan.

—Aba, bakit narito, Serdyen ang pipitpusong-gubat na iyan? —pabirong tanong ng isa sa pumasok na pulis, at si Serafin ang tinutukoy.

Ang batang Pastol ay hindi kumibo at parang walang narinig.

—Nakasanla dito 'yan, bilang pyansa ng kaibigan niyang kapuwa-batang ipinakiusap na tulutan kong makauwi, pagka't inutusan daw lamang ng ina upang bumili ng sukang-Ilokong igagamot sa kapatid na inaapoy ng lagnat.

—Ibig mo bang sabihin, Serdyen ay ito ang iniwang pyansa dito ng kaibigan niyang pinalaya mong pangsamantala? —tila pamangha naman tanong ng isa pang Pulis na bagong dating.

—Oo, at kusang-loob siyang nakiusap na siya ang ipiit ko bilang kapalit sa lugar ng kaibigan niya.

—Sinong kaibigan niya ang pinalitan?

—'Yon bang si Sabas na kasama-sama niyang kapuwa maggagatas.

—Ah, si Sabas ba!... —muling sabad ng Pulis na unang nag-usisa. —At ano naman ang naging kasalanan ng Sabas na iyon?

—Dahil sa pakikipag-away sa kapuwa bata ay nakabasag ng tatlong garapon ng kendi sa tindahan ni Beho.

—At pati ba ito'y kasama rin sa babag?

—Nakatagpo lamang niyon ito sa daan noong magbantang tumakas sa akin, ay kasama na ritong bumalik upang damayan sa kagipitang nangyari. Inaasahan niyang babalik din ngayon si Sabas na kasama ng kanyang ama upang siya'y tubusin.

—Putris, isa rin namang uliran sa pakikipagkaibigan ang batang ito.

—Syenga, kaya pati ako'y hanga rin.

—Talagang kapuri-puring bata itong si Serafin... matagal na rin naman ang aking pagka-Pulis ay ngayon lamang ako nakakita ng ganitong kaso.

—Sya, huwag na ninyong pakapurihin at nanliliit na iyan sa hiya. Ipasok na muna ninyo sa piitan. Huwag diyan sa malaking karsel na puno ng sabungerong nahuli natin sa tupada, kundi isama na ninyo sa kulungan niyang mga kalapating mababa ang lipad. Mabait namang bata iyan, at inaasahan kong hindi gagawa ng kapilyuhan doon.

Ganoon nga ang nangyari. Kinayag na ito ng inutusang pulis upang ipasok sa itinurong kalaboso

Sa kabilang dako naman...

Kahi't na alam ni Serafing tanyag na tanyag sa dustang kabuhayan ang mga dinatnan niyang babae ay hindi ito nagkulang sa paghahandog ng magalang na bati, at nang makakita ng isang hihigang walang laman ay nakangiti pang nagpasintabing:

—Kanino bang papag ito? Maaari ba akong makahiga sandali...?

—Mahiga ka kung gusto mo! —paangil na tugon ng isang babaing nakasimangot.

# Mater P

Nobela ni GREGO

Hindi ito pinansin ng ating munting bayani. Dinampot sa sulok ang lata ng Sulignon upang gawing unan, nagpakaiging humiga sa papag, bago hinugot sa baywang ang kanyang sukbit na plawta at saka marahang tinugtog ang marikit na bahagi ng tugtuging "SOUVENIR".

Dahil sa kawili-wiling himig ng tugtuging iyon ay para-parang nalugod sa pakikinig ang mga babaing iyong kanina'y nagpasalubong sa kanya ng masasamang mukha, at maging ang tatlong Pulis na tanod sa himpilan ay nangaigaya ring nagsilapit sa dakong iyon ng kalaboso at parang nabalani sa pakikinig ng naturang sonata.

—Talaga nga palang mahusay tumugtog ng plawta ang batang ito: —natutuwang pakli tuloy ng Sarhento pagkatapos ng tugtog ni Serapin.

—Aba talagang magaling!... —patotoo ng isang Pulis. —Kaya tinawag na Pipitpusong-gubat iyan eh...!

—Ganyan nga!... —pabirong sambot naman ng isa pang Pulis. —Husayin mong maigi ang tugtog para maaliw iyang kasuno mong mga magagandang paraluman ng ikapitong langit.

Dahil sa gayong pasaring ng naturang Pulis ay nagkatawanan tuloy pati ng mga sabungerong nakukulong sa karatig na karsel.

Hindi kinahalataan ni Serafin ng bahagya mang pagkaligalig, at para ring nasa loob ng sariling tahanan... Masayang naglilibang sa kanyang sarili, at sa maikling panahong pagkapasok niya roon sa kalaboso ay hindi lamang minsan makalawa at makatatlo pang nakatugtog sa kanyang plawta ng maririkit na tugtuging sa malas ay nakaaliw naman sa tatlong kalapating mababa ang lipad na dinatnan niyang nangakabilanggo doon, gayon din sa mga Pulis na para-para ring nawiwili sa pakikikinig; nguni't hindi na nangyaring natapos ang ikatlong tugtog na iyon at walang anu-ano'y bigla itong napabalikwas sa pagkakahigang kasabay ng bulalas na:

—Putris naman... —anyang alangang nakasimangot at alangang nakatawa —ganito pala rito!

—Bakit, anong ganito rito? —para pang nagulat na usisa ng isa sa dalawang pulis na nakatayo sa labas ng rehas at kapuwa nasasarapan sa pakikinig ng tugtog.

At dahil sa gayong sambitla ng batang Pastol ay dili ang hindi rin nangapamaang pati ng mga babaing nalilimpi nang pagkaupo sa isang sulok ng kalaboso

—Ano ang nangyari sa iyo't bigla kang napabangon? —dugtong na usisa uli ng unang nagtanong.

—Hindi ko po alam, na ganito pala rito...—Malakas ang tinig na sagot ni Serafin—Naalaala ko tuloy si Tatang. Ngayon ako lalong naniwalang totoo nga pala ang mga sinasabi sa akin ng tatang ko.

—Ano bang mga kaungasan ang pinagsasabi mo riyan bata ka? —sahod na tanong ng isa pang pulis.

—Bakit, ano yan? —Tila nabalinong usisa naman ng Sarhentong napalapit tuloy doon

—Ito bang batang Maggagatas na ipinakulong mo, Serdyen... —agap ng tugon ng tanod, —sinusumpong yata nang

*(Sundan sa pahina 55)*

***Ang Tunay Na Kaibigan***
***Kaya Lamang Makilala,***
***Kung Sa Isang Kagipitan***
***Ay Tapat Na Damayan Ka.***




urisima

C. COCHING

ulg nila buhat sa labas ng silid ang tawag ng isang utusan.

Binuksan ni Rosa ang pinto.

—Dala po ang liham na ito ni Mang Felipeng kutsero; ipinabibigay daw po kay Senyorita Margarita—anang utusang nag-abot ng liham.

—Para kangino ang sulat na iyan, Rosa?

—Sa inyo.

—Sa akin? —Nabangon si Margarita at inabot sa kanya ang liham.

Anang bahagi ng liham:

*...at dahil sa hindi kita nagkausap nang sarilinan kangina, sa liham na ito'y inuulit kong kung may halaga pa sa akin ang buhay ngayon, ay dahil sa itinutulot pa ni Bathalang ako'y makapangayupapa sa iyong alindog at maihalik sa mga bakas mo ang aking tapat na pag-ibig. Malaon na ang aking pagtitiis; may mga ulap nang sumipot-mapawi sa aking panimdim, at kung ang ulap na iya'y babala ng aking kasawian, mabaon ko man lamang sa hukay ang iyong pagpapala.*

*ANTONIO.*

Tumatahip ang dibdib ni Margarita. Maningning ang kislap ng kanyang mga mata; nababadha sa kanyang mukha ang tuwa at kasiglahan; nagbangon sa katre, nagtungo sa durungawan at pinagala ang tingin na parang may nais na makita.

—Rosa, ano ba ang nararamdaman ng isang u...

Naunawaan agad ni Rosa ang ibig itanong ni Margarita. Matutugon niya ang tanong na iyon, pagka't si Rosa ma'y nagdaranas ding kasalukuyan ng ipinalalagay niyang dinaranas ni Margarita.

Subali, hindi na nakatugon si Rosa pagka't siyang pagtawag ni Donya Marina upang ipaghanda ng minandal si Don Gumersindo na kararating lamang buhat sa pakikipanayam sa Katiwala ng Asyenda.

---

Nang umuwi ang Padre Kura ay dinatnan niya sa kumbento si Kapitan Romero Vergel, na matagal-tagal din namang naghintay.

—Padre, ako'y nababalisang tubha sa di pagtugon sa akin ni Margarita. Noong huling kami'y magkita sa tahanan ng Juez de Paz ay hindi ako nagkaroon ng kasiyahang loob sa kanyang mga paiwas na tugon—simula ng Pinuno, pagka't ang totoo'y silang dalawa ng Kura ang nagkakaalam ukol sa mga hangarin niyon kay Margarita. Tinapik tapik ng Kura ang balikat ng Kapitan at nagsalita.

—Kagagaling ko lamang sa kanila; binuksan ko na ang landas para sa iyong layon; kinausap ko na ng masisinan si Donya Marina, at kundi man siya gumawa ng anumang pangako, ako'y umaasang mapasasangayon ko ring makamit ninyo ang pag-ibig ni Margarita.

—Nguni, Padre, ang nakasasagabal ay si Don Antonio; nangangamba akong siya ang makabigo ng aking mga layon.

—Bah, bakit mo papansinin si Don Antonio; nalilimot mo na bang ikaw ang Pinuno ng Guwardiya Sibil? May kapangyarihan ka. At, ang niloloob mo'y naisasagawa kung dumarating ang mga kagipitan.

—Ano ang nais ninyong sabihin, Padre?

—Alisin mo siya sa landas.

—Gumamit ako ng lakas Padre?

—Hindi naman gayon; gumawa ka nang paraang kamuhian ni Margarita si Don Antonio; kapootan siya ng magasawa ni Don Gumersindo, at sa gayo'y maging aliwalas na sa iyo ang landas. Talino at pagsasakit ang kailangan, Kapitan.

—Makaaasa baga ako sa inyong tulong, Padre?

—Aba, mangyari pa.

—Kung gayo'y...

At, umalis ang Pinuno na waring nasisiyahan, bagaman nang siya'y tumingala sa langit ay kimpal kimpal na ulap ang kanyang namasid sa itaas.

(ITUTULOY)

## Ilaw Ng Aking Mga Mata

*(Buhat sa pahina 23)*

ang sobre at nandidilat ang mga matang binasa ang liham.

—Andoy...bakit namumutla ka yata? Sino ang sumulat sa iyo? —nagtatakang usisa ni Pasing nang makitang nagbago ang kulay ng kanyang asawa.

—Asawa ko... tatay .. basahin ninyo...

Agad dinampot ni Pasing sa kamay ng manggagamot ang liham at sila namang magbiyenan ang tumunghay.

At nang makaraan ang ilang saglit ay bigiang napatili si Pasing.

—Diyos ko!... Andoy... "kinidnap" pala ang ating anak!

—Huwag kang mabigla, Pasing...tatawag ako sa himpilan ng mga pulis

—Naku asawa ko! nabasa mo ba ang sinasabi riyan? Makikita na raw lamang na malaki ang tiyang lumulutang sa ilog ang ating anak kapag hindi natin ibinigay ang kanilang hinihingi. Tubusin mo na agad Andoy at baka nila saktan si Lulu.

--Kailangang madakip ang mga taong iyan... —nagngangalit na sabi ng manggagamot.

--Siyang tunay, nguni't ang bu

*(Sundan sa pahina 37)*





TAFT AVENUE MATERNITY CLINIC
123 Taft Avenue — Tel. 5-37-89
Espesyalista sa pagpapaanak, pagsusuka ng mga nagdidi
at sa mga di magkaanak.
Fernando B. Barican, M.D. Rosalina Z. Tiongco, M.D.



# KALINISAN at KALUSUGAN



## BUHAT SA KAGAWARAN NG KALINISAN AT KALUSUGAN

PADALANG TULONG
DR. M. C. ICASIANO AT DR. DEMETRIO BELMONTE

Lunsod ng San Pablo
Pangalawang Puno ng Kalusugan
Dr. Demetrio Belmonte
Lunsod ng Maynila
Kgg. na Dr.

Kami po ay pinahihirapan ng sakit sa balat na kung tawagin ay "galis áso", butlig na maliliit at makating-makati sa gabi at hindi po pinatutulog ang aking mga anak. Nasubukan na po namin ang iba't-ibang gamot sa balat at inyeksion ng (crysticilin 400,000) nguni't ayaw pa rin pong gumaling.

Ano po kaya ang d apát naming gawin?

Nagpapasalamat,
Gng MELITA COLEN

Gng. Colen,

Ang galis-aso ay isang sakit sa balat na gawa ng isang uri ng hayop. Ito'y nagbibigay ng kapuna-punang kalagayan sa balat; nagnánana at malalim kung kamutin. Karaniwang sumusingaw ito sa kamay, binti at bisig. Bihirang-bihira itong sumingaw sa mukha maliban sa mga sanggol.

Lahat ng may galis-aso ay kailangang gamutin nang sabay-sabáy. Ang "sulphur ointment" ay isa sa mabisang gamot dito. Paliguan ng mainit na tubig (sabuning mabuti) ang may sakit sa loob ng tatlong gabing sunud-sunod at pahiran nito pagkatapos. Ang damit ay dapat maging malinis. Isa pang gamot dito ay ang "benzyl benzoate" na ipapahid pagkatapos maligo. Pagkaraán ng anim hanggang labing-dalawang oras ay kailangang muli siyang paliguan at damitan nang malinis.

Ang sakit na ito ay humahawa sa pamamagitan ng tuwirang pagdaiti sa may sakit nito, paggamit ng tuwalya a ano mang kagamitán ginagamit nito. Lalong lumalaganap ito sa mga maruruming pook at matao. Ang pagpapabaya sa sariling kalinisan ay maáari ding humantong sa pagkakaroon ng galis-aso.

Ang ilang paraan upang sugpuin ang pagkalat nito ay ang mga sumusunod:

1. Kalinisan ng katawan at pananamit, lalo na ang panloob.
2. Ang mga batang may galis-aso ay dapát ihiwalay sa karamihan, gayon din ang mga matatanda.
3. Ang sino mang may sakit nito ay hindi dapat pahihintulutang maligo o maglaro sa mga paliguan at palaruang ginagamit ng marami.
4. Sumangguni kayo sa inyong manggagamot upang masuring mabuti at malapatan ng lalong angkop na gamot ang kanyang sakit ayon sa hinihingi ng pagkakataon.

Inyong lingkod,
DEMETRIO BELMONTE
Pangalawang Puno ng Kalusugan
Lunsod ng Maynila

## MUSIKONG BUMBONG

*(Buhat sa pahina 21)*

singkit na singkit ang aking mata, tila maskara ng isang demonyo.

—Talaga pong ganyan ang salamin namin... Tutoong mapagtapat...

—Haáa?...

—Naku, huwag ninyong pakinggan ang batang iyan, Aling Rita, —ang agaw ng ina. —Pasensya na kayo't hindi ko lang maasikasong bumili. Ito naman kasing si Berto ay hindi nagsasalamin... ni nagsusuklay ng buhok kayá po madalas na lagi kong nakakalimutang bumili ng bago.

—Bueno, sa isang taon, pagbabakasyon kong muli'y... ayoko na ng salaming ito. Nakatatakot...

—Siya nga po... natural na natural!...

—Huwag kang sagot ng sagot... —payamot na angil ni Rita.

Hindi na kumibo ang mag-ina at binayaang makapagbihis ang dalaga. Lumabas na ang ina at kumuha ng tapis at isang malapad na kundimang pangtalukbong.


—Maiiwan ko muna kayo, Aling Rita. Ipalagay na ninyo ang inyong sarili sa aming tahanan, at anuman ang inyong kailangan ay nariyan naman si Berto. Utusan po ninyo. Bayaan ninyong maalis ang katorpihan niyan. Ako'y tutungo lamang sa Talipapa at mamimili ako ng ating kailangang mapananghalian.

—Opo, Aling Maria.

Hindi pa halos nakapapanaog si Aling Maria ay biglang inihagis ni Rita ang ginagamit na suklay at lumayo na sa salaming iyon.

—Bakit ho? —tanong ni Berto sa dalaga.

—Nakabubuwisit... Iyang salamin ninyo ay ginagawang mukha ng elepante ang aking muk-


To meet the increasing needs of an expanding yearly enrollment the School has purchased the Ortigas Mansion formerly occupied by the Philippine Senate.

Make your own fortune thru your skill. Don't wait for the Gov't to give you job. The many leading dressmakers, tailors and hair dressers all over the country came from this School. Send for Free Prospectus.

SAMSON FASHION SCHOOL

120 Legarda, Manila.



Pinipinsala ba kayo ng BUNI ?

ANG BUNI KAHIT NA MALUBHA AY NALULUNASAN NG MAKAPANGYARIHANG BISA NG KATIALIS.




IPINAGBIBILI SA MGA BOTIKA O SA LABORATORYO LOCRE.
HALAGA: MALIIT NA SISIDLAN P0.65, KATAMTAMANG LAKI P1.65, MALAKI P2.90.

LOCRE
Laboratory Locre
405 SAN LAZARO, MANILA, TEL. 3-74-42

FORMULA: MENTHOL 0.400M., SALICYLIC ACID 1.800M., RESORCINOL 2.000M., ZINC OXIDE 9.00 GM., PRECIPITATED SULPHUR 9.000M., BENZOINATED LARD 30.000M., OIL OF BERGAMOT Q.S.

VAA T-14-52

—Aaba, magaling... Sabi ko na nga ba eh... Tingnan mo... Iyang sinabi mong iyan ay mga kislap ng iyong pag-iisip na nagpapakilala ng lihim na katalinuhan. Sayang ka... Berto... Sayang kang talaga.

—Mag-aral?... At aanhin ko ang karunungan sa aming nayon? Maáari pa kaya akong mataas dito sa gitna ng aming karalitaan? Dito'y nabubuhay kami ng payapa, walang dumadaing.

—Aywan ko ba... —at napabuntong hininga si Rita. —Hindi mo nga ako maiintindihan. Kayo ang bahala... Kung ibig ninyong mabuhay at mamatay sa kamulalaán ay kayo ang masusunod. Kayo ang hari ng inyong sarili.

—Ang sabi ng Tata Kulas ay...

—At sino ba ang Tata Kulas na iyan na lagi mong binabanggit sa akin?

—Iyan ang isa sa matatanda ng nayon. Magaling siyang plautista...

—Musikero?... Aba, hindi ko nalalamang dito'y may orkesta?

—Hindi, Aling Rita. Dito, noong araw ay bantog na bantog ang musikong bumbong... Ang aking ama ang maestro noon, at si Tata Kulas ang umiihip ng plauta.

—Musikong bumbong?.. ang malakas na tanong ni Rita.

—Oo, Aling Rita. —at nang mabanggit ang bagay na yaong lalong mahal at malapit sa kanyang puso ay tila nabuhayan ng loob si Berto. —Nakita ninyo ang mga biyas na kawayan at buhong na iyan na nakasasiansang mabuti upang pagulangin sa araw?

—Alin? Ito ba?... Akala ko'y mga panggatong ito?

—Hindi, Aling Rita. —ang masiglang wika. —Iyan ang gagawin naming kasangkapan sa pagtatayo ng bagong banda ng musikong bumbong. Makikita ninyo, at marahil sa isang taon, sa muli ninyong pagbabakasyon dito, ay maririnig na ninyo ang magagandang tugtugin ng musikong...

—Bumbong... —at napatawang tila nakaaaglahi ang dalaga. —Hindi mo ba nalalamang lipas na iyan?

—Lipas?... Noong unang panahong buhay pa ang aking ama at kabataán ni Tata Kulas ay tanyag na tanyag ang musikong bumbong. Hindi maaáring lumipas ang...

—Talagang kulang ka pa sa pag-unawa, Berto, —ang tawa ng dalaga. —Hindi mo ba nalalamang tayo'y nasa bagong kabihasnan na? Maáaring ang musikong bumbong ay kilala at tanyag noong araw, bago dumating ang mga Kastila at Amerikano, nguni't ngayon, ngayong maunlad na maunlad na tayo, may orkesta, may radyo-graponola, may piano, may makabagong kagamitan sa pagtutugtog ay... saan mo iaagapay ang iyong musikong bumbong...?

—Iyan ay...

—Berto, sayang lamang ang iyong pag-aaksaya ng panahon. Bakit kayo maggugugol ng panahon sa bahaw at paos na tinig na iyan na nakasasakit ng salamin ng taynga? Ibig ba ninyong pagtawanan? Musikong bumbong...

—Nagkakamali ka, Aling Rita. —giit ni Berto na tila pinamulahan ng mukha at napilitang magtanggol. —Kung marami man ang kasangkapang hatid ng bagong panahon, ay walang pagkaluma ang musikong bumbong. Iyan ay sariling atin, ating likha, tatak ng ating pagkalahi, sapagka't ang kasangkapan, ang tugtugin ay atin ding sarili. Maári nilang pagtawanan, nguni't para na ring pinagtawanan nila ang ala-alá ng kanilang mga ninuno.

—Iyan ay tanda ng walang kaunlaran, Berto. Samantalang ang iba'y nagsisikap na umunlad at magbago, kayo naman dito'y tulad ng alimangong paurong kung lumakad. Hindi nga dapat pagtakhan kung bakit habang umuunlad ang lahat ng sulok ng Pilipinas, kayo rito'y tila panahon pa ng ating mga enkomiendas, ng mga gobernadorcillo, at...

—Hindi ko nakikilala ang mga sinasabi mong iyan.

—Sapagka't hindi mo napagaralan, Berto. Sayang...

—Aba, tila nagkakaigi kayo ng pag-uusap diyan sa libis ah... —ang kanilang narinig na salita ni Aling Maria na nakalapit pala nang hindi nila namalayan.

—Tungkol sa inyong musikerong Bumbong... —ang pabiro ni Rita.

—Naku, at sinabi pala sa inyo ang kinalolokohan ng aking anak? —pahinagpis na wika ng ina. —Iyan nga po ang madalas naming ipagkagalit... Buhat nang ipasok sa ulo niya ni Kumparing Kulas ang pagmumusikong bumbong ay wala nang inatupag ang batang iyan kundi ubusin at tilarin ang ating kawayanan upang makapili daw ng may hugis trombon, may hugis na... naku... aywan ko nga ba...

—Nguni't lipas na sa moda ang musikong bumbong? —ang malakas na wika ni Rita. —Ibig lang ninyong mapagtawanan kayo, na kung lumakad sa daán at tumugtog ay walang makapupuri kundi ang mga batang paslit, at sundan-sundan kayo ng isang kuwadrang aso...

—Nakita mo na? —ang panisi ng ina sa anak. —Narinig mo ang sinabi ng senyorita...? Naku, Senyorita, hindi ako nagkukulang ng pangangaral sa batang iyan, talagang matigas na ang ulo ngayon at may tayngang matigas pa sa kawale...

—Nguni't...

—Bueno, Berto. Magpanhik ka ng kahoy at nang tayo'y makapagluto na. At tayo na kayo, senyorita sa bahay. Mainit na po at kayo'y bagong paligo.

(ITUTULOY)

## NAMATAY NA BIRHEN

((Buhat sa pahina 27)

ang matatandang babae at hindi sa bangkang lunday na sasakyan ng mga kabataan.

—Mga babae, nakahanda na ba kayo? —ang malakas na tanong ni Reynaldo.

—Oo! —ang sagutsagutan ng lahat.

—Kung gayon e... tena at nang hindi tayo tanghaliin sa dagat.

—Tena... —anang mga babae.

Nagsunod-sunod na silang nanaog. Nangunguna ang mataas at matandang lalaking amain ni Reynaldo na sinusundan niláng lahat. Pagdating nila sa tabing dagat, hinarap sila ng matanda at nangusap.

—Ayannn! —anya. —Sampung bangkang lunday iyang gagamitin ninyo. Maáaring sumakay sa bawa't isa ay dalawang lalaking sasagwan at dalawang babae.

—Sigi... sakay na kayo mga binibini! —ang biro ni Reynaldo. —Dalawang lalaki at dalawang babae.

—Doon tayo Edmon... —ang mungkahi naman ni Gloria kay Edmundo at itinuro ang isang bangkang lunday na may pintang luntian, —isama natin si Estrella at ang kanyang 'boy friend'.

—Aba! —nagtatawang sagot ni Estrella. —Wala naman akong 'boy friend, a?

—Wala ring akong 'boy friend'... —ang sagot naman ni Gloria. —kaya si Edmon na ang isama natin! Ahaaa! Hindi pala... si doktor Edmundo Ramos pala ang isama natin at kahit sino sa mga panauhin mong lalaki, Estrella.

—Sigi na nga... —nakatawang


**WANTED**

Agents throughout the country and abroad to sell new colored Post Cards of Philippine Views and of the Philippine International Fair. Send ₱2.00 to cover for samples to: P. I. EXPORT & IMPORT JOURNAL, P. O. Box 187, Manila.

**"SANGGUNIANG NAGPAPAYO NG KAPALARAN"**
**Ayon Kay, Khelly * J O E S A N D I ***
B. Viejo, St. 5-A Callejon CONDE, Quiapo, Maynila.

Pasuri ng KAPALARAN sa kasalukuyan at darating sa wastong pamamaraan sa ika-aanyo ng inyong: PAGIBIG, PAGAASAWA, PANANALAPI, PAMUMUHAY, PANGANGALAKAL, HANAPBUHAY, KABUHAYAN, AT IBA PA. Sulatan ngayon din at ipadala sa aming Tanggapan. Lakipan lamang ng halagang piso (₱1.00) sa loob ng sobre, at sa pagbabalik ng koreo ay tatenggapin na ninyo ang SULAT-PAYO sa mga nabanggit.

— — — — — — K U P O N — — — — — —

PANGALAN ... ... ... ... ... ... ... ... ...
(Kabuuang pangalan sa ina at ama)

KAPANGANAKAN ... ... ... ... ... ... ... ...
(buwan, petsa, at taon)



Khelly JOESANDI*
(J.B.S.)
Sumusuri ng Ugali at Asal, ng Kapalaran.

TIRAHAN ... ... ... ... ... ... ... ... ...
(bayan, lalawigan, lunsod.)

SULIRANIN ... ... ... ... ... ... ... ... (sangay blg. )

(maaaring sulatin sa ibang papel, gawin lamang sa wikang pang-bansa.)

**ST. JUDE'S CLINIC & MATERNITY**
302 Maria Clara, Sampaloc, Manila
Tel. 3-34-98

**DR. RAMON ATIENZA, JR.**
Nag-espesyalista sa Unibersidad ng Harvard, Cook County Hospital, Michael Reese at St. Catherine Hospital, Amerika
Sa sakit sa puso, alta presiyon at mga bata.

**DRA. FELICIDAD CALIP-ATIENZA**
Nag-espesyalista sa Johns Hopkin's Hospital, Cook County Hospital, Women & Children's Hospital at St. Catherine Hospital, Amerika. Sa hindi magka-anak, panganganak, sakit sa matris, at sakit sa obario.

pakli ni Edmundo, —doktor na kung doktor!

Hinawakan ni Edmundo ang bisig ni Gloria nang ito ay humakbang sa bangkang lunday na kanilang sasakyan. Sumunod si Estrella at tinawag ni Edmundo ang kamag-aaral nilang si Edong Musni, upang makatulong niya sa pagsagwan.

—Edong... —ang sigaw ni Edmundo kay Edong Musni, —dito ka na sumama sa amin at natitiyak kong tayo ang magtatagumpay, dahil sa lagi kang nananalo sa mga paligsahan ng larong pampalakas.

—Siyanga ba? —nagbibiro namang nasabi ni Edong.

—Huwag ninyong lilimutin... —ang malakas na sigaw ng matandang lalaking amain ni Reynaldo nang ang lahat ay nakasakay na sa bangka, —mayroong paligsahan ang pagpunta ninyo sa palaisdaan? Kung sino ang unang dumating doon ay tatanggap ng gantimpala! Bibilang ako hanggang tatlo at pagkarinig ninyo sa salitang tatlo... ay sigi na!

—Bumilang na kayo... —ang sigawan ng mga binatang inip na inip sa gayong uri ng pagliliwaliw.

—Isa... —ang malakas na simula ng matandang lalaki, —dalawa... tatloooo!

Parang palasong ibininit, ang mga bangkang lunday ay nagpaligsahan sa bilis ng pagtakbo sa ibabaw ng tubig. Kung mamalasin ang anyo ng nagpapaligsahang yaon, ay ipagkakamali sila sa anyo ng mga ibong lumalakad sa ibabaw ng tubig na inaalon at nagkislapkislap na parang mga bituin sa kalangitan, kung hatinggabing kalaliman.

Sino kaya sa kanila ang unang darating sa palaisdaan?

Ano kaya ang gantimpalang nakaukol sa magwawagi?

(ITUTULOY)

## Ilaw Ng Aking Mga Mata

*(Buhat sa pahina 33)*

hay ng apo ko, Alejandro... Babayaran ko kulob magkano huwag lamang nilang saktan ang ligaya ng puso ko, —sabi ng matandang milyonaryo.

—Sino kaya tatay ang may kagagawan nang kabuktutang iyan?

—Aba, may alinlangan ka pa ba? Sino pa kundi ang kinatuwaan nating mga pulubi. Talagang inihandang mabuti ang pagnanakaw sa aking apo, Magbabayad sila...uutangin ko ang buhay ng mga walang hiyang batang kinasangkapán upang manakaw ang aking apo.

—Pasing... tatay... kailangan nating magpakasakit alang-alang sa marami pa nilang pahihirapan. Kung hindi natin ipadarakip ang mga lapastangan at agad tayong susunod sa kanilang kahilingan ay lalong uusbong ang kanilang kasamaan at magpapatuloy ang kanilang pamiminsala.

—Andoy...maawa ka sa ating anak. Ikamamátay ko ang iyong gagawin. Nakalagay sa sulat na papatayin nila si Lulu kapag tayo'y nagbigay alam sa maykapangyarihan.

—Tubusin na natin Andoy ang aking apo. Huwag ka nang magmakaingay anak ko.

—Opo, tutubusin natin si Lulu nguni't ipadarakip ko rin sila.

Inakbayan ng manggagamot ang kanyang asawa at ama.

—Lakasan ninyo ang inyong loob. Iisip ako ng paraan upang makaganti sa kanilang ginawa.— ang patuloy ng manggagamot.

Iniwan ni Alejandro ang dalawa at lumapit sa telepono.

x x x

Pagkaraan pa ng ilang sandali, ay dumating sa tahanan ni Dr. de Leon ang dalawang tiktik na kanyang tinawag.

—Magtuloy kayo. . . —anyaya ng manggagamot nang ipakita sa kanya ang tsapa, —ang akala ko ay mga tauhan kayo ng Meralco at ang aming ilaw ay inyong aayusin.

—Sinadya po namin doktor ang kasuutang ito pagka't ayon sa sulat na binasa ninyo sa telepono ay binabalaan kayo kapag nagsumbong sa pulis, —tugon ng isang tiktik.


—Siya pong tunay.

—Kaya po naniniwala kami na mayruong taong nagtatanod dito sa inyong bahay upang alamin kung nagbigay alam kayo sa pulis.

—Salamat sa inyong pagmamalasakit sa amin.

—Samakatuwid doktor ay naniniwala kayong may kinalaman sa kidnapang ito ang tatlong batang pulubi?... —patuloy ng tik-


# Coca-Cola...at tanging Coca-Cola ...ang nagdudulot sa inyo nitong pampalamig






**Ito'y nasa katamtamang botelya ukol sa ganap na pampalamig**

**Nais ang pinakamabuting pampalamig — Hingin ang Coca-Cola. Ang may uri, dalisay at ang di mapantayang lasa nito ang siyang nagpabantog sa daigdig na pinakamabuting inumin. At isang tanging paraan lamang upang matamo ang ganitong kadalisayan, uri at lasa. Bumili ng Coca-Cola. Inumin ito at inyong isipin kung bakit nga masarap, nagpapalamig na Coca-Cola ay naging pinakabantog na inumin sa daigdig. Ito'y mura ... 10¢ lamang.**

PINAHINTULUTANG MAGSABOTELYA

**San Miguel Brewery**

tik.

—Wala pong alinlangan. Ta-Talagang pinaamo nila ang aking anak upang madali nilang manakaw.

—Ikuwento nga ninyo sa amin ang buong pangyayari kung papaano nakilala ng inyong anak ang tatlong batang pulubi, —hiling ng isa pang tiktik.

—Ayan po ang misis ko at siyang magsasalaysay sa inyo.

Inilapit ng dalawang tiktik ang kanilang upuan sa tabi ni Pasing na nuon ay nakalikmong nakamata sa kanyang asawa.

—Iulat mo sa kanila Pasing ang lahat ng iyong natatandaan upang mapadali ang pagdakip sa mga salanggapang, —dugtong pa ng doktor.

At lumuluha namang ipinagtapat ni Pasing sa nakikinig na mga tiktik ang lahat simula nang unang araw na manghingi ng limos ang mga anak ni Mamerto hanggang sa mawala si Lulu.

—Kung gayon ay hindi lamang ang mga pulubi ang dapat nating paghinalaan, —sunod ng isang tiktik nang matapos sa kanyang pagtatapat si Pasing.

—Bakit po? —usisa ni don Aunario.

—Kailangang ipailalim din natin sa pagsisiyasat ang tagapag-alaga ng inyong anak.

—Maluwat na po ba rito sa inyo ang Dolores na iyan? —pagtatanong ng isa pang tiktik.

—May kaluwatan na rin po.

—Ipakitawag nga ninyo at ibig ko siyang makausap.

—Opo.

Dali-daling tinawag si Dolores at nang mapaharap sa mga alagad ng batas ay agad siniyasat.

—Ikaw ang bahala... —sabi ng isang tiktik, —kung ayaw mong magtapát ay lalo ka lamang kahirapan pagdating mo duon sa himpilan.

—Magagawa po ninyong lahat sa akin ang bala ninyong ibigin nguni't talaga pong wala akong nalalaman tungkol sa inyong itinatanong, —tugon ni Dolores.

—Bibigyan kita ng panahong makapag-isip, Dolores. . . —sabi pa ng isang tiktik, —hanggang mamayang hapon at hindi mo sinabi kung sino ang nagnakaw sa bata at kung saán dinala, ay dadalhin ka namin sa estasyon.

—Talaga pong wala akong masasabi kundi tapat ako sa aking panginoon at mahal ko ang batang ninakaw nila.

Sandaling tinitigan ng tiktik ang mukha ng utusan at saka sabay nagtindig ang dalawa.

—Hindi na kami magluluwat, doktor... —sabi ng isa, —kailangan nating kumilos agad.

—Ang halagang hinihingi sa liham ay walang anoman kung sa kawanggawa mauuwi, nguni't isang sentimos man ay masakit sa kalooban ko kung sa paraang iyan, —sabi ng manggagamot.

—Baka po mapalagay pa sa panganib ang buhay ng apo ko, mga ginoo...ang mabuti po yata'y tubusin na natin, —sangkot ni don Aunario.

—Malalaman ninyo sa amin kung ano ang mabuting gawin. Sa palagay ko ay madaling madarakip ang mga kuhila pagka't mayruon tayong darakpin agad. Alam ba ninyo kung saan nakatira ang mga pulubing iyon?

—Wala nga pong nakaaalam sa amin kung saán sila nakatira kaya hindi namin naparunán kangina, —salo ni Pasing.

—Talagang hindi ipagtatapát sa inyo kung saan sila nakatira, Hayaán ninyo't kami na ang bahala. Wala kayong gagawin kundi sundin lamang ang aming ipinagbilin upang madakip sila nang buong luwag.

—Maáasahan po ninyo, —wika ng doktor, —nakahanda po kaming tumulong.

—Salamat, doktor...aalis na po kami.

—Salamat din po at matagpuan nawa ninyo ang aking anak.

XXVII

Samantalang namimighati ang mga magulang ni Lulu at ang kawanihan naman ng mga pulis ay masusing kumikilos upang hanapin ang mga lapastangan, ay patuloy sa kanyang pagpupunyaging makapasok sa bahay na pinagkulungan kay Lulu ang sumunod na aso.

Nang walang maraanan si Tanod sa harap ng bahay, ay nagtuloy sa likuran at duon nagmasid. Naghahanap siya ng butas na maaaring mapaglagusán, datapwa't ng bahay na iyon ay may bakod na pader.

Sandaling tila sinukat ng aso ang kanyang lakas. Tiningala ang itaas ng bakod at pagkatapos ay biglang tumalon sa ibabaw. At palibhasa'y hindi naman kataasan ang pader ay nakuha ni Tanod na malundag ang bakod. Nakapasok siya at pagkatapos, ay nagkutkot at gumawa nang sapat na hukay upang malusutan ng kanyang katawan.

Nakapasok sa silong ng bahay ang aso. Inamoy niya ang bakas na pinagdaanan ni Lulu at saka dahan-dahang umakyat sa hagdan.

—Agad nakita ni Tanod si Lulu pagka't nakatali nga ito sa brandilya sa makaakyat ng hagdan:

Ganyan na lamang ang gulat ni Lulu nang mamalas si Tanod. Nabuhayan siya ng pag-asa subali't hindi naman siya makapagsalita pagka't may pasal na panyolito ang kanyang bibig.

Dali-daling nilapitan ni Tanod ang anak ni Pasing. Kinagat sa baro si Lulu at binatak, nguni't wala naman itong magawa pagka't nakatali ang kanyang mga paa at kamay.

Si Bisaya na nakatayo sa tabi ng durungawan at nakatingin sa malayo, ay biglang napalingon nang marinig ang kaluskos ng mga paa ng asong humihila kay Lulu.

—Hoy...kanginong aso iyan? —usisa ni Bisaya kay Lulu.

Agad sinipa ni Lulu ang aso upang umalis ito, datapwa't maliksi si Bisayang lumapit at si-





*Tanging Tagapamahagi:*

**OCEANIC COMMERCIAL, INC.**

(LEVY & BLUM)

*Pangunahing Importador ng Pabango sa Maynila*

89 Escolta Manila



Para sa Paggamot ng
Paralysis, Rayuma, Pananakit ng baywang, Sakit ng Ulo, Pananakit ng Laman, Eksema, Nerbiyos at iba pang sakit kroniko —

**Sumangguni kay M. M. PAGARIGAN**

Lady Physiotherapist-Masseuse
937 Constancia, (near España) Samp., Manila
ORAS: 8-12 N.U. — 2-3 N.H.
Katamtaman ang pabayad sa mga pasyente.



**DR. ANTONIO L. ROXAS**

Nag-espesyalista sa Amerika sa mga Sakit ng Ulo, Mata, Ilong, Teynga at Lalamunan.
May mga kagamitan sa pag-alis ng perdible sa lalamunan at sa baga ng bata. Rayos-X
(Sertipikado ng Washington University)

Klinika: Rm. 218-219
2nd Floor May Bldg., Go Soc
822 Avenida Rizal, Manila


Oras: 9:00-12:00
2:00- 7:00

# PAUNLARIN ANG BAYAN SA PAMAMAGITAN NG INYONG NAIIMPOK!



Ilang buwan pa, ang Planta ng malaking Maria Cristina Hidroelektriko ay laanganap na sa Mindanaw. Sa katamtamang lakas na nauukol doon, ang mga pagawaan, pamilihan, tahanan at mga bukirin ay magtatamasá ng walang kapantay na pagunlad. Higit na maraming pagkakakitaan, higit na produkto, at higit na salaping kapakinabangan. Ang lahat ng ito ay nangangahulugang panibagong pag-unlad sa ating palatuntunang pambansa sa kabuhayan.

Ang libu-libong patriotiko o makabayan ay may mga katbayan sa R & D Bonds ukol sa ganitong napakalaking panukala. Ang mga salaping ipinuhunan sa R & D Bonds ay pinupuhunang muli sa ganitong mga panukala. Ang inyong naiimpok ay tunay na malaki ang nagagawa hinggil sa pag-papaunald ng ating bayan at pagbibigay ng higit na pagkakakitaan. Simulang puhunanin ang walang pakinabang ninyong salapi ngayon sa R & D Bonds. Ito'y kikita ng hustong 5% tubo tauntaon at babayaran sa loob lamang ng 10 taon.




Ang R & D BONDS ay mabibili sa mga pangunahing banko, "stock "brokers" at kompanya ng seguro.

nunggaban si Tanod.

Lumaban ang aso. Nang sunggaban siya ni Bisaya ay kinagat sa kamay at saka tumakbo. Sinundan naman siya ni Bisaya at palibhasa'y walang ibang malulusutan duon sa itaas si Tanod ay nadakip din agad.

**Itinali ni Bisaya sa ilalim ng** mesa ang hayop na nagmamalasakit kay Lulu. Nagbalik siya sa tabi ng durungawan at duo'y inisip niya kung kanginong aso iyon.

Nang mapatali si Tanod ay kumahol nang kumahol na parang humihingi ng saklolo.

—Aba, luko yata ang asong ito... —ang nag-iisang sabi ni Bisaya nang patuloy sa pagtahol si Tanod, —tsut...tsut...

At nang ayaw ding tumigil sa pagtahol si Tanod ay biglang binalabag ni Bisaya ng silya.

Napaigik si Tanod samantalang si Bisaya ay kumuha pa ng kaputol na kahoy at inundayan nang palo ang umiingit na hayop.

—Aso mo ba ito? —usisa ni Bisaya kay Lulu.

Umiling ang anak ni Pasing kaya nuon lamang nilubayan nang palo ni Bisaya.

Ganyan na lamang ang panghihinayang ni Lulu nang mapatali si Tanod. Muling nagdilim ang lahat sa kanya. Halos nasasalat niya ang sasapitin nilang kapalaran. Mangyari'y nakita niya ang ginawang paglulupit ni Bisaya nang lagumbahin nang palo ang aso.

Muli si Lulung humikbi. Tinanaw niya si Tanod na halos hindi na makakilos sa ilalim ng mesa at ang may isip na hayop ay gayon ding nakatingin kay Lulu. Nasaktan man si Tanod, ay ikinawag pa rin ang buntot nang makitang pinagmamalas siya ng anak ni Pasing.

———

Patuloy ang mga sandali, at nang makaraan ang isang oras, ay naparaan sa may pamilihan ang jeep ng dalawang tiktik na nagsadiya sa tahanan ni Dr. de Leon.

Natawag ang pansin ng dalawang tiktik nang matanaw ang isang pulutong ng mga taong sa malas ay may kinalilibangang panoorin.

Lumapit ang mga alagad ng batas at nakita nilang sa gitna ng nagkakatipong iyon ay may dalawang batang nagsasayaw at kumakanta.

—Aba...ginagaling yata tayo... —ang anas ng isang tiktik sa kasama.

—Baka ito na ang ating hinahanap...

Sandaling nagmatiyag ang dalawa at pagkatapos ay agad nilapitan si Pinong na nuon ay siyang may hawak ng kuwaltang kaloob ng mga nanunuod.

—Kayo rin ang nagpapalimos na may kasamang aso, hindi ba? —simula ng isang tiktik at hinawakan sa bisig si Pinong.

—Opo.

—Saan naruon ang aso ninyo?

—Hindi po namin kasama at nahiram kangina ng aming kaibigan.

—Tama na... kayo nga ang hinahanap namin.

—Bakit po?

—Huwag ka nang magmaangmaangan... alam mo kung bakit. Mga sikreta kami.

Pagkawika nuon ay maliksi namang sinunggaban ng isang tiktik ang mga anak ni Mamerto na nuo'y patuloy sa kanilang pagsasayaw.

—Bakit po? —usisa ng magkapatid nang sila'y hawakan ng sikreta.

—Huhulihin ba namin kayo nang walang kasalanan?

—Bawal po ba ang magpalimos dito? —usisa ni Berting.

—Hindi bawal ang magpalimos nguni't hinuhuli ang magnanakaw.

Ang ilang taong natutuwa at nakapaligid kangina sa mga nagpapalimos ay lalo pang dumami ngayon nang makitang dinakip sina Berting. Ang iba'y naawa sa kanila subali't marami rin naman ang namuhi nang marinig ang sinabi ng tiktik na sina Berting ay magnanakaw.

(ITUTULOY)



# COOKING IS FUN

### *By Purita*

*Purico recipe of the week... Broiled Fish Spanish style:* Clean whole fish about 1 foot long. Rub with salt and pepper and set aside. Chop 1 small sweet pepper, 1 medium size tomato, 1 medium size onion and mix with 1 tablespoon biscocho crumbs. Stuff mixture inside fish belly. Sew up and broil, brushing occasionally with melted Purico, until done. Cost: ₱1.40; Serves 6.

*Purico meals for the day:*

Breakfast—Papaya & calamansi
Tinapa w/tomatoes
Fried rice
Cocoa w/milk

Lunch— —Okra soup
Spanish style broiled fish
**Pickled papaya**
Enriched rice
Mango

Merienda—Fruit juice medley (recipe below)

Supper— —Ox brain soup (recipe below)
Spanish omelette
Fried shrimps w/carrot sticks
Rimas preserve

*Fruit juice medley:* This miexd fruit drink is both cooling and delicious. Cut 4 big tomatoes in half, rub through sieve and strain liquid. Add juice of 4 calamansi, juice of 4 oranges. Sweeten if desired and serve with cracked ice. A wonderful health drink for these hot days!

*Cooking tips:* When recipe calls for "stock"—in cookery this means the liquid in which meat, bones, vegetables, etc. have been boiled—be sure to use meat stock for meet recipes and fish stock for fish recipes.

Try this shiny, swirly frosting on your cake. Combine 3/4 cup powdered sugar, 1/2 cup evaporated milk and 1/2 cup creamy peanut butter. Cook over medium heat stirring constantly until it becomes like a thick sauce. Beat one or two minutes to cool before spreading over cake. It's rich and yummy! Use as spread for crackers, too.

*Ox brain soup:* Boil half of ox brain in salted water. Remove veins and membranes. Cut into small cubes. Set aside. In 1 teaspoon hot Purico sauté 1 tablespoon minced onion; 1 tablespoon chopped carrots. Add diced ox brain. Season with 1/4 teaspoon MSG and a dash pepepr. Add 4 cups stock or rice water. Cover and simmer. Add 2 tablespoons catsup and stir before serving. Cost: ₱1.40; Serves 6.

DR. V. T. SANTOS
TIYAN AT SIKMURA * RAYOS-X
Ineksiyon para sa ALMURANAS
R-210 Palomo Bldg., Azcarraga, Maynila
Oras: 9:00—12:00 n.u.; 3-00—6:00 n.h. Tel. 3-70-49

DR. L. E. FLORES
Espesyalista: SAKIT na LIHIM, PAG-IHI, PANTOG at BATO, SAKIT sa BALAT, SAKIT sa DIBDIB, TUBERCULOSIS at HIKA, Karamdaman ng mga BABAE. May Rayos-X at LABORATORYO KLINIKO (Pagsuri ng DUMI, LURA, IHI, DUGO at iba pa).
R-301-302 Mercedes Bldg., Plaza Miranda, Malapit sa Simbahan ng Quiapo
ORAS: 9:00 A.M. — 7:00 P.M. — Tel. 3-84-61

DR. F. A. FIDELINO
DR. PILAR V. CRUZ-FIDELINO
Mga dalubhasa sa PAGPAPAANAK na walang sakit. BOCIO, ILONG, LALAMUNAN, TONSIL, APENDISITIS, MATRIS, DAANAN NG IHI, LUSLOS, BALI NG BUTO, SAKIT NA LIHIM, BALAT, HIKA TUBERCULOSIS, (May Pneumothorax at Rayos-X) at mga BATA.
Klinika: R-318 Mercedes Bldg., Oras: 9:30-12:00 N.U. — 3:30-6:30 N.H.
Plaza Miranda, Quiapo, Tel. 3-33-26 Tahanan: Tel. 6-80-46

DR. BENJAMIN O. ROMERO
MEDICAL, PHYSIO & ELECTROTHERAPY & DRUGLESS CLINIC
Rayuma, Manhid, Paralisis, Pilay, Hika, Tisis, Hilo; Hingal; Kaba Nerbiyos, Bato at sakit ng Bata.
PARAAN NG PAGGAMOT
SINUSURI: Dugo, Ihi, Lura, Dumi at iba pa. GAMIT SA PANGGAGAMOT: Gamot Pharmacopeia, Conduction Anesthesia, Dahon at Ugat ng Kahoy. GUMAGAMIT: Short Wave Diathermy, Invisible Infra-Red, Vital Ultra-violet, Smooth Sinosoidal, Faradi-Galvanic, Aerosol at iba pa.
69 Gen. Luna St., Malabon, Rizal Tel. Dial 20-Call 415

—— SAKIT SA PUSO ——
Aparatong pangsuri sa tibok ng puso
DR. EMMANUEL T. GATCHALIAN
GALING SA HARVARD MEDICAL SCHOOL
Oras ng Opisina — 2-6 N.H. William Li Yao Bldg., R-341 Rizal Ave. at doon sa F. Torres — Tel. 3-41-35
8-12 N U. sa pamamagitan ng pangangalingan U.S.T. HOSPITAL
Bahay Tel. 6-53-91
—— INTERNAL MEDICINE ——
(SAKIT SA LOOB NG KATAWAN)


Inihahandog ng ROYAL POE PROD.
ANG Segmundo
ni DOMINADOR AD. CASTILLO
Nalathala sa BULAKLAK at ALIMYON MAGAZINE
Ginagampanan nina
★ JOSE PADILLA JR.
★ ELVIRA REYES
★ PATRICIA MIJARES
Kasama sina
JOSE VILLAFRANCA
LEONORA RUIZ
CECILIO JOAQUIN
SALVADOR ZARAGOZA
LUIS SAN JUAN
at MARIO CORDOVA
Pinamamahalaan ni
TOR VILLANO
Itatanghal sa
DALISAY
MAYO 25 - HUNIO 3

# Si Bb. Lucy R. Casaje Ng Maykawayan, Bulakan Ang Bumandila Naman Sa Ikapat Na Bilangan

*Sa nagdaang ikapat na bilangan, nuong ika-9 ng Mayo, ay napansin namin, kung sinu-sino ang mga kandidatang talagang makikipagpukpukan hanggang sa katapusan ng timpalak.*



LUCY R. CASAJE
*Maykawayan, Bulakan*

Ipinakita at ipinadama ng mga lider ni Lucy R. Casaje ng Maykawayan, Bulakan, ang kanilang magagawa at gagawin pa sa mga susunod na bilangan. Si Bb. Casaje, ang siyang bumandila nuong nakaraang bilangan, sa pamamagitan ng 399,790 botong inihulog ng kaniyang mga lider.

Gayunman, ay napansin naming inginiti lamang ng mga lider ni Bb. Tatlonghari ang pagbandilang yaon ni Bb. Casaje, sapagka't marahil, ang kanilang pinagbabatayan, ay hindi man lamang nakatigatig sa pangungunang puwesto ng kanilang kandidatang itinataguyod.

Ang kandidata ng San Pablo City, si Bb. Norma Bandoy, ay nagpamalas din ng kanilang makakaya, sapagka't pumang-apat sa bilangan at sa kabuuan ay pang-apat din. Gayundin ang kandidata ng Dinalupihan, si Bb. Esperanza Ibon. Sa kabuuan ay pangatlo rin siya at pumangatlo sa bilangan. Si Bb. Raquel Vargas, ang kandidata ng Daet Cam. Norte, ay pumang-anim sa bilangan at naibagsak sa pampito si Bb. Rosario Trinidad, ang kandidata ng Hagunoy, Bulakan.

Anupa't ang walong kandidatang nagsisipanguna sa kabuuan, ay hindi pa rin nagbabago Sila ring walo ang nasa sa ibabaw.

Sa walumpu't walong kandidatang nagsipaghulog nuong ikapat na bilangan, ay labingwalong kandidata ang naghulog ng kanilang mga boto, na hindi bumaba sa labindalawang libo. Sa labingwalong ito, bukod sa walong nangunguna, ay sampung kandidata ang nagpakita ng kanilang magagawa. Ang mga ito ay sina Bb. Bella de Leon, I. Santos, L. Sia, V. Manit, Margot, Vicky Mehoy, Eva Garcia, Paz Singson, at Bella Andrade. Ang ikalimang bilangan, ay saka na namin itatakda kung kailan gaganapin.

LUPON SA TIMPALAK




PILIPINA TATLONGHARI
*Batangas, Batangas*



ESPERANZA IBON
*Dinalupihan, Bataan*

**KINALABASAN NG IKAPAT NA BILANGAN NA GINANAP NUONG MAYO 9, 1953**

| | Boto |
|---|---|
| 1—Lucy R. Casaje | 399,790 |
| 2—Pilipina Tatlonghari | 359,340 |
| 3—Esperanza Ibon | 131,400 |
| 4—Norma Bandoy | 128,450 |
| 5—Ludivina K. Ebido | 95,940 |
| 6—Raquel Vargas | 46,740 |
| 7—Evangelina Agustin | 45,610 |
| 8—Emma Bas | 37,980 |
| 9—Naty Caballes | 36,510 |
| 10—Bella de Leon | 28,200 |
| 11—Iluminada Santos | 23,160 |
| 12—Lesaida Sia | 22,350 |
| 13—Victoria Manit | 17,370 |
| 14—Margot McVey Hally | 16,170 |
| 15—Vicky Mehoy | 15,930 |
| 16—Eva Garcia | 14,400 |
| 17—Maria Paz Singson | 13,410 |
| 18—Bella Andrade | 12,750 |
| 19—Connie Batalla | 8,790 |
| 20—Rosario Trinidad | 7,470 |
| 21—Gloria Dawisan | 6,750 |
| 22—Rosie Fabiculanan | 5,880 |
| 23—Rosario Hernandez | 5,610 |
| 24—Verlita Balmes | 5,490 |
| 25—Nydia Almalbes | 4,680 |
| 26—Florentina Papas | 4,560 |
| 27—Fe Aspilla | 4,530 |
| 28—Virgie Villafuerte | 4,530 |
| 29—Salvacion de la Paz. | 4,200 |
| 30—Dolores Escolaña | 4,080 |
| 31—Pacita Araula | 3,300 |
| 32—F. (Baby) Cavan | 3,210 |
| 33—Fidelina Manansan | 3,150 |
| 34—Noli Suico | 2,820 |
| 35—Teodora Jubite | 2,820 |
| 36—Manuela Geñoso | 2,730 |
| 37—Pacita Rosales | 2,520 |
| 38—Basiling Futalan | 2,400 |
| 39—Rosie Borja | 2,400 |
| 40—Mila Teves | 2,190 |
| 41—Socorro Riveral | 1,830 |
| 42—Araceli Cadores | 1,500 |
| 43—Nene Evangelista | 1,440 |
| 44—Paz Yu Loon | 1,350 |
| 45—Lydia Burgos | 1,110 |
| 46—Conchita Durano | 1,110 |
| 47—Martina Tumampos | 930 |
| 48—Nora Fe Vegas | 930 |
| 49—Susana Belamide | 900 |
| 50—Concordia Iroy | 840 |
| 51—Lourdes Gurrea | 780 |
| 52—Estelita Sanpaton | 780 |
| 53—Perlicita Abrea | 660 |
| 54—Sally Esplana | 630 |
| 55—Alice Villamor | 630 |
| 56—Juanita Garcia | 600 |
| 57—Visitacion Derilo | 540 |
| 58—Erlinda Cabiling | 510 |
| 59—Zosima Oliveros | 480 |
| 60—Juliana Blaza | 480 |
| 61—Julien Wee | 390 |
| 62—Telly Mascardo | 360 |
| 63—Petronila Amora | 360 |
| 64—Enriqueta Ganhinhin | 330 |
| 65—Vivencia Amasula | 300 |
| 66—Basilisa Shin Shuco | 270 |
| 67—Eufronia Jayoma | 270 |
| 68—Felipa Justol | 240 |
| 69—Dolie Respecio | 240 |
| 70—Jovita Anfone | 240 |
| 71—P. P. Barimbao. | 210 |
| 72—Thelma Galope | 210 |
| 73—Natividad Amamio | 210 |
| 74—Eva Palma | 180 |
| 75—Marianita Libres | 150 |
| 76—Aquilina Balagonza | 150 |
| 77—Constancia Zabala | 120 |
| 78—Leticia Pestaño | 120 |
| 79—Eleuteria Lumagbas | 90 |
| 80—Matilde C. Oroc | 90 |
| 81—P. L. Versoza | 90 |
| 82—Josie Fernandez | 90 |
| 83—Zenaida Zarasate | 60 |
| 84—Estelita Padayhag | 60 |
| 85—Conchita Abao | 60 |
| 86—Maria L. Yusuico | 60 |
| 87—Maura Ching | 30 |
| 88—Conchita Pajunar | 30 |




IPININID ni. Abogado Murillo ang aklat na kanyang binabasa at tiningnan ang orasang nasa tapat ng kanyang mesang susulatan.

Dinalaw siya ng pagkainip, sapagka't hindi dating umaabot sa gayong oras ang pagdating ni Melda. Dati, ika-pito, o ika-pito-at-kalahati pa lamang ng gabi ay dumarating na yaon, at tigib ng pangambang itinatanong kung silang mag-aamá ay nagsipaghapunan na. Nguni, ngayon ay ikawalo na at kalahati ay wala pa ang minamahal niyang kapilas.

Sumibat ang pangamba sa kanyang diwa, kaya kinuha sa pagkakasampay sa likuran ng kanyang likmuan ang amerikanang ginamit niya sa maghapon. Subali't hindi pa niya naisusuut yaon nang ganap ay bumukas ang pinto ng kanyang silid-aklatan, at nadama niya agad ang mabibilog na mga bisig niyon.

—*Dear,*—ang malamyos na bungad niyon, —naiinip ka na, ano?

Nakangiti si abogado Murillo nang yaon ay mangusap:

—Naiinip nga ako, —anya, —sapagka't nag-aalaala akong may nangyayari sa pamilihan kaya ikaw ay nababalam.

—Wala naman, *dear.* Kaya lang, si Cely ay napasama sa akin sa pagkuha ng ipinatahi niyang *'evening dress'* sa *'Carolinas'*, at... alam mo... —nagtawa si Melda, —pinilit niya akong isukat ko yaon... Ayaw ko dahil *'backless'*, nguni, pinilit niya ako nang pinilit, at...

Nakikinig na nakangiti si Abogado Murillo.

—...at, isinukat ko yaon... At, bagay na bagay pala sa akin ang gayong yari ng damit!

Nakatitig na nakikiramdam si Melda sa nakangiting mukha ng mapagmahal niyang kabyak nang siya ay makatapos.

—Ibig ba ng aking 'Mrs.' na magkaroon siya ng gayong uri ng damit? —matapat ang tinig ni Abogado Murillo.

—Saan ko naman gagamitin?—ang may lungkot at panghihinayang na wika ni Melda.

—Sa alin mang malalaking pagtitipong dadaluhan natin, —sambot agad ni Abogado Murillo.

Napakurap-kurap si Melda. Diyata at siya'y makapag-aari ng 'gayong'? Napadaop-palad siya. Patakbong napalapit sa asawang manananggol, at nilagdaán ng isang matunog na halik ang noo niyon.

Ang unang dinaluhan nina Abogado Murillo at Melda ay ang pagdiriwang ng kaarawan ng kasal ng mga Linsang. At ang gabing yao'y naging simula lamang ng maraming-maraming gabing maliligaya sa buhay ni Melda. Subali't mga gabing kalimita'y hindi kaalakbay si Abogado Murillo. Sapagka't, samantalang si Melda ay nakangiting sumasayaw sa saliw ng isang balse, si Abogado Murillo naman ay kunot-noong nagsusuri sa mga salaysay at pangyayari sa hawak niyang usapin. Kadalasan, samantalang si Melda ay tigib-siglang umiikit sa

...agsubaybay ng isang tanggo si ...bogado Murillo naman ay nagpipiga ng isip sa paghanap ng paraan kung paano malulusutan ...ng isang suliranin.

...Hanggang isang gabi ay napansin ni Abogado Murillo ang isang laso na pang-solapa ng 'amerikana' sa may ilalim ng tokador ni Melda, na katabi naman ng kanilang hihigan. Dinampot niya yaon, at nakilala ng mananggol na hindi kanya ang lasong yaon. Walang masamang hinalang itinago niya ang bagay na yaon sa kanyang susulatan.

x x x

Ang pagiging maalalahanin ni Melda ay hindi nagbabago, dapuwa nagkakaroon ng pagkakaiba ang sinag sa dati'y maluningning niyang mga mata, at nagiging tila hintakot at balisa ang dati ay matiwala niyang kilos.

Patuloy si Abogado Murillo sa pananahimik at sa pagbibigay-laya sa kanyang ginang sa lahat ng mga lakarin, nguni, patuloy din siya ay nakikiramdam sa mga kilos ng kanyang ginang.

Isang araw ay napuna ni Abogado Murillo na tila may itinagong bagay si Melda sa ilalim ng salansan ng kanilang unan. May sumundot-tila noon sa kanyang puso. Kasabay na isang hinala ang bumaliti sa sadyang naaalimpungatan niyang pamamansin, nguni, nag-anyo siyang walang napuna.

Namumutla, dapuwa nakangiti pa ring sumalubong si Melda sa asawa. Tinatakan ng halik ang may kunot niyang noo, at saka sinabi: "Bakit, Dan? Bakit ka umuwi nang ganitong oras? May nalimutan ba ikaw?"

Wala siyang karamdaman. Ang totoo ay may nalimutan nga lang siyang dalhin sa kanyang bupete na ayaw naman niyang ipakikuha sa iba dahil sa yaon ay mahalagang katibayan sa isang inusig. Si Melda naman ay nasa bahay dahil sa naghahanda ng isang malaking bulaklak na gagamiting palamuti sa pang-gabing damit na isusuut sa pagtungo niyon sa Riviera sa gabing yaon. Subali't sa halip na iyon ang sabihin ay tinutop ang kanyang noo at saka sinabi:

—Masakit ang aking ulo *Dear*, at ibig kong mamahinga...

Nilingon ni Melda ang salansan ng mga unan.

—Ibig kong mulayo muna sa mga katok ng makinilya sa tanggapan...Ibig ko ring matulog... —at umupo siya sa gilid ng hihigan.

—Matutulog ka pala... Hintay ka't aayusin ko muna ang hihigan...

—Huwag na *Dear*... —ang nakangiti ay umiiling na wika ng manananggol. —Ako na ang bahala diyan...Ako'y naiinitan kaya ipagtimpla mo na lang ako ng 'pontse'. Dagdagan mo lamang ang yelo at kalamansi... Ibig ko'y malamig na malamig!

Kapunapuna ang pag-aatubili ni Melda sa paglabas.

Nguni nilingon siya ni Abogado Daniel Murillo. —Sige na Melda. Ako na ang bahala rito...Ako'y naiinitan...at ipakipinid mo lang ang pinto pagkalabas mo...

x x x

Kaalinsabay ng pagkakapinid ni Melda sa pinto, ay nakuha ni Abogado Daniel Murillo ang puting papel na inilagay ng kanyang ginang sa ilalim ng salansan ng unan. Sa saglit niyang pagkabasang yaon ay kuminig ang kanyang mga kamay at nagtila apoy ang sinag sa kanyang mga mata.

Bigla siyang nagbangon at nagbalak na lumabas upang sundan ang asawa, subali nagbagong-loob siya. Sa halip: nang marinig niya ang lagaslas ng tsinelas ni Melda sa may bulwagan, ay mabilis niyang tiniklop ang maputing papel na yaon. Kagyat na ipinailalim sa unang pinanggalingan, humiga nang matuwid at saka pumikit.

...Naramdaman niya ang kalansing ng mga kristal na kasangkapan na inilapag ni Melda, sa ibabaw ng mesita, nguni, hindi siya tuminag at nagkunwang natutulog.

KULIMLIM na ang araw nang siya ay nagbangon. May pilit na pinasayang ngiti siya na isinalubong sa nangangambang titig ng kanyang magandang asawa. Tinapik pa niya yaon sa magkabilang pisngi nang siya ay magpaalam.

—Hahating-gabihin ako, *Dear*, mamaya, kaya kayo na lang ni Cely ang lumakad mamaya. Sino ba ngayon ang 'escort' ni Cely?

—Sino pa? — di si Nestor din! —nakatawa si Melda.

—Eh ang 'Mrs.' ko naman, sino naman ang 'escort'?

—Sino pa? Di wala!...Ikaw eh, ayaw mo akong sasamahan!

Kinurot ni Abogado Murillo ang namumurok na mga pisngi ng kanyang asawa.

—Hayaan mo. Pag naipanalo ko ang usaping ito na nagpapasakit ng aking ulo ay masasamahan na kita.

x x x

Isang gabi...

Marahang tumayo si Abogado Daniel Murillo sa tapat ng isang nakapinid na pinto ng silid sa Ekes Hotel. Tiniyak niya sa bilang na itinala niya sa kanyang kartera ang bilang ng silid na kanyang hinahanap. Tiim-bagang siyang kumatok.

Walang sumagot, nguni, may naulinigan siyang kumaluskos sa loob ng silid.

Muling kumatok si Abogado Daniel Murillo.

—Sino iyan?—tanong ng nasa loob. Tinig lalaki.

Lalong nag-ugat ang noo ni Daniel Murillo.

—Sulat. —tugon ni Abogado Daniel Murillo na nag-anyong 'hotel boy'.

—Sulat? —tugong muli ng lalaki sa loob ng silid.

—Opo, —tigib ng pagtitimping patunay ni Daniel Murillo.

At.

Biglang itinulak ni Daniel Murillo ang pintong yaon. Simbilis ng sang-kisap-mata ay nakapasok si Abogado Daniel Murillo at kagad naipinid ang pintong yaon.

Dalawang nabaklahanang tinig ang sabay na narinig sa loob ng silid na yaon. Nguni, matatag si Daniel Murillo sa mahigpit na





Ang mga loteng nabili noong taong 1947, sa Cordillera, Quezon City sa halagang ₱8.00 isang metro kwadradong parisukat ay nagkakahalaga ngayon ng ₱15.00 isang metro kwadradong parisukat pagkaraan ng isang taon.

Gayundin ang mga nagmamay-ari ng mga loteng nabili noong taong 1947 sa Cordillera, Quezon City sa halagang ₱8.00 isang metro kwadradong parisukat ay ipinagbibili sa halagang ₱40.00 isang metro kwadradong parisukat ang nasabing lote noong taong 1952.

* isang maunlad na komunidad
* daang patungo sa Maynila
* isang pook na matahimik at maginhawang tirahan

ipinagbibili sa magaan na paraang hulugan

GREGORIO ARANETA, INC.
REAL ESTATE DEPARTMENT
J. Araneta Bldg. 343 Echague, Manila Tel. 3-29.41



Ang nasa larawan ay ang batang si **Erlinda Pasno, na siyang naging** Valedictorian sa Regidor Elem. School sa Zurbaran, Maynila. Siya'y anak nina G. Carlos Pasno at Annie Mendoza.

pagkakahawak sa kanyang sandata. At, mahina, subali, puno ng tapáng na binigkas niya:

—Kayo ay kaya kong patayin.. Sa pamamagitan ng rebolber na ito'y mapapatay ko kayo!

Nanginginig si Melda Santillan sa pagyakap sa maputing kumot na itinatabing sa kanyang katawan. Si Dr. Tanghal naman ay naghahanap ng matatakasan.

Nagpatuloy si Abogado Daniel Murillo:

—Subali, hindi ko kayo papatayin--maliban kung kayo ay maghahangad na tumakas. Wala kayong mabuting magagawa ngayon kundi ang magayos, at pagkatapos ay maupo kayo sa harap ng mesitang yaon at mayroon tayong pag-uusapan.

. . . . . . . . . . . . . . . .

—Ngayon ay naito ang aking pluma. Sulatin mo ang sasabihin ko, marangal na doktor. Sa Kinauukulan:

Kami ni Gng. Daniel Murillo ay nahuli ng kanyang asawang si Abogado Daniel Murillo, sa silid na ito Blg. 13 ng Ekes Hotel.

Isinusumpa kong walang makaaalam nito kundi kaming tatlo lamang, at kung may ibang makababatid nito dahil sa akin, patayin man ako ni Abogado Daniel Murillo, ay sapat na katibayan ang liham na ito upang siya ay pawalang-sala.

Nilalagdaan namin:
Dr. Jacinto Tanghal, at
Gng. Imelda Santillan ni Murillo

Pagkatapos na malagdaan yaon ng dalawang makasalanan ay kinuha yaon ni Abogado Murillo, pati ang ginamit na pluma at maliksing isinalukbutan ang mga yaon.

—Ngayon, —makapangyarihang wika ni Daniel Murillo, na lalong hinigpitan ang pagkakapigil sa hawak na rebolber.—Dukutin mo ang iyong kartera.

Sumunod si Dr. Jacinto Tanghal.

—Kunin mo ang lamang salapi.

Dumukot si Dr. Tanghal. Limang dadalawampuing-piso ang nalantad sa mga mata ni Abogado Daniel Murillo.

—Ibigay mo sa aking ginang ang isang dadalawampuing-piso mo.

Sumunod si Dr. Tanghal.

—Ngayon ay makalalabas ka na.

Sumunod na lalo si Dr. Tanghal.

Pagkatapos ng ilang saglit ay si Abogado Murillo naman at ang ginang niyon ang magkaalakbay pang nanaog sa otel na yaon...

———

MARAHANG itinulak ni Abogado Daniel Murillo ang pinto ng silid sa kanyang likuran sa pamamagitan ng kanyang kaliwang kamay at sa tulong ng kanyang kaliwang paa. Ang namumutla niyang ginang ay nangangaykay na nakasandal sa kanilang tokador.

Tinitigan muna ni Daniel Murillo ang nakahahabag na anyo ng kanyang ginang, at saka nangusap nang marahan sa kanyang dating marangal at kapitapitagang tinig:

—Maganda kong asawa... Asawa kong kinuha sa karalitaan... Walang dunong at walang malay sa maraming bagay, subali aking minahal, inaruga, pinagkatiwalaan at binigyan ng dangal...

—Wala akong nakikitang dahilan upang ako ay pagtaksilan mo! Kung ikaw lamang ay dahop sa salapi, sagana sa hirap at salat sa lahat ng bagay ay kikilalanin kong ikaw ay nasa matuwid... Nguni sa kalagayan mong iyan...

—Patawarin mo ako, Daniel!- - paluhod na samo ni Melda

—Hindi ko ikaw maaaring mapatawad. Ngayon ay wala akong masasabi kundi ito: Alisin mo ang larawan nating yaon nang tayo'y ikasal sa kuwadrong yaon. Sunugin mo ang larawang yaon, nguni sikapin mong malihim sa kaalaman ng mga bata. Pagkatapos, ay ang dadalawampuingpiso na ibinigay sa iyo ni Dr. Tanghal ang ilagay mo roon. Dapat mong mahalin at pakaingatan ang dadalawampuing-piso mong iyon, sapagka't ang taglay niyon ay ang pagkakatapon mo sa kahalagahan ng ating pagkakakasal; ang pagkakapagpa-walangkabuluhan mo sa aking pagtititiwala at pagmamahal, at ang pag-



kalimot mo sa kinabukasan ng iyong mga anak... Ipinaaalaala ko lang sa iyo na huwag mong pahihiwatigan sa mga bata ang kahulugan ng dadalawampuing-piso mong iyan sa kuwadro. Dapat mong kilalanin na ikahihiya nila iyan at magiging daan ng kanilang hindi ipagtatagumpay... at maaaring sumpain ka pa nila... Iyan na lamang. Pagdating ko'y ayaw kong nariyan pa ang larawang iyan: Ang daratnan ko ay ang dadalawampuing-piso mo. Nauunawaan mo ba ako?

Tumango ang kumikinig na si Imelda Santillan.

---

MADALING-ARAW nang dumating si Abogado Daniel Murillo sa kanilang tahanan. Dinatnan niya ang kanyang ginang na nakasubsob sa mesang panglamay. Walang imik na nagbihis ang manananggol. Nahiga. Pagkaraan ng ilang saglit ay naghihilik na ang abogado.

Ilang linggo ang nakalipas. Isang araw, sa pagdulog ni Melda sa hapag-kainan, ay nakita niya sa tapat ng kanyang lilikmuan ang isang pahayagan. Hinawakan niya yaon upang itabi nang madantayan ng kanyang mga mata ang isang larawang nakalimbag doon. Hindi sinasadya ay naunawaan niya ang 'nakalagay' roon: *Si Dr. Jacinto Tanghal, kilalang manggagamot ay maglalakbay upang magpakadalubhasa sa sakit sa puso.*

Natutop ni Melda ang kanyang bibig sa pagpigil sa pagtangis, sapagka't bigla niyang naunawaan na sadyang may naglagay ng pahayagang yaon sa kanyang likmuan upang mabasa niya ang balitang yaon. Nang itaas niya ang kanyang mukha na tigib ng di mailalarawang dusa, ay natamaan ng kanyang mga mata ay ang nakatayong asawa niya sa bungad ng pinto sa kusina... Yaon ay nakangiti.

Napatakbo si Melda sa kanilang silid-tulugan. Dapuwa, pagdating niya roon ay natamaan ng kanyang mga mata ang dadalawampuing-piso sa kanilang kuwadro... siya'y napatili.

PATULOY ang daloy ng buhay sa dati ay maligayang tahanan nina Abogado Daniel Murillo. Walang nababago sa mga takbo ng mga bagay-bagay kung ang ukol sa sigla ng mga bata ang pag-uusapan, bagaman malimit na napupuna ng mga bata ang panamlay at tila panghihina ng katawan ng kanilang mahal na ina. Ang tanging nagiging kapansin-pansin sa mga bata ay ang nabagong dako ng pag-aaral ng kanilang ama: Ngayon ay sa silid-tulugan nag-aaral ng mga usapin ang kanilang ama at hindi sa silid-aklatan. Subali't nasiyahan ang mga bata sa sagot ng kanilang ama nang yaon ay tumugon sa kanilang pag-uusisa:

—Alam ninyo mga anak, ibig kong may kasama ang inyong Mama sa pagtulog at nang hindi siya naiinip... Alam na naman ninyo na ayaw na niyang magaaliw sa labas, dahil sa nanghihina raw siya sa malimit na pagpupuyat.

Pinid na rin ang tindahan ng mga damit ni Melda sa Central Market, *"dahil ay hindi kaya ng Mrs. ko ang malabis na init sa loob ng pamilihan"*, at ang dahilan ding iyan ang naging pagkakilala ng mga bata.

Patuloy na umaani ng tagumpay ang mga anak ni Abogado Daniel Murillo, at sa bawa't pagtanggap ng mga yaon ng mga medalyang ginto at pilak, ay ibinubulong ni Daniel Murillo sa kanyang ginang:

Inaakala mo kaya na kung nalalaman ng mga bata ang sanhi ng pagkakaroon mo ng dadalawampuing-piso mong yaon ay makakamit nila ang mga medalyang yaon ng karangalan? Natitiyak ko sa iyong hindi, sapagka't sila'y manlulupaypay... Ikahihiya nila ang paglantad sa tao at mawawalan sila ng hangad na sila ay makita at marinig...

Isang gabi ay nakapagpalagay si Melda na ang kanyang mga paghihirap ay nasa sukdulan na at dapat na yaong wakasan... ano man ang mangyari at ano man ang kasapitan. Tinapatan niya ang kuwadro at tinangkang kunin ang nakalaman doon, at saka siya magpapakamatay. Subali't, waring may bulong siyang nauliningan na siya ang kinakausap:

Ilihim mo ang tunay na pinanggalingan ng dadalawampuing-piso mong iyan. Ang pagkakabunyag niyan ay mangangahulugan ng panlulupaypay ng ikasisigla ng iyong mga anak... At ikaw rin ang kahabag-habag... Kikilalanin nilang ikaw ay walang turing... at ikaw ay kanilang susumpain...

Nanlabo ang mga paningin ni Melda... Iniunat niya sa kawalan ang mga bisig niyang ngayo'y pawa nang maninipis at walang laman... At, hindi niya mapigil ay sumigaw siya nang sumigaw... Sumigaw siya nang walang tigil, at walang nagawa ang pamamagitan ng mga utusan nila!

Nang dumating ang tinawagang si Abogado Murillo at ang mga anak nila: si Melda ay walang malay at halos bangkay na sa pagkakahiga...

TATLONG manggagamot ang namulatan ni Melda sa kanyang piling. Dalawa ang nars na sa kanya ay nagbabantay. Subali't nang ang isa roon ay lumapit sa kanya upang painumin siya ng gamot: siya ay umiling.

Sa loob ng may apat na buwan ay nabubuhay si Melda sa pamamagitan ng gamot at inyeksiyon. Hindi na halos siya kumakain, nguni siya ay nagtataka at hindi pa siya mamatay, gayong yaon na lamang ang nais niyang mangyari...

Isang araw, sa paghahangad ng nars na siya ay malibang at tulay makabatid ng ilang mga pangyayari ay humawak ng pahayagan at siya ay binasahan. Walang ano-ano'y bigla yaong napabulalas ng salita at ang sabi, "Naku Mrs!... Gagaling na kayo! May isang dalubhasa sa sakit sa puso na dumating ngayon...

—Narito na po... Si Dr. Jacinto Tanghal, Mrs.

Nanlaki ang dati ay nanlalam-
—Sino iyon?—wala sa loob na tugon ni Melda.
lam nang mga mata ni Melda. Natutop niyon ang kanyang biglang sumakit na dibdib... Humingal. Pagkatapos ay muli siyang nawalan ng malay...

PAGKARAAN ng pagsusuri ng tatlong manggagamot na nagaalaga at nagsusuri sa karamdaman ni Melda buhat pa sa simula, ay malungkot na sinabi ng mga yaon kay Abogado Murillo: Wala na kaming magagawa, Attorney! Tatlong oras na lamang ang nalalabi sa kanyang buhay!

Namumutlang napakagat-labi si Abogado Daniel Murillo. Hindi sinasadya ay napalapit siya sa halos ay wala nang buhay na anyo ng kanyang asawa, at tigib ng habag na hinawakan ang kanang kamay niyon.

Tila yaon himalang nagpamulat sa mga mata ng may karamdaman, at pabulong yaong tumawag: Daniel!...

Yumuko at tinunghayan ni Daniel Murillo ang mukha ng kanyang asawa.

—Daniel... —marahang wika ng may sakit.—Matagal nang ako'y naghihirap... Alam kong ako'y nagkasala... ng isang napakalaking pagkakasala... kaya ako ay nagbata at nagtika... Alam ko ring ako'y hindi karapatdapat na iyong patawarin... nguni... ngayong ako ay mamamatay na...

—Melda!... gumagaralgal ang tinig ni Abogado Daniel Murillo.

—Melda!... saklot ni Daniel Murillo ang kanyang nagulong buhok.—Melda...

—Daniel... Kulang pa kaya ang mahabang panahon ng aking mga paghihirap upang mapatunayan ko sa iyong ako'y nagtitika at pinagdusahan na ang lahat ng kabiglaanang yaon!... Kinakailangan pa kayang ako'y mamatay at mabuhay na muli upang iyong mapatawad?... Oh, Daniel!... Kay lupit mo pala...!

Napatayo si Daniel Murillo. Abot ang patak ng kanyang mga luha at basag-na-basag ang kanyang tinig:

—Melda, matagal nang napatawad ka ng aking pag-ibig... Oo, noon pang gabi na sinunod mo ang pag-aalis sa larawan ng ating


DR. FLORENTINO N. SANTOS
Nag-espesyalista sa American Hospital of Chicago, Amerika.
Sa operasyon ng sikmura, apdo, bocio, at bituka.
DRA. CARMEN ENVERGA —SANTOS
Nag-espesyalista sa Unibersidad ng Harvard at Loyola, Amerika.
Sa hindi magka-anak, panganganak, sakit sa matris, sakit sa obario
Alcazar Bldg., Carriedo at Estero Cegado, R-212 — 9-11 N.U. 3-6 N.G.
Tel. 3-70-62
Guro sa Kolegio ng Medicina sa pamantasan ng Sto. Tomas

Tandaan at Gamitin
EAGLE CATSUP
EAGLE JAM

kasal... Ang nalabi lamang sa akin noon ay ang pagmamahal ko sa aking karangalan... Gayon man ay napatawad na rin ikaw ng karangalang iyan... Nguni, hindi ka umiimik sa akin... Hindi ka naghangad na makipaglapit sa pagpapaumanhin ko...

—Ang nalabi kong kaunting karangalan ang pumigil sa akin upang magpalimos ng habag mong akala ko'y hindi mo maipagkakaloob sa akin, Daniel... Sapagka't kinikilala kong sadyang napakalaki ang nagawa kong pagkakasala sa iyong pagibig at pagtitiwala... Nguni... ngayong tila wala nang nalalabi sa akin upang muling malasap ang maalo mong pagmamahal... Ngayon ako sumasamo, Daniel... Patawarin mo ako...

Sumubsob si Daniel sa dibdib ni Melda.

—Melda!... Melda... Pinatatawad kita!... Pinakamamahal ko ikaw!...

Nanluwag ang mga bisig na nakalibid sa batok ni Abogado Daniel Murillo. Nang tumunghay siya sa mukha ng kanyang niyuyungyungan, ang mukha ng kanyang asawa ay wala nang kakulay-kulay, nguni, nakangiti!...

WAKAS



Makikita sa larawan si Bb. Zorayda Garcia, naging Reyna ng Nueva Ecija Southern Colleges, sa Gapan, Nuweba Esiha, samantalang pinuputungan ng korona ni Nida Blanca, bituin ng LVN at ng makatang Cirio Galvez Almario ng Bulaklak Publications.

## Mater Purisima

(Buhat sa pahina 29)

pagkaloko.

—Aba, huwag po naman sana kayong pakabigla, nang pagsasa-


# "Ako'y gumagamit ng Pond's Cold Cream tuwina... at naiibigan ko ito!"

ani

*Antonia Drexel Earle*

Isang kahali-halinang kagandahan at pagiging kaibig-ibig ang mamamalas sa mukha ni Gng. Earle, at hahangarin ninyong makilala siyang lubusan.

Kayo'y lubos na magagalak sa inyong nadarama, kung nalalaman ninyong *kayo'y* higit na kaibig-ibig at higit na marilag. Na maaakit ang ibang tao sa pagkakita.

Tiyaking mailantad sa daigdig ang pinakamaganda ninyong mukha... sa paggamit ng kremang naiibigan ng kahali-halinang si Gng. Earle na natuklasan ang tumpak na panlinis at pagpapalambot ng kutis—sa Pond's Cold Cream. Tuwing gabi at umaga pahiran ang inyong mukha ng katangi-tanging Pond's na ito:

*Soft-cleanse*—imasahe ang Pond's Cold Cream sa buo ninyong mukha at leeg. Pahiran upang matuyo. *Soft-rinse* pahirang pang muli ng makremang Pond's upang lumambot ang balat. Pahiran ng *magaan.*

Masdan ang inyong mukha na *mananatiling* malambot at sariwa, at *malinaw* pagmasdan—kung gagamitin ninyo ang Pond's Cold Cream sa tuwina. Bumili ng isang taro ngayon!



*Antonia Drexel Earle*—Sa lipunan sa Amerika, si Gng. Earle ay kilala sa kagandahan at sa kahalihalinang kutis. "Wala na akong nalalaman pang ibang krema na maihahalili sa Pond's Cold Cream," aniya.




lumilinis

nagpapalambot

nagpapakinis

...ginagamit ng maririlag na babae sa daigdig



# ₱500.00 Gantimpala

SA MADALING TIMPALAK NA ITO NG

CASADEL hermoso

Ang tanging gagawin lamang ninyo ay ang gumawa ng lalong pinakamaraming kataga sa pamamagitan ng paggamit sa 3 ng alin mang titik na bumubuo sa pangalang CASADEL HERMOSO. Ang kataga ay maaaring maging mahigit pa sa 3 titik. Halimbawa: ASAROL, OSO, LA LOMA.

Sa sino mang makapagpadala sa amin ng pinakamaraming tumpak na kataga na may 3 titik na nagbuhat sa pangalang CASADEL HERMOSO, ang mga sumusunod na gantimpalang salapi ay ipagkakaloob:

₱250... UNANG GANTIMPALA
₱100... IKA-2 GANTIMPALA
₱75... IKA-3 GANTIMPALA
4 NA IKA-4 NA GANTIMPALANG TIG ₱10
3 IKA-5 GANTIMPALANG TIG ₱5
10 IKA-6 NA GANTIMPALANG TIG ₱2




MAHALAGA! Huwag kalilimutang lakipan ng 1 etiketa o takip ng kahita ng CASADEL HERMOSO ang inyong ipadadalang lahok o talaan ng mga kataga. Ang timpalak ay matatapos sa Hunyo 30, 1953! Ipadala ang lahat ng lahok sa 646 Tabora, Maynila, o dili kaya sa P. O. Box 2008, Maynila.
Kung walang mabiling CASADEL HERMOSO sa inyong botika, gamitin ang kupon sa ibaba at ipadalang kalakip ng inyong lahok.

Hermoso Drug Store—Dept. B-5-27-53
P. O. Box 2008, Maynila

Kalakip ang halagang ₱1.20 para sa isang taro ng CASADEL. Nangangahulugan na ang lahok na kalakip nito ay kasali sa timpalak at tatanggapin ko ang taro ng CASADEL sa pagbabalik ng koreo.

*Pangalan* ....................................

*Tinitirahan* ....................................

Magbili kayo ng CASADEL HERMOSO at 3 SISTERS FACE POWDER sa inyong lalawigan. Mabuting komisyon. Makipag-alam sa 646 Tabora, Maynila o sumulat sa P. O. Box 2008, Maynila.

litang ganyan, mamang Pulis. Hindi po ako loko, aba! —tila namuhing agaw ng maliit na bayani.

—Bakit mo nga naman sinabing loko? —baling ng Pinuno sa kanyang alagad.

—Hindi ba luko-luko iyang ganyan?... —giit din ng walang pagtitimping alagad ng batas. —Ang ibang batang naipipiit dito'y nakikita nating malungkot, at karamiha'y nagpapanangis, nguni't iyang isang iya'y tila pa natutuwang tugtug nang tugtog; at saka walang anu-ano'y bumangong nag-aalumpihit at kung anu-anong hindi ko maintindihang mga salita ang pinagsasabi.

—Iba po ang mga batang napiit na iyon kaysa akin... —pasunggab na tutol ng binatilyo. —Ang mga iyo'y pihong may ginawang kasalanan, at nangapiit marahil nang laban sa kanilang loob; samantalang ako'y walang pagkakasala at sadyang kinusa ko nang maluwag sa kalooban ang aking pagkapiit. Tunay pong ito'y aking ikinatutuwa, sapagka't nagkaroon ako ng pagkakataong makagawa ng inaakalá kong mabuti, at tungkol naman sa huli ninyong pahayag ay batid kong hindi nga siguro ninyo naintindihan, nguni't ang totoo'y hindi kalokohan ang aking mga sinabi.

Humarap ang Sarhento sa batang nasa loob ng rehas at ito'y nginitiang kasabay ng tanong na anya'y:

—Hintay ka, Serafin... ano ba iyong mga sinabi mo sa kanila?

Dahil sa gayong pakitang-lugod ng Pinuno ay muling sumaya ang mukha ng butihang Pastol bago sumagot na:

—Kanina pong mapabalikwas ako nang bangon ay nasabi ko lamáng na ganito pala dito, at idinugtong ko pang naalaála ko tuloy na totoo nga pala ang mga sinabi sa akin ni tatang... Ganoon lamang ay inakala na nilang sinusumpong ako ng pagkaloko.

—Siguro nga'y dahil sa hindi niya maunawaán ang binitiwan mong pangungusap.

—Kung itinanong po ba nila sa akin ay di naipaliwanag ko sa kanila.

—E, ako nga ang magtanong:... Bakit mo nawikang ganito pala rito?

—Kahi't sino po'y makapagwiwika ng ganoon kapag nakulong dito at nakaalam ng ngayon lamang niya naalaman. Talaga po namáng kaylan ma'y hindi pa ako napapasok sa ganitong piitan kundi ngayon lamang sa pagkakataong ito... May kalokohan po ba sa ganoong...

—Wala nga... E ano naman ang kahulugan ng iyong binanggit, na ngayon ka lalong naniwalang totoo nga ang mga sinasabi ng tatang mo...?

—Nasasabi po sa akin ni Tatang na ang karanasan daw ay hindi lamang nagtuturo ng mabuting aral kundi nagdaragdag pa ng maraming kaalaman sa tao, at iya'y napatunayan kong lalo ngayon, dahil sa mga kaalamang naparagdag sa akin sa sandaling pagkakulong ko rito.


Napakunot ang mga kilay ng Punong Pulis at:

—Anong kaalaman iyon? —patakang tanong.

—Baka lamang kayo magalit, bagama't sa palagay kong nakakatawa ang aking ipahahayag, —tila alanganing sambot ng binatilyo.

—Magsalita ka, —nag-aalapaap na utos ng Pinuno. —Bakit ako magagalit kung katotohanan ang iyong sasabihin?

Alangang matatawang ginala ng masid ni Serafin ang dalawang Pulis at sampo ng mga babaing bagama't hindi nagsisilimik ay ha-



Ang nasa larawan ay si Bb. Carmen yabut Santos, diwata ng kagandahan sa pook ng 10th. Ave. Kalo-kan, Rizal. Kandidata sa pagka Reyna ng Mga Puso ng isang samahan sa pelikula. Inaasahan ng kanyang mga tagahanga na sa timpalak na nabanggit ay siya ang magwawagi.

**DRA CELESTINA G. LIMESPIRITU M. D.**

Sakit ng Babae at Bata. Panganganak na walang sakit, (by trilene) Laging nakukunan at hindi Maganak. Pigilin ang pag-aanak. Sirang regla. Masakit na pag-ihi. Almuranas, Tonsil na gagaling ng walang tistis, Nerbiyos, Manhid, Rayuma, Tagyawat.

**DR. DOROTEO C. ESPIRITU D.D.S.**

Nagtitistis ng iba't ibang sakit sa Bibig, Pilas, Pyorrhea, Dentatura. Maaaring bumunot ng ngipin sa bahay.

**ESPIRITU MATERNITY & GENERAL CLINIC**

364 Paz, Paco. Mga taga Hilaga! Sakyan ang "Pandacan", o "Sta. Ana" Bus sa Quiapo at bumaba sa Calle Paz

*Ang Pagpapatala Ay Bukas Ngayon*

—MGA INIHAHANDOG NA KURSO—

*College of Engineering:*

* Radio Engineering
* Electrical Engineering
* Mechanical Engineering

Complete 1st year to 3rd year

*Vocational School:*

* Radio Technician
* Commercial Radio Telephone Operator
* Commercial Radio Telegraph Operator
* Movie Operator & Sound Technician
* Radio Mechanic
* Master Electrician

*High School:*

* 1st year to 4th year General Secondary
* 1st year to 4th year combined with any vocational course

ANG MGA KLASE AY MAGBUBUKAS SA IKA-15 NG HUNYO.

**NATIONAL RADIO SCHOOL & INSTITUTE OF TECHNOLOGY**

519 Sales-Ronquillo, Maynila • Tel. 3-39-82

MAKIPAGKITA SA TAGAPAGTALA O IPADALA ANG KUPON UKOL SA WALANG BAYAD NA KATALOGO

ANG TAGAPAGTALA
National Radio School & Institute of Technology
519 Sales-Ronquillo, Maynila

Pangalan ........................................


Tirahan ........................................ (Bulaklak)

Sangay sa Lunsod ng Dagupan | Sangay sa Lunsod ng Cebu

**DR. B. M. VILLAPANDO**

ESPESYALISTA SA MGA SAKIT SA MATA, ILONG, TAINGA AT LALAMUNAN. Tumitistis ng Tonsil sa 2 minuto na hindi kailangang matira sa Ospital. Mga bagong kagamitan sa pagsukat ng salamin sa mata at Rayos-X.
WALANG BAYAD ANG KONSULTA KUNG LINGGO
Oras: 9-12 N.U. at 2-5 N.H. — Linggo 9-12 N.U.
Pedro Cruz Bldg., Tagiliran ng Simbahan ng Kiyapo, Maynila
Tel. 3-42-82

*dalisay at malinis na gatas para sa mga sanggol.*




Tanging Tagapamahagi: Marsman & Co., Inc.
Manila, Cebu, Iloilo, Bacolod, Davao



Makikita sa larawan ang mga bumubuo ng Nena & Arturo Fans Club na kinabibilangan nina Bb. Fe Sales; Pangulo, Narcisa Aton, pangalawang pangulo; Carmen Reyes, kalihim, Angelina Pacheco, taga-ingatyaman; Milagros Ramos, tagapagbalita; Praxedes Suarez, tagapamayapa at gayon din ang mga kagawad ng naturang Fans Club. Makikita rin sa larawan ang bituing si Nena Cardenas at si Bb. Amelia Arcega ng Bulaklak. Kamakailan ay nagdaos sila ng isang kasayahan bilang pagpapakilala sa mga bumubuo ng Nena & Arturo Fans Club.

latang nangasasabik din sa paghihintay ng ibig marinig.

—Sabihin mo na. Anoyon...? —may kahalong inip na untag ng Sarhento.

—Nakakatawa... —wala nang atubiling wika ng batang Pastol. —Naibulalas ko nga po kaninang ganito pala dito, pagka't sa dating pagkaalam ko'y hindi pabaya sa tungkulin ang katarungan. o sa lalong maliwanag na salita'y inaasahán kong ang katarungan ng batas ay walang alang-alang na nag-uusig at nagpaparusa sa lahat ng salarin...datapuwa't ngayon ko nalama na dito'y napakarami palang pusakal na magnanakaw at masusugid na tulisang uhaw sa dugo ng tao ang malayang nakapaglalabas-masok at napapabayaang makalikha ng kapinsalaan sa buhay ng mga naritong nakabilanggo...!

Biglang napamulagat ang mga pulis.

—Ha, ano kamo...? —hindi kinukusa'y pasigaw tuloy na bulalas ng Sarhento.

—Maliwanag ninyong narinig... —matatag nguni't nakangiti ring sagot ni Serafin. —kailangan ko pa po bang ulitin ang aking sinabi?

—Nguni't ano ang ibig mong sabihin niyon? Tukuyin mo nang tiyak na pagsasalita! Saan naroon yong sinasabi mong mga pusakal na magaanak at tulisang nakapaglalabas-pasok na malaya at pinababayaan naming makapaminsala dito...?

—Hindi ko po sinabing kusa ninyong pinababayaan, kundi napapabayaan ng mga kagawad ng pamahalaáng dapat na tumupád ng tungkulin; at saka...

—Ko napapabayaan, o kusang pinababayaan ay pareho rin. Basta ang tanong ko'y iyong tukuyin kung alin sa mga narito, o kung saan naroon iyong sinasabi mong tulisan at magnanakaw?

Lumingap muna sa buong paligid ng kalaboso ang batang Pastol at sabay-turong sumagot na:

—Hayan po! Masdan ninyo iyang mga dagang naglalabas-masok sa butas ng pader at kahi't nakaharap kayong mga Pulis ay walang bahalang nagnanakaw ng rasyon ninyong pagkain sa mga bilanggong nagsisipagdusa dito sa pagkapiit. Nariyan po sa hihigan ang napakaraming surot, at hayang nagsasalimbayan nang lipad ang mga lamok na kahi't gumagalaw ang tao'y namumupog at naninigid sa pagkahayok na makasipsip ng dugo! Hindi po ba tutoong lahat ng mga itinuro kong iya'y masasabi ring mga magnanakaw at tulisang hindi lamang nakapeperhwisyo kundi ma aari pang magpalaganap ng ma sasamang sakit...?

Hindi pa halos natatapos bigkasin ng ating binatilyo ang parang pasaring na iyon ay biglang nag-hinugong ang malakas na halakhakan ng mga Pulis at ng lahat na nakukulong sa magkaratig na karsel; matangi lamang ang Sarhentong noo'y pinamulahan ng mga pisngi at ilang sandaling hindi nakaimik.

—Kayo lamang ang hindi tumawa, Ginoong Sarhento... —maga-


ASTHMA — TUBERCULOSIS

DR. NEMESIO R. CALDERON

Nag-espesyalista sa TB sa mga Sanatoria sa America

Gusaling Garcia
Silid Blg. 305-6 | Pneumoperitoneum, | Tel 3-77-28
624 Rizal Avenue | Aerosol & X-Ray Service |

DR. RUFINO C. MACALINDONG


INTERNAL MEDICINE & VENEREOLOGY

Room 217, DOÑA MERCEDES BUILDING
Plaza Miranda, Quiapo, Manila
2:00 P.M. — 6:00 P.M.

Kumita pa ng salapi! Mag-aral ng

DIESEL-AUTO MECHANICS

sa inyong labis na panahon!




- Panlahat na kaalaman ng mekaniko sa awto
- Pagyari ng mga sirang makina ng awto
- Pagpapalakad ng lahat ng uri ng makinang pang agrikultura at pang-industriya.
- Pagpapalakad ng sariling talyer
- Pagbibili ng Diesel at awto

Matuto sa tulong ng NATIONAL SCHOOLS habang kumikita sa inyong gawain ngayon!


Maganda ang hinaharap ng mga sanay na lalaki sa Pilipinas sa larangan ng Industriya at Pagsasaka.
Paparami ang mga ginagamit na kasangkapang diesel at automotive sa matuling umunlad na industriya at pagsasakang ginagamitan ng makina sa Pilipinas. Nangangahulugang paparami ang malakas-pagkakitaang gawain para sa mga sanay na mekaniko ng Diesel at Awto. Ang kumpletong kurso ng National Schools ay nagtuturo ng lahat ng dapat ninyong matutuhan upang kumita ng salapi sa malawak na larangang ito.

Bukod sa mga aklat, kayo'y bibigyan ng NATIONAL SCHOOLS ng kumpletong kasangkapang nakalagay sa matibay na kahang metal nang walang dagdag na bayad!



GRATIS!

MALAKING AKLAT NA ISINALARAWAN at MUWESTRANG LEKSIYON ang ipadadalang WALANG BAYAD upang ipakita kung paano kayo sinasanay ng National Schools! Walang sasagutin.
National Schools, Los Angeles, Calif.



Ang mga sinanay ng National Schools ay nasa mahahalagang gawain sa buong daigdig.

NATIONAL SCHOOLS
Los Angeles, Calif.
Natatag noong 1905

IHULOG ANG KUPON NGAYON
(Ilagay sa sobre o idikit sa postal)
National Schools, Dept. PB-53-B
4000 South Figueroa Street
Los Angeles 37, California, U.S.A.
Padalhan nko ng isinalarawang aklat at ng muwestrang leksiyon ng inyong kurso.
Pangalan ............ Gulang ............
Direksiyon ............
Siyudad ............
Bayan ............ Lalawigan ............

iyong pagbabalik.

Saka lamang kumilos si Alberto. Pinangko ang babaing nawalan ng malay at saka isinakay sa isang taksi at dinala sa pagamutan. Nang malayo na ang sasakyang kinalululanan ni Alberto at ng babaing nawalan ng malay, ay mabilis na kumilos si Narda. Noon di'y sumakay sa isang bus na patungo sa kanilang nayon. Madilim-dilim na at masama ang panahon nang sapitin ni Narda ang kanilang nayon. Ang biglang-biglang pagbuhos ng malakas na ulan ay hindi nakapigil kay Narda upang di agad magtuloy sa kanila. Sinagasa ang lakas ng ulan. Nakapinid nang bahagya ang kanilang pinto nang dumating siya sa kanila at dahil, sa lakas ng ulan ay hindi napansin ni Herman ang kanyang pagdating. Papasok na lamang si Narda nang siya'y mapauntol sa bungad ng pinto at buhat doon ay napakinggan niya ang marahang tinig na namumuo ni Herman. Sumilip siya, nakita niyang nakaluhod ang asawa sa harap ng munti nilang dambana sa loob ng silid. Narinig niya ang dalangin ni Herman...

—Panginoon ko, —usal ni Herman habang nakatitig nang walang kakurap-kurap ang mga mata sa Birheng nasa dambana, —huwag Mo pong itulot na abutin ng kahi't anong sakuna ang mahal kong asawa, sapagka't magiging walang halaga sa akin ang buhay na ito kung siya'y ...

—Herman, —ang narinig buhat sa mga labi ni Narda at nakita ni Herman na sumugod sa kanya ang asawa at boong higpit siyang niyakap, —Herman, ngayon higit sa lahat ko natalos na mahal kita...

—Narda, asawa ko...ulitin mo nga uli ang mga katagang iyon...

Isinubsob ni Narda ang kanyang ulo sa dibdib ni Herman at saka marahang nagsalita...

—Oo, Herman, ngayon ko nalamang mahal pala kita! At, patawarin mo ako kung ako ma'y nagkasala sa iyo.

Ibinilanggo ni Herman sa kanyang mga bisig ang katawang basang-basa ni Narda at saka marahang nagsalita...

—Narda, asawa ko...nalalaman ng Diyos na wala kang nagagawang anomang pagkakasala sa akin kaya hindi mo kailangan ang aking patawad!

Ipinikit ni Narda ang kanyang mga mata at saka malayang nagpakawala ng isang buntung-hininga. Ngayon niya natalastas na ang panaho'y isang mabuting guro, sapagka't nagmumulat ito sa mga nilikha sa matamis na KATOTOHANAN sa buhay. At, buhat noon ay natutuhan na niyang iwaglit sa kanyang alaala ang katauhan ni Alberto, ang lalaking muntik nang siyang magbulid sa kanya sa bangin ng kapariwaraan

WAKAS

## BUKAL ANG PAG-IBIG

*(Buhat sa pahina 3)*

Aling Nora.

—Ha! Susmaryosep!

—Parang baliw si Kabesang Tomas nang mabasa ang iniwang sulat ng anak. Ayun at pinagkakaguluhan ang mag-ama sa silid Patay na si Aling Nora, at si Kabesang Tomas ay hindi makausap

—Kalamayin mo ang loob mo, Tomas, narlyan na iyan. Lalong mahirap ang pati ikaw ay maratay, —naaawáng tinapik ng kaibigang manggagamot ang balikat ng naghihinagpis na kabesa.

—Hindi mo nauunawaan. Tutol ang kalooban ni Norang mapakasal kay Lauro. Tinakot ko lamang siya, binantaang itatakwil kaya napahinuhod. Iyon pala'y...

—Walang pinakahahangad ang sinumang magulang kundi ang ikapapanuto ng anak. Kaya huwag mong gaanong pag-iisipin ang nangyari na. Hindi na maibabalik ang nakaraan.

—Kay sama kong ama. Ako pa...ako pa ang naging dahil ng kamatayan ng aking anak.

Ang maputlang sinag ng namamaalam na Araw ay tila bantulot pang lumisan mula sa pagkakadantay sa isang malungkot na larawan: Nag-uukol si Marcial ang nabigong katipán ng isang piping dalangin sa kaluluwa ng babaing nanatiling tapat sa kanilang sumpaan.

WAKAS


## Maganda Ang Buhay...

*(Buhat sa pahina 7)*

Masuyo siyang hinalikan ni Angel sa pisngi. Isa-isang inilabas nito ang mga pagkaing dala: may ubas, mansanas, mamahaling biskwit.

—May bagong pasyente pala rito, —puna ni Angel na matamang pinagmamasdan ang babaing bukud tanging walang dalaw.

—Oo, kanina lamang siya rito.

di sabihin kay Raul ang kinasapitan mo. Alam kong hindi siya magwawalang bahala.

—Kaya ako naparito, mahal ko, ay upang kaunin ka, kayong magina at bigyan ng pangalan ang ating supling, —nagmamakaawa si Raul.

—Sapagka't naawa ka. Dahil nahihiya kang talikuran ang tungkuling ikaw ang dapat umako. Hindi, Raul, hindi na. Alangan kami sa inyo. Mahirap kami gaya ng sabi ng Mama mo, hindi ba? —basag ang tinig ni **Nelya.**

—Sapagka't iniibig kita, Nelya. —taos sa pusong agaw ni Raul. Sapagka't sa simula pa lamang ay talagáng nakahanda akong panagutan ang lahat dangan lamang at nagkaroon ng mga balakid. Mabubuhay tayo sa sarili kong sikap kung subyang sa iyong kalooban ang kayamanan namin. Matitiis kong mawalan ako'ng mamanahin, matitiis kong mamulubi at magbatak ng sariling mga bisig huwag ka lamáng mawawala sa akin, Nelya. Sapagka't higit ka sa lahat ng kayamanán para sa akin. Pupuntahan namin ang ingkong ngayon at bukas ay sabay-sabay na kaming kakaon sa iyo.

x x x

Katulad nang dati ay maagang nagising si Luding. Napangiti siya nang mamulatan si Nélyang ayus na ayos na.

—Magandang umaga sa inyo,— bati nitong masaya.

—Pinakamagandang umaga sa iyo,—ganting bati niya. —Handang-handa ka na pala.

—A, e oho. Maaga ho silang darating.

May kinuha si Luding sa kaniyang mesita. Isang malaking balutan. —Nelya, ito ang gamitin mo para sa iyong anak.

—Naku, e maraming salamat ho, —hindi magkantututo si Nelya sa pagbubukas ng balutan. —O!—bulalas nito pagkakita sa kung ilang dusenang lampin, mga bigkis at baru-baruang pawang nabuburdahan.

Hawak ni Nelya ang mga ito nang bumaling kay Luding. —Nguni't kayo paano?

Natawa si Luding. —Patay nang isilang ang anak ko, nakalimutan mo na ba?

—Hindi ho, ang ibig kong sabihin ay — kung magkakaanak kayong muli e di bibili pa kayo, —hindi malaman ni Nelya ang sasabihin upang pagtakpan ang kaniyang kabiglaanan.

Hinawakan ni Luding sa kamay si Nelya. —Ibig kong iyan ang gamitin mo para sa iyong anak. Parang aláala ko sa iyo. Huwag mo akong alalahanin. Kung ako'y magkakaanák na muli ay ipaghahanda ko ng iba.

Hindi napigilan ni Nelya ang kanyang damdamin. Hinalikan niya sa pisngi si Luding. —Maraming salamat sa inyo, Aling Luding. Idadalangin kong lagi ang pagkakaroon ninyong muli ng anak.

May nadadamang kaligayahan si Luding nang ihatid niya ng huling tanaw si Nelya nang umalis itong kasama si Raul at ang kanyang ingkong.

WAKAS

*ANG SUMPA...!* *(Buhat sa pahina 25)*

ng punglo. Sukat ang sabihing namatay sa oras ng pagtistis at wala na...

—Kung sa bagay,—giit pa rin ng isang reporter. —Nguni't nasaán ang bangkay? Bakit nila itinago at sinabing nawala? Aba, ang bangkay ng isang tao ay hindi parang kasangkapang naitatago ng lihim... Sa bangkay maáaring matuklasan ang anumang nakatagong sanhi ng kamatayan...

—Iyan ang tutoo... —ang patango-tango pang wika ng pinuno ng pulisya. —Nguni't ayon kay Doktor Mirasol, ang kanyang inopera ay si Doktor Andador del Mundo.

—Ang bantog na manunuklas? —ang panabay ng mga reporter.

—Oo, mga kaibigan... Nguni't ang doktor na iyan ay natagpuan namin sa kanyang tahanan na malakas pa sa amin.

—Napagkamalan kung gayon...Samakatuwid, buo pa rin ang aking hinala na iba ang inopera, namatay, at... nawala ang bangkay...

Biglang nagtindig ang puno ng pulisya. Inihagis ang upos na hinihitit, kinuha ang kanyang sumbrero at saka binalingan ang mga reporter na nagkakagulo sa kanyang tanggapan.

—Binigyan ninyo ako ng landas na aking dapat tahakin,—ang patangotangong wika. —Kung tutoo ang sinabi ng nars na nagbabantay na may binantayan siyang malubha; kung tutoo rin ang ulat ng nars sa sala de operasyon na mayroong taong inopera, saan naroon ang taong iyan?.. Maging ito'y patay o buhay ay dapat nilang ipakita sa akin bilang pinuno ng pulisya.

—Sasama kami sa inyo, tsip...—at nagsisunod na rin ang mga kinatawan ng pahayagan.

Dumaán ang maghapon... Sa loob naman ng tahanan ni Doktor Mendoza ay hindi na napag-usapan ang tungkol kay Andy. Maghapon ang matanda na nasa loob ng kanyang tanggapan sa paaralan ng panggagamot. Si Cristina naman, pagkapanggaling sa paaralang pinapasukan ay




"Ako'y matipuno at malakas; Umiinom ako ng SENYORITA!"

Makrema at masaganang gatas condensada marka Senyorita ay pinalalakas at pinagiging matipuno ang katawan! Simulan sa Senyorita ang *inyong* sanggol!

Pasaganain ang inyong pagkain sa pamamagitan ng gatas condensada marka Senyorita. Mainam para sa kape o sa mainit na tsokolate. Gumamit araw-araw ng malinamnam at masaganang Senyorita!




MILKMAID

MM-1-53

SWEETENED CONDENSED MILK

nagpumabad na sa loob ng hardin at inaliw ang sarili sa pagbabasa ng isang nobelang Ingles...

Kung ang ama'y nababahala sa nangyari, si Cristina naman ay lalong naging masigla at panatag. Ang kanyang pagkabatid na si Andy ay malakas at napagkamalan lamang, ay nagdulot sa dalaga ng kasiyahan. Aywan niya kung bakit habang lumalaon ay tila lalong nalalapit ang kanyang kalooban sa binatang dayuhan. Ang katauhan ni Andy na kung magsalita ay buong-buo ang pagtitiwala sa kanyang sarili, ay nakaakit ng pagtingin...

Pusong bata palibhasa, at kasalukuyang tinutubuan ng bagong damdamin, kung kaya't habang lumalaon ay lalong nararagdagán ang kanyang pananabik na may kalakip na paghanga at pagtingin kay Andy.

—Lalong gumaganda ang dapit hapon kung naririto ka sa hardin,—ang kanyang narinig na wika sa likuran.

Napaigtad ang dalaga at biglang binalingan ang nagsalita at nang makilala'y dali-daling tumayo at sumalubong.

—Andy...

—Hindi ba ako nakakaabala sa iyong pagbabasa? —masayang wika ng binata sa dalaga.

—Iyan na nga ba ang ikinakaba ng aking dibdib. Tila may bumubulong sa akin na darating ka...—nakatawang tugon.

—Salamat, Cris.

—Maupo ka... Andy, kumusta?. . . Inaakala kong hindi ka naman labis na nagalit sa kapangahasan ni Crispin na pumasok sa iyong silid?

—Bakit ako magagalit, Cris?... —nakatawang pakli na tinapik pa ang palad ng dalaga na kanyang hawak-hawak. —Iyan ang ibig ko... Magsiyasat... Kailangang siyasatin ang isang suliranin upang matagpuan ang lunas...

—Mukhang nagalit ka... iyan ang hinala ng aking ama...

—At iyan ang sanhi ng aking pagparito ngayon, Cris. Hihingi ako ng pagpapaumanhin sa aking kabiglaanan kanginang umaga. Hindi na ninyo tuloy nakuhang paunlakan ang aking mesa ng agahan.

—Hindi sa gayon, Andy... Ang tutoo, malaman lamang namin na ikaw ay ligtas sa panganib ay nasisiyahan na kami.

—Cris, —ang mahinahg wika ni Andy. —Habang lumalaon ay natutuklasan kong mahirap nga pala ang nagiisa... Kailangan ko ay isang kaluluwang makapagtitiis sa aking... kakaibang ugali. Isang nakatatap ng aking...

—Isang alila o isang katiwala ang ibig mo?... —at pangiti pang itinaas ang kilay.

—Hindi, isang karamay sa hirap at ginhawa, isang kaluluwang magiging karugtong ng aking buhay...


—Uy, romantiko...

—Hindi ako nagbibiro, Cris... Namalas ko sa iyo ang isang pusong maawain, isang kaluluwang walang pakunwari, isang katauhang marunong magtanggol sa mga bintang, pula, at pansin sa isang minamahal at hindi nakikinig sa sinasabi ng iba kundi sa ibinubulong ng kanyang puso... Kaya't kaya't...

—Ano ang ibig mong sabihin, .Andy?...

—Minamahal kita, Cris... At nais kong hingin ang iyong kamay sa iyong ama...

—Tutoo ba ang sinabi mo, Andy?...




—Inaakala mo kayang ako'y nagbibiro?...

Sasagot sana si Cristina nguni't napansin niyang tila may lumalakad na palapit sa kanila.

—Papa...—ang kanyang tawag nang ito'y malapit.

—Cristina, aba, Doktor del Mundo... narito pala kayo?

—Magandang hapon, propesor...—ang wika ng binatang manggagamot.

—Ako'y magpapaalam sana sa aking anak... Nguni't yamang narito kayo ay hindi masamang magbalita tungkol sa nangyari ngayon. Ang direktor ng ospital ay tumawag sa akin at tila sila'y mahigpit na sinisiyasat tungkol sa isang krimen.

—Krimen?... Anong krimen iyon, propesor? —ang tanong ni Andy.

—Ipinalalabas daw ng pulisya ang bangkay o ang katawán ng inopera sa pagamutan. Sa ulat ng sala de operasyon ay may ipinasok at tinistis sa silid ng tistisan. Ayon sa ulat ng pulisya ay may ipinasok na isang taong nabaril at malubha. Dahil sa hindi mailabas ang katawan ng maysakit, ang buong ospital ay nasa ilalim ng pagsisiyasat.

—Isang malaking eskandalo!... —ang namutawi sa bibig ni Cristina.

—Oo, iha... Ang ospital na iyan ay tumanda na sa matapát na paglilingkod sa bayan. Ngayon ay kakaladkarin ng mga pahayagan ang pangalan nito sa isang mahiwagang pangyayaring hindi madalumat ng isip ng tao...

—Nguni't papa... Paano ang...

—Kung sila'y may inopera, daan ng katwiran na ilabas ang taong inopera kung ito'y buhay; o kung namatay naman sa sala de operasyon, bakit nila itatago, ililihim at ipagkakaila? Lumalabas na may kasalanang dapat huwag ipagmakaingáy...Iyan ang malubhang suliranin ng ospital...

Matagal na hindi umiimik si Andy, nguni't nakangunot ang noo at nagtitiim ang bagang.

—Ano ang palagay mo, Andy? —tanong ni Cristina na napakapit sa bisig ng binata.

—May katwiran ang pulisya na humanap ng *"corpus delicti"*... Kung sila nga naman ay may inopera nasaan ang inoperang iyan? Kung namatay, bakit nga naman itatago ang bangkay kung walang nangyaring dapat na ilihim...

—Nalalagay ang ospital sa masamang pangalan ngayon, —hinagpis ni Cristina.

—Buweno, maiiwan ko muna kayo, doktor... —at kinamayan ni Doktor Mendoza si Andy. —Magtutungo lang ako sa ospital at titingnan ko kung ako'y may magagawang tulong...

Matagal nang nakaalis ang matandang propesor ay hindi na nagbalik ang kasiglahan ni Andy sa pag-uusap nila ng dalaga. Madalas na makita ni Cristinang nakatungo at nakatitig sa lupa na tila may malubhang bagay na iniisip.

—Andy... bakit?... Tila nawalan ka ng sigla...?

—Tungkol sa... tungkol sa ibinalita ng iyong papa...

—Inaakala mo kayang hindi nila malalabasan ang suliraning iyon?...

—Maáari, Cris.. Maaári...—at saka marahang tumayo sa pagkakaupo.

—Nguni't paano? Sino ang sasaksi sa kanila na magpapaliwanag sa nangyari?

Tinapik ni Andy ang palad ng dalaga at saka masuyong hinagkan...

—Ipinangangako ko sa iyo na iuurong ng pulisya ang kanilang pagsisiyasat. Sabihin mo sa iyong ama na pumanatag at walang mangyayaring anuman... Ang ospital ay magpapatuloy sa kanyang magandang pangalan...

—Paano ang iyong gagawin, Andy...?

—Ako ang bahala... Magtiwala ka sa akin...

(ITUTULOY)

## KATULAD NG ISANG...

*(Buhat sa pahina 15)*

kita rito, e...

—Raul, —ang nakangiti na ring wika ni Didang. —Bakit ka naparito?

—Upang dalhin sa iyo si Carlota, Didang. Upang sabihin sa iyong siya ay magaling na... ang aking anak na walang nakikilang Ina.

Nang yumakap ang bata sa leeg ni Didang ay isang daigdig ang natanawan niyang bumaba mula sa kawan ng kukuti-kutitap na mga bituin. Isang daigdig na naghandog sa kanya ng isang bagay na kailan ma'y hindi pa nagiging kanya at inakala niyang hindi na magiging kanya sa habang panahon.

WAKAS

## NASA NAYON...

*(Buhat sa pahina 11)*

nang iyan mapagbiro.

x x x

Lumipas ang mga ilang araw. Si Delfin at si Elsa ay naging mabuti nang magkaibigan. Hindi na nayayamot si Elsa sa mga biro ni Delfin; unti-unting nasanay na rin siya sa pagkapalabiro ng binata kaya siya man ay natuto na rin gumanti ng biro sa kapuwa biro. Sa panunungkit ni Elsa ay si Delfin na ang kanyang kasakasamá, anuman ang gawin ni Elsa ay katukatulong si Delfin.

Natutuwa naman ang matandang ale ni Delfin sa nakikitang masaya at mabuting pagsasamahan ng dalawá.

Patuloy ang takbo ng mga araw at patuloy rin naman ang pagkakahulihan ng mga kalooban ng isa't isa.

Habang nagtatagal si Delfin sa tahanan ng kanyang ale ay lalo niyang napatutunayán sa sarili na inaangkin ni Elsa ang mga katangiang hinahanap-hanap niya sa isang babae. Sa isang salita'y si Elsa ang kabuuan ng kanyang mga pangarap. Si Elsa ang babaing nais niyang ihatid sa dambana. Nguni't wala siyang lakas ng loob na pagtapatan ito. Natatakot siyang biguin ng dalaga at mawala ang pagtitiwala nito sa kanya.

Sa kabilang dako ganito naman ang nagiging damdamin ni Elsa sa binata. May lihim siyang pagtatangi kay Delfin, nguni't ang pagtatanging ito ay mananatiling lihim sa kanyang puso habang hindi niya natitiyak na ang binata ay wala pang katipan at siya lamang ang maáaring mahalin at ibigin nito.

Isang hapon, si Elsa ay nagwawalis sa bakuran. Nag-iisa noon si Delfin sa bahay kaya naisipan nito ang maglibang sa pagbabasa ng Bulaklak. Nagtindig siya sa pagkakaupo at tinungo ang silid ng dalagá upang kunin ang Bulaklak na kani-kanina lamang ay binabasa ng dalaga bago ito nagwalis.

Nang palabas na sana siya at kipkip na ang Bulaklak ay namataan niya ang maliit na tála-arawan ni Elsa na marahil ay nalimutan at naiwan sa ibabaw ng mesita. Wala sa loob na binuklat niya at sa isa sa mga dahon ng tala-arawan ay nabasa niya ang ganito:

"Kay Delfin ko nakilala ang pag-ibig. Nguni't ito'y mananatiling lihim sa aking puso hanggang hindi ko naririnig sa kanyang mga labi na ako ay kanyang iniibig."

Madaling ibinalik ni Delfin sa dati ang tala-arawan ng dalaga at hindi na tinapos basahin ang iba pang nakasulat duon at siya'y nagmadaling lumabas upang huwag malamán ng dalaga na ito'y nabasa niya.

x x x

Nang magdamag na yaon ay halos hindi nakatulog na mabuti si Delfin sa laki ng kasiyahang nadarama sa kanyang puso.


Tinutulungan ni Elsa ang kanyang ninang sa paghihiwa ng mga gulay nang umagang iyon nang sa lalabas si Delfin.

—Bayaan na ninyo tiyang at kami na ni Elsa ang gagawa nito. Kayang kaya na naming dalawa ito. Pumasok na kayo sa loob, —at kinuha ni Delfin sa kamay ng matanda ang maliit na kutsilyo.

—Siya dale, kayo na ang bahala. Kanina pa nga ako nangangawit e, hindi ko lamang maiwan itong mag-isa kay Elsa.

Nang wala na ang matanda hinawakan ni Delfin ang kamay ng


**Masdan! Kay tipid para sa inyo!**




**Makapagluluto kayo ng 100 pagkain para sa isang tao sa isang lata ng BAGONG MAYON!**



Mayon! Pinaka-dalisay, pinaka-malinaw, pinaka-matipid! Lahat ng kabutihan sa panlutong langis ay inyong matatamo sa Bagong Mayon!

Mga subok na pagluluto (ginamitan ng karne, isda at gulay) ay nagpatunay na 1 "pintang" lata ng Bagong Mayon ay nakaluluto ng higit sa 100 hustong pagkain para sa isang tao! Opo, Mayon ay talagang matipid... maaaring ulit-ulit na gamitin.

At sa Mayon, hindi kailangang kayo'y maging "magaling" sa pagluluto upang makapagdulot ng masarap na pagkain. Mga pagkain ay likas na sumasarap pag niluto dito sa pinaka-mainam, pinaka-malinaw na panlutong langis! *Gumamit ng Bagong Mayon para sa lalong malasa, mas matipid na pagluluto!*

*PINABUTI! BAGO!*
*Ngayon ay pinaka-malinaw pinaka-dalisay,*




*pinaka-mainam na panlutong langis para sa pagpiprito at pag-gigisa!*

Copyright PMC 1953

dalaga.

—Elsa, maniwala ka kaya kung ako'y may ipagtapát sa iyo?

—Aba aba, ano bang pumapasok sa ulo mo. Huwag ka ngang makaabalá. —at iniwaksi ang kamay ng binata. —Puro ka naman biro e.

—Elsa, huwag mo sanang akalain sa mga sandaling ito'y nagbibiro pa ako. Huwag mo sanang ipalagay na pagbibiro ang aking ipagtatapat sa iyo ngayon. Iniibig kita Elsa at ako'y nahahandang pakasalán ka kahit na anong oras na marapatin mo.

Napatingin si Elsa sa mukha ng binata at nasinag niya sa mga mata nitong walang kurap na nakatitig sa kanyá ang katapatan sa mga ipinahayag.

—Kahit na ako ay isang mahirap lamang? Hindi mo ako ikahihiya, Delfin?

—Isinusumpa ko sa iyo Elsa, na ipagmamalaki pa nga kita.


—Anong ligaya ko Delfin, —at napayakap siya sa binata. —Ako na ang pinakamaligaya at mapalad sa pag-ibig mo Delfin.

—Ako man Elsa ay itinuturing kong mapalad sa dilang mapalad pagkat NASA NAYON LAMANG PALA ang babaing kay luwat kong pinangarap na makatali sa habang buhay.

Lalabas sana noon si aling Lilay dahil may naalaláng sasabihin kay Elsa nguni't naudlot ang matanda nang makitang nasa mga bisig ni Delfin ang dalaga.

—Kaya pala. Kaya pala ako pinalitan ng putris na batang ito. Hmm, talagang saragate ang Delfing ito, —at napapailing na bumalik na uli sa loob ang matanda.

WAKAS




## Liligaya Ka Rin

*(Buhat sa pahina 13)*

—Fred, ako'y isang...

—Ano iyon, Dinia?

—Isang babaing nagtatampisaw sa putikan...isang kaluluwang maagang napaligaw sa landas ng buhay.

—Dinia, liwanagin mo nga ako!

—Oo, Fred...ipinagtatapát ko sa iyong ako'y isang babaing kasuklam-suklam, sapagka't....

—Ano...? —nananabik ang tinig ni Fred.

—Isang babaing marumi... sapagka't ginagawa ko lamang laruan ang pag-ibig kaya sa katotohanán ay...

—Ano...? Ano iyon, Dinia...?

—Isang lalaki, ang pinagkatiwalaan ko ng boo kong kayamanán sa buhay, sa paniniwalang ako'y kanyang pakakasalán... at ngayon, ang kasawiang iyon ay siyáng dinadalá ko ngayon sa buhay... —huminga ng malalim si Dinia at saka nagpatuloy, —Fred, ako'y malapit nang maging ina.

Napatigagal si Fred. Parang tinaga ang kanyang mukha. Naging para siyang tuud na walang katinag-tinag sa pagkakatayo.

—Kaya, Fred...huwag mong bayaang tawanán ka ng ibang nilikha sa mundong ito...kung mahal man kitá, ay hindi ko maaaring ipaangkin sa iyo ang bunga ng pagkakamali ko sa pagtitiwala sa ibang lalaki. Fred, utang na loob...layuan mo na ako at limutin kung maáari!

Napahagulgol ng iyak si Dinia. Itinakip ang kanyang mga palad sa kanyang mukha at saka nanángis. Mayamaya ay naramdaman niya ang maiinit na kamay ni Fred na dumantay sa kanyang katawan at.... nang itingala niya ang kanyang mukha ay nasumpungan ng kanyang mga hilam na mata ang nagniningning na tingin ni Fred...

—Dinia, ngayon higit sa lahat kailangan mo ang aking pag-ibig... ang aking pagmamahal at ang aking...

—Fred...

—Dinia, nakahanda ako upang ihatid ko sa dambana kahi't maging hantungán ako ng paglibak ng mga malabigá, sapagka't ngayon ko lalong natalos na ikaw ang mahal ko at pakakaibigin hanggang sa katapusan ng daigdig.

Nagkatinginan sina Nora at si donya Marta na malaon nang nanunubok sa pag-uusap ng dalawa. Nakita ni donya Marta ang pamumuo ng luha sa dalawáng sulok ng mga mata ng anak na natutong magising sa gayong matamis na katotohanan ng buhay. Nang lumingon sila sa may likuran ay nakita nilang nakatayo naman si don Alberto. Biglang tinakasan ng kulay ang mukha ng mag-ina. Nanlilisik ang mga mata ni don Berong, nguni't nanatiling mahinahon ang matandang lalaki.

Sa marahang hudyat ng matandang lalaki ay sumunod ang mag-ina. Hindi malaman ni Nora ang gagawin sa harap ng ganyang pangyayari at ngayon lamang nagbangon sa kanyang puso ang maraming araw na lumipas nang kaniláng pinagmamalupitáng mag-ina ang kahabag-habag na si Dinia. Nang malayo na silang tatlo ni don Berong ay patiluhong siyang yumakap sa mga hita ng matandang lalaki at humingi ng tawad.

—Papa, patawarin mo ako... sa mga narinig kong sinabi ni Diniya kay Fred ay nagising ang makasalanan kong pagkatao... papa, hindi tutoo ang mga sinabi ni Dinia kay Fred...ginawa nya ang gayon dahil sa pagtupad lamang niya sa mga ipinag-uutos ko sa kanya. Papa, ngayon ko nalamáng dakila si Fred, at ang dakila niyang pag-ibig ay karapat-dapat lamang sa lalong dakiláng pag-ibig ng aking kapatid.

Si donya Marta ay napaiyak na rin sa sinabi ng kanyang anak. Niyakap niya si don Berong at humingi rin ng tawad.

—Asawa ko, —wika ni donya Marta, —ako man ay humihingi rin ng tawad sa iyo.

Kapwa naman niyakap ng matandang lalaki ang dalawa niyáng mag-ina na kapwa nagsisisi. Hinagkan niya ang dalawa na kasabay ng kanyang pagpapátáwad.

—Nora, ang wika ni don Berong sa anak na lumuluha at nagsisisi, —LILIGAYA KA RIN, sapagka't bukas-makalawa ay masusumpungan mo rin ang isang tapat mong mangingibig sa landás na tataluntunin mo sa buhay.

Sa mga binitiwang kataga ng matanda ay naramdaman ni Nora na nakalutang na sa kaligayahan ang kanyang pusong dati-rati áy gahaman, ganid at malupit sa kanyang kapatid.

WAKAS



## PITAK NG KAHILINGAN

## MGA BAGONG AWITIN

ni *EMMA MARIA CRISTINA*

### PRETEND

Dedicated to cadets Placido Buhay, Bernardo Mendoza, Avelino Cruz, Benjamin Aviles, Ray Talvi, Felipe Roxas, Dante Pantaleon Catalino Reyes, Montalvo and Dulay of FOX Company, Second Provisional Batallion Itu, RTC, PATC, Fort William Mckinley, Rizal.

Pretend you're happy when you're blue
It isn't very hard to do
And you'll find happiness
Without an end whenever you pretend
Remember anyone can dream
And nothing bad as it may seem
The little things you haven't got
Could be a lot if you pretend
You'll find the love you can't share
One you can call all your own
Just close your eyes you'll be there
You'll never be alone
And if you sing this melody
You'll be pretending just like me
The world is mine it can be yours
My friend so why don't you pretend.

### YOU ARE

Lovingly dedicated to Miss Lita Villarino of Caloocan High School by Felipe J. Goco of the University of the East. To my friends namely: Mr. Abundio Galera, Jose Caberto, Jose Canonizado, Silverio Pimentel, Justiniano Fernandez, Candida Balin, Amanda Drapete, Rose Tijano, Adelaida Clemente, Lorenza Tinonas, Juliana Rimando, Leona Venoya, all of them are studying in University of Manila by Puring Cabanig of Dagupan City Memorial College.

You are my dream come true
You make my sky so blue
Make me your willing slave
No matter what just love me evermore
For in this world of ours
Though dreams come true
Some other passing hears
May call out to you don't leave me
You are my dream come true
You are my heart's desire
Take me to paradise
I can't deny I'd die
For want of you.

### I'LL NEVER LEAVE YOU

(This song is heartily and lovingly dedicated to "Dyey-Ar" F. E. U. from some one who really care. Whole heartedly dedicated to "Es-Ech" of M.I.T. on the occassion of his birthday June 7, 1953 by ::Y.D.", and especially to Miss Valeriana B. de Leon, Ine and Karion of Tanawan, Bustos, Bulacan — By your cousin.)

I'll never never leave you
My heart is saying
I'll always be beside you
Each day at dawning
And as the years go by
Though you are far away
You'll find me waiting here
To let you take my hand
I'll never leave you
We'll always be together
We'll keep on dreaming
Our love will live forever
Through years remaining
And when you're old and gray dear
You won't be all alone
I'll always be the same
I'll never never change
I'll never leave you.



*Si Bb. Rosa S. Sanqui, halal na Reyna ng Sta. Rosa, Nueba Esiha, ay makikita nang sandaling pinuputungan ng korona ni Alkalde Ocampo ng Lunsod ng Kabanatuan, kaugnay ng pagdiriwang na ginanap nuong ika-23 ng lumipas na buwan.*

### I DON'T CARE

(Mercury Record—Vic Damone)

I don't care if the sun don't shine
And I don't care if the moon goes blind
tree
Long as I'm yours and you are mine
I don't care if the sun don't shine
I don't care which a-way the wind blows
And I don't care
Which the river ever flows
Long as you're mine and I am yours
I don't care which a-way the wind blows
I'll live from day to day
Happy as can be
I'll go my merry way
Happy as a lurk in a sycamoe
Oh I don't care if the skies ain't blue
And I don't care if my suiting is new
As long as I know that you love me too
I don't care if the skies ain't blue.

### MADNESS IN MY HEART

Oh darling taka me in your arms
And listen to the beating of my foolish heart
I've never had someone to love before
So darling won't you love me more and more
Oh hold me till the break of dawn
Don't ever let this thrill be gone
I promise you I'll never ask for more
So darling take me in your arms
And let me kiss you with
This madness in my heart.



*Ang larawan sa itaas ay kuha pagkatapos ng kasal nina G. at Gng. Angel L. Ramos (dating Lucila S. Tuazon). Ang lalaki ay tubo sa Pulilan, Bulakan, at taga Sta. Clara, Sta. Maria, Bulakan naman ang babae.*

*Ang nasa larawan: (Nakaupo) ang mga ikinasal; ikalawang hanay: Pilar Lopez at Juan Banag, sa likuran: Gng. Iluminada Florcruz-Beltran ng Malolos at G. Laureano Avendaño ng Plaridel, Bulakan.*

### MARIA DOLORES

Dios te ha dado la gracia del cielo Maria Dolores
Y en tus ojos en vez de miradas hay rayos de sol
Dejame que te cante, morena de mis amores
Un bolero que enzalce tu garbo que es tan español
Ole, ole te muevas mejor que las olas
Y tienes la gracia del cielo
La noche en tu pelo, mujer española
Ole, ole tus ojos son tan pintureros
Que cuando los miro de cerca
Prendido en su embrujo soy su prisonero
Ole, ole envidia te tienen las flores
Que llevas esencia en tuentrano
Del aire de España, Maria Dolores
Ole, ole por linda y graciosa te quiero
Y en vez de decirte piropo
Maria Dolores
Te Canto un Bolero, Ay, Ay, Ay, Ay, Ay.


BAGAMOT
ARAMBULO
PINAHIHIRAPAN KAYO NG UBO?
Uminom agad ng BAGAMOT! Sa unang pag-inom pa lamang ng BAGAMOT ay makakaramdam na kayo ng kagyat na ginhawa. Pagkat ang Bisa ng BAGAMOT ay subok na noon pa mang bago magkadigmá—ang BAGAMOT ay para sa mahigpit na Ubo at sa mga Ubong sanhi ng bronkitis, pulmonia at asma o Hika.
MABIBILI SA MGA BOTIKA
ARAMBULO PRODUCTS, INC.
236 Moriones, Tundo, Maynila


tansong LAWIN
IKA-10 labas
ANG Nakaraan
DAHIL SA PANGAMBA NI MANG ANDRO NA PAKASAL SI LUMEN KAY DON GUSTAVO, SA KABILA NG KAWALAN NG PAG-IBIG NG DALAGA SA MATANDA AY PALIHIM NIYANG PINUNTAHAN SI MARIO UPANG SA TULONG NITO AY HUWAG MATULOY ANG MAAARING GAWIN NI LUMEN...
KINAUMAGAHAN KINAUSAP NI MARIO SI LUMEN SAMANTALANG PATUNGO ITO SA ILOG UPANG MAGLABA...
KUNG GUSTO MO AKONG KAUSAPIN AY BAKIT MAMAYANG GABI PA ? BAKIT HINDI PA NGAYON ? PINANANABIK MO PA AKO...
HINDI SA GANOON... KAYA LAMANG, ANG AKING SASABIHIN AY HINDI ANGKOP SA PAGKAKATAONG ITO...
Katha at Guhit ni REDONDO
ANO KAYA ANG SASABIHIN NITO ?... TUNGKOL KAYA KAY DON GUSTAVO ?... IBINALITA AYA SA KANYA NI TATANG ANG BAGAY ...ON ?
SAAN TAYO MAGKIKITA...?
MAGSASADYA AKO SA INYO...
KINAGABIHAN...
MABUTI YATA'Y DOON TAYO SA LABAS... MASYADONG MAALINSANGAN DITO...
OO, NGA, TAYO NA...


NANG MAKA-PANAOG NA ANG DALAWA...
LUMEN, HINDI NA AKO MAGPAPALIGUY-LIGOY... MARAHIL, NATATANDAAN MO PA ANG SUMPAAN NATING KAHIT NA ANO'NG MANGYARI, TAYONG DALAWA'Y MANANATILING NAGMAMAHALAN AT PAGDATING NG ARAW AY PAKAKASAL TAYO.!.
HINDI! AKO NAKALILIMOT...
—NANGANGAMBA AKONG BAKA HINDI MATUPAD ANG SUMPAAN NATING IYAN... 'PAGKA'T SA KATOTOHANAN AY MALAKI ANG AGWAT SA KABUHAYAN NINA MARIO AT DON GUSTAVO ARAGON...
MARIO.! NALALAMAN MO NA ?.!
OO, TALOS KO NA... NGUNI'T HINDI KITA SISISIHIN KUNG SAKALI'T MAGING MAGKAPALAD KAYO NI DON GUSTAVO... SINO ANG MAKAPAGSASABI, BAKA KUNG AKO ANG NASA LAGAY MO AY GANYAN DIN ANG GAWIN KO...
HUWAG KANG MAGSALITA NG GANYAN...
HALOS PAANAS NA NAGPATULOY ANG DALAGA...
MARIO, INIIBIG KITA... PINAKAIIBIG KITA... NGUNI'T HIGIT SA KALIGAYAHAN KO AY HIGIT NA MAHALAGA ANG TUNGKULIN KO KAY TATANG...
AT INAAKALA MONG MAKATUTUPAD KA SA TUNGKULING IYAN SA PAMAMAGITAN NI DON GUSTAVO ?
AT SA BIGLANG SIMBUYO NG PAGDARAMDAM AY SINUNDAN NI MARIO ANG KANYANG SINABI NG MGA PANGUNGUSAP NA MATAPOS NIYANG SABIHIN AY AGAD NIYANG PINAGSISIHAN...
HINDI KO AKALAING DARATING ANG ARAW NA MASISILAW KA SA KISLAP NG SALAPI.! AT HUWAG MO NANG IDAHILAN ANG IYONG AMA... HINDI SIYA UHAW SA URI NG KARIWASAANG NASASA ISIP MO.!
NASAKTAN SI LUMEN SA MGA SINABING IYON NG BINATA... NANGINGINIG NIYANG NILAPITAN ITO, AT...
LAPASTANGAN.!
SPLAK
NANLILISIK ANG MGA MATA NI LUMEN NA NAGSALITA...
IKAW NA RIN ANG BUMUO SA AKING PASIYA SA SINABI MONG IYAN.! PAKAKASALAN KO SI DON GUSTAVO... NAIINTINDIHAN MO ? PAKAKASALAN KO.!
HINDI NA KAYA MAGBAGO ANG PASIYA NI LUMEN ? TULUYAN NA KAYA SILANG MAGKAHIWALAY NI MARIO ?
ITUTULOY


Medalyon
IKA-37 labas
ANG Sinusundang KABANATA
SA RANCHO VILLAREAL, TAONG 1850 NOON, ISANG PALIGSAHAN SA PAGTUDLA NA LALAHUKAN NG DALAWANG ANAK NI DON AUGUSTO VILLAREAL ANG KASALUKUYANG SINISIMULAN. MATAPOS PANGARALAN ANG MAINIT AT BUGNOT NA SI ROLANDO, INIHUDYAT NG DON ANG PAGSISIMULA SA PALIGSAHANG IYON NA SA MAGWAWAGI'Y GANTIMPALANG IBIBIGAY ANG ISANG MEDALYON...
PAGBUTIHIN MO ROLANDO!
Katha at Guhit ni ZUÑIGA
KINALABIT NI ROLANDO ANG GATILYO...NAGAWAK ANG TARGET... TATLONG DALI MULA SA GITNA!
SUPERIOR! NGAYON, IKAW NAMAN, DANTE...
NAPATINGIN PA MUNA ANG NAKABABATANG SI DANTE KAY ROLANDO...AT SA MGA MATA NITO'Y NABASA NIYA ANG ISANG...PAGBABANTA...!
KAYANG KAYA KONG PATAMAAN SA GITNA ANG TUDLAANG IYON... MASAMA LAMANG ANG AASALIN NA NAMAN NITO, E...! MAGPAPATALO NA AKO!


AT...
BANG
NAKA! MALAYO! PANALO AKO! AKIN ANG MEDALYON!
AT SA DIBDIB NGA NI ROLANDO'Y ISINABIT NI DON AUGUSTO ANG GANTIMPALA...
TANGGAPIN MO ANG MEDALYONG ITO...IYA'Y SAGISAG NG IYONG TAGUMPAY! BINABATI KITA, IHO!
GRACIAS, PAPA...!
AT MAGBUHAT NOON, LAGI NANG IPINAGMAMAGALING NG BINATILYO ANG KANYANG MEDALYON... HANGGANG ISANG ARAW...
IPINAGMAMAGALING MO IYAN PERO ANG TUTUO, NAGPATALO LANG SA YO SI DANTE, A! ANO'NG MAGAGAWA MO SA KANYA SA PAGTUDLA?
AH! GAYON, HA?! NAHAN ANG HAMBOG NA DANTENG IYAN?!
NAGNGINGITNGIT NA HINARAP NI ROLANDO SI DANTE... AT NANG MAKITA NIYA ITO, AY...
HAMBOG KA, HA?! ANO IYONG SABI NI PEDRONG NAGPATALO KA RAW KAYA AKO'NG NAGKAMIT NG MEDALYON?
ABA, KUYA ROLANDO! WALA NAMAN AKONG...
TALAGANG UUNDAYAN NA NG SUNTOK NI ROLANDO SI DANTE NGUNI'T SIYANG PAGDATING NG ISANG LALAKING NAKAKABAYO, AT...
HUWAG ROLANDO!
SINO KA'T BAKIT MO AKO KILALA?!
MUKHANG MORO, KUYA...!
SA-DARATING NAMAN NOON SI DON AUGUSTONG KAPAGKARAKA'Y NAKAKILALA SA TILA MORONG PANAUHIN...
ALI! MADRE MIA, IKAW NGA! DALI, HOMBRE, TAYO NA SA ITAAS! MALAYO PA ANG PINAGBUHATAN MO!
HOLA, DON AUGUSTO!
SINO SI ALI AT ANONG PAPEL ANG GINAGAMPANAN NIYA SA KASAYSAYANG ITO?
ABANGAN ang KARUGTONG!

# PATAWARIN mo po AKO

Nobela ni EPITACIO REYES TAN
Isinalarawan ni COLLADO




MINABUTI NI TIYA PISIYANG NA KAUSAPIN ANG PAMANGKIN.
TILDE, HINAHARANA KA, PAANO BA ANG MABUTI NATING GAWIN?..
MAY SAKIT PO ANG TATANG. HIHINGI NA PO LAMANG AKO NG DESPENSA SA KANILA.
NARIRITO AKO'Y MANGYARING DUNGAWIN ABANG ALIPIN MONG TAPAT SA PAGGILIW, SILAY NG MUKHA MO'Y TUWANG ITUTURING... MATILDE, MATILDE, AKO'Y PAGMALASIN.
NABUKSAN ANG BINTANA AT DUMUNGAW SI MATILDE NA MAY HAWAK NA LANTERNA.
MAGANDANG GABI PO.
MAGANDANG GABI PO NAMAN, DESPENSAHIN PO NINYONG HINDI KAYO MAANYAYAHAN, MAY SAKIT PO ANG TIYO KO.
MAGPAIBANG ARAW NA PO SILA.
HINDI PO BALE, MAGPAPAALAM NA PO KAMI.
SAMAHAN PO SILA NG DIYOS.
ANG MGA NAGSIPAGHARANA ANG PINAG-UUSAPAN HABANG LUMALAKAD SILANG PAPAUWI...
NAPAKAGANDA NGA PALA NG MATILDENG IYAN.
SIYANGA, AT HINDI MAN TAYO PINAAKYAT AY HUMINGI NAMAN NG DESPENSASYON, ANO HA?...
HINDI RIN LUGI ANG PAGKAAWIT KO PINAKABUTI-BUTI KO MAN.
SI MATILDE, GAYONG MALUWAT NANG NAKAALIS ANG MGA NAGSIPAGHARANANG HINDI INANYAYAHANG UMAKYAT, AY HINDI DALAWIN NG ANTOK AT PABILING-BILING SA KINAHIHIGAN.
BAKIT BA HINDI AKO MAKATULOG? BAKIT BA SUMISILID SA ISIP KO ANG BAGAY NA ITO?...
ANO KAYA ANG PUMASOK SA ISIP NI MATILDE AT HINDI NA SIYA DALAWIN NG ANTOK?... MAY KINALAMAN KAYA SA MGA HUMARANA SA KANYA?
ABANGAN ANG KARUGTONG!


IKA-25-LABAS
DUWAG
ANG NAKARAAN
PINAKYAW NA LAHAT NI ARTURO ANG MGA ISDANG HULI NG MGA TAGA SAN BARTOLOME UPANG BULUKIN LAMANG BILANG PAGHIHIGANTI, NGUNI'T NAPINSALA ANG MGA MAMAMAYAN NANG ARAW NA YAON. SA PAMAMAGITAN NI LOLITA AY NAPAHINUHOD ITONG HUWAG NANG TUTUNGO SA PONDUHAN NG ISDA. NANG MANAOG ANG HATOL NG HUKUMAN AT PAWALAN NG SALA SI RAMON AY IPINASIYA NI LOLITANG PAKASAL ITO...
NARINIG KO ANG SINABI MO, ATE... TOTOO BANG PAKAKASALAN MO SI MONCHING?
UTANG NA LOOB, NORA... PUMASOK KA SA IYONG SILID!
NOBELA NI LADISLAO BELLA SUBANG
NANG MAPAG-ISA NA SI LOLITA'Y HINDI NA SIYA NAKATIIS...
YAYAMANG HINDI SIYA NAPARUSAHAN NG BATAS AY AKO ANG MAGHIHIGANTI SA KANYA. PAKAKASAL AKO SA KANYA AGAD!
GUHIT NI BEN S. MANICLANG
KINABUKASAN, SI RAMON AY HINDI HALOS MAKAPANIWALA NANG SUMALUBONG SA KANYA SI LOLITA AT...
MARAMI KA BANG HULI, RAMON?
LOLITA!
ANG PAGBABAGONG BIGLA NI LOLITA TUNGKOL KAY RAMON AY IPINAGTAKA NG MGA TAGA SAN BARTOLOME. KAYA...
MATUTULOY NA TRINING ANG MALAKING PONSIYON... TINGNAN MO SI RAMON AT SI LOLITA!
E..E... DI SA SALAMAT NAMAN!
LIHIM NA INILUHA NI TRINING ANG NASAKSIHAN NIYANG IYON KAYA...
DIYAN KA NGA MUNA KARDO. SASAGLIT LAMANG AKO SA BAHAY!
BAKA KUNG ANO NA IYAN, A...


SAMANTALA, SI LOLITA NAMAN AY NAGING MAGILIW NA KAY RAMON AT NANG SILA'Y MAGHIWALAY AY...
KUNG GAYON AY UUWI NA AKO, HUWAG MO SANANG KALILIMUTAN ANG SALITAAN NATIN!
MAKAKALIMUTAN KO ANG AKING PAGHINGA, NGUNI'T ANG INAASAM KONG ARAW NA YAON AY HINDI KAILANMAN, LOLITA!
TANGHALI NA NANG DUMATING SA KANILA SI LOLITA, SUBALI'T...
MAY NAKALAP AKONG MGA BAGONG KATIBAYAN LABAN KAY RAMON. IPAGHAHARAP NATIN SIYA NG BAGONG SAKDAL!
AKALA KO BA'Y NAG-AARAL KA NG ABUGASIYA, ARTURO? MAAARI BANG ISAKDAL NANG MAKALAWA ANG ISANG TAO SA IISANG KASALANAN? AT SAKA, PAKAKASAL NA KAMING DALAWA SA ISANG BUWAN!
BIGO AT WALA NANG PAG-ASA, SI ARTURO'Y NAGPAMALAS NG KARAHASAN...
PAKAKASAL SA ISANG BUWAN? NAGLULUKSA KA PA, LOLITA!
SI RAMON ANG TANGING LUNAS SA DINADALA KONG DALAMHATI!
HINDI KATULAD NG DATI, SI LOLITA'Y NAGPAMALAS NG TIGAS NG LOOB SA HARAP NG MGA PAGTUTOL NI ARTURO, KAYA PAGKARAAN NG ISANG BUWAN AY...
BAKIT NGA BA, "BOSS" HINDI KA DUMALO SA KASAL NI LOLITA?
SI LOLITA? KASAL? HIK...IBIG KONG MALIMOT SI LOLITA!
SAMANTALA SA TAHANAN NINA LOLITA...
NGAYO'Y WALA NA KAYONG MAISUSUMBAT SA AKIN, INANG. KASAL NA KAMI NI RAMON!
NASA MGA PALAD MO ANG KALIGAYAHAN NG AKING ANAK, IHA!
NAPARAM ANG AGAM-AGAM NI ALING MARIA NANG MAKITA NIYANG MAGKAYAKAP NA PUMASOK SA SILID ANG BAGONG KASAL, SUBALIT NANG LUMABAS ULI SI RAMON AY...
HANGAL NA RAMON. AKALA MO NGA YATA'Y MINAMAHAL KITA. NGAYO'Y MAGBABAYAD KA SA AKING MGA KAMAY...
ANO KAYA ANG BINABALAK GAWIN NI LOLITA?
ITUTULOY


Si "JUNIOR," ang SANGGANO
IKA-11 LABAS
Nobela ni JESUS S. ESGUERRA
NAKARAAN:
SINA JUNIOR AT ANG KANYANG MGA KASAMA AY PINATULOY NI TILDE, NGUNI'T PAGKARAAN LAMANG NG ILANG SANDALI AY NAGKAGULO NA SA LUPA... MAY SUMIGAW NG MAGNANAKAW... HARANG... SA LUPA AT MAYAMAYA PA'Y ISANG PULUTONG NG MGA TAONG MAY HAWAK NA KUNG ANU-ANO ANG NAGTUNGO KINA TILDE...
HINARAP NG AMA NI TILDE ANG ISANG LALAKI AT...
HINTAY KAYO!
KAIBIGAN, BAKA KAYO NAGKAKAMALI... KANINA PA NARIRITO ANG AMING MGA PANAUHIN NANG MANGYARI ANG GULO SA LABASAN...
SILA RAW ANG TALAGANG KASAMA NG MGA MAGNANAKAW...
HUWAG NINYONG DAANIN SA INIT ANG USAPANG ITO, MGA KAIBIGAN... KAMI'Y NAPARITO UPANG MAGHARANA HINDI UPANG MANGGULO...
BUROT ANG TAONG IYAN!
BAYAAN MO SIYANG MANAOG NANG MAKITA ANG HINAHANAP...
MABILIS NA HUMADLANG SI TILDE...
UTANG NA LOOB, HUWAG KAYONG MANAOG...
BAYAAN NINYO, ALING TILDE, NANG MAKITA NILA ANG KANILANG HINAHANAP...
ISANG LALAKI SA LUPA ANG NAGPUKOL NG KAHOY AT SA KASAMAANG-PALAD AY TUMAMA SA ULO NI TILDE...
HAYAN, HAMBOG!
DIYOS KO!
ABA, TALAGANG IBIG NINYO NG GULO!
PARANG KIDLAT NA LUMUNDAG SI JUNIOR AT NAUNDAYAN NG SUNTOK ANG NAGPUKOL NG KAHOY...
TALAGA KANG... O, ETO ANG IYO!
TANO, TURNE... PAGKAKATAON NA NATIN ITO...
UGOK!
IBIG NINYO NG GULO...
BOG


AT NAGSIMULA NANG MAGHALO ANG BALAT SA TINALUPAN...
HINDI NAMIN GUSTO ITO... KAYO ANG NAGPASIMUNO...
IKAW, O ETO ANG IYO...
KAY SARAP PALANG SUNTUKIN ANG PANGA NITO...
TIKMAN MO ITO, ADRE...
SA ISANG DAKO...
TINGNAN MO, KE GANDA-GANDA PALANG MANOOD NG PALABAS NA WALANG BAYAD...
HANGA AKO SA IYO... BIRO MONG TAYO ANG NAGSIMULA NG GULO... SILA ANG NABASAG ANG ULO!
NAMATAAN NI JUNIOR ANG DALAWANG KAALIT NIYA SA PIYER...
GORIO, PIHONG SILA ANG PINAGMULAN NG GULONG ITO...
E, SILA NAMAN ANG ATING HARAPIN...
MAMANG PULIS... MAY NAGPAPATAYAN PO ROON...
ANO? PATAYAN? SAAN... SAAN?
SAMANTALA...
HAYUN SILA...
MGA DUWAG PALA ANG MGA BUROT NA 'YON...
ATIN SILANG HABULIN...
TAYO NA...
SA ISANG MADILIM NA POOK AY INABANGAN NG MGA TAGA PIYER SINA JUNIOR...
PIHONG DITO SILA DADAAN... ORAS NA NILA ITO!
HAYUN SILA!
DOON NGA KAYA MAGDAAN SINA JUNIOR? ANO NA NAMANG GULO ANG KANILANG HAHARAPIN?
ITUTULOY


Tres Muskiteras
KASAYSAYANG IDINURUGTONG SA "TRES MUSKITEROS" NI ALEJANDRO DUMAS
IKA-8 labas
BUOD NG Sinundang KABANATA
ISINALAYSAY NAMAN NI CAMILLE ANG MGA UNANG TAGPO NG PAG-IIBIGAN NILA NI PORTHOS, ANG MAPUSOK AT MAPANUDYONG MUSKITERO NG HARI. IYO'Y NAGSIMULA SA HALAMANAN NINA CAMILLE NANG DOO'Y MANGANLONG SI PORTHOS NA NOO'Y TINUTUGIS NG MGA GUWARDIYA NG KARDINAL. KINAGABIHAN NG ARAW NA IYON AY NAGHARANA SI PORTHOS AT NANGAHAS NA UMAKYAT SA TUTULUGANG SILID NI CAMILLE.
PAANO MO NALAMAN ANG AKING PANGALAN?
ITINANONG KO SA IYONG MGA BULAKLAK AT IBINULONG NILA SA AKIN SA HIHIP NG HANGIN!
KATHANG-ISIP ni Fernando B. MONLEON
Guhit ni Tony S. de LEON, Jr.
HINDI KO AKALAING MAY BASTOS DIN PALA SA MUSKITERO NG HARI!
BAWIIN MO ANG SINABI MONG IYAN, KUNG HINDI AY HAHAGKAN KITA!
ANG LAWAY NA NAILURA KO NA AY HINDI KO NA MAAAMIN PANG IBALIK SA AKING BIBIG!


SUKAT SA PAGMAMATIGAS KONG IYON AT HINAPIT AKONG BUONG HIGPIT AT IKINULONG SA KANYANG MATITIPUNONG BISIG. NAGTANGKA AKONG HUMULAGPOS AT SUMIGAW, SUBALI'T SA AKING MGA LABI'Y MARIING INILAPAT NG SALBAHE ANG KANYANG MGA LABING NAG-AAPOY SA PAG-IBIG...
ANG INGAY SA AKING SILID AY DILI DI NAKAPUKAW SA AKING TIYA NA NATUTULOG NOON SA KANYANG SILID NA NASA KABILANG DULO NG AMING TAHANAN. KAYA'T...
TOK! TOK! TOK!
CAMILLE... CAMILLE...
BAKIT, CAMILLE, MAY NANGYAYARI BA RITO?
WALA PO, TIYA, NANAGINIP PO LAMANG AKO!
NANG MAKABALIK NA ANG AKING TIYA SA KANYANG SILID, AY...
SALAMAT, CAMILLE, NG BUHAY KO. ANG GINAWI MO'Y PAGPAPATUNAY NA AKO'Y MINAMAHAL MO RIN... HINDI BA?
AT AYWAN KO KUNG BAKIT, NAIHATID KO PA ANG LAPASTANGAN HANGGANG SA BUNGAD NG BERANDA. KAPAGKUWA'Y MABILIS NA NAMANG DINAMPOT ANG AKING KAMAY AT...
PAALAM ANG IYONG TALISUYO!
MULA NOO'Y: MALIMIT NA KAMING MAGTALIK NI PORTHOS SA AMING HALAMANAN...
2


MASDAN MO, CAMILLE, YAONG MAG-KASUYONG ISDA AT ANAKIN NAKIKIPAG-USAP SA PALABANG BUWAN...
OO, PORTHOS, KAGAYA RIN NATIN SILANG NANGANGARAP SA KALANGITAN NG BUHAY!
AT AKO'Y TINURUAN DIN NIYA NG PANGANGABAYO...
GAYON DIN NG PAGHAWAK NG ESPADA...
SUBALI'T APAT NA BUWAN LANG HALOS ANG ITINAGAL NG AMING MATIMYAS NA PAGTATALIK... AT ISANG HATING-GABI RIN NOON, GAYA RIN HALOS NG ORAS AT ARAW NG HULING PAKIKIPAGKITA NI ATHOS KAY ALVIZ, ISANG...
SWWIIII-UUUUU IIITTTT!
MAHAL KO, ANO'T NAPASUGOD KA SA ALANGANG ORAS NA TULAD NITO?
BUHAY NG BUHAY KO...MGA DALAWANG ORAS PA MULA NGAYON AT ISANG BIGLANG GAYAK NA PAKIKIPAGSAPALARAN ANG AKING KAKAHARAPIN. IYAN ANG SANHI KUNG BAKIT AKO AY NARITO NGAYON. GAYON MAN, INAASAHAN KONG SA AKING PAGBABALIK AY DARATNAN KITANG NAGHIHINTAY AT UMIIBIG PA RIN! PAALAM, CAMILLE, NG PUSO KO!
SA SUSUNOD NA KABANATA NAMAN AY SI VENIR ANG MAGSASALAYSAY. IBUBUHAY NIYA ANG KANYANG BANAL NA PAKIKIPAGIBIGAN KAY ARAMIS, ANG RELIHIYOSONG MUSKITERO NG HARING LUIS XIII NG PRANSIYA.
ABANGAN ANG KARUGTONG!


# Carlo Magno


IKA-16 NA LABAS
NAKARAAN:
NAG-ABOT SA LANSANGAN AT NAGLABAN SINA DUKE MOREL AT DON SEBASTIAN. NASA KAINITAN ANG LABANAN NANG TANGGAPIN NINILA ANG UTOS NG EMPERADOR NA KINAKAILANGAN SILA KAPUWA' SA PALASYO.
KATHANG-ISIP NI
CIRIO GALVEZ ALMARIO
GUHIT NI
RIC M. HERNANDEZ
NANG TUMIGIL ANG DALAWA SA PAGLALABAN PAGKATAPOS NA MARINIG ANG SINABI NG KAWAL NA INUTUSAN NG EMPERADOR...
ANO ANG KAILANGAN SA AKIN NG EMPERADOR...? BAKIT PATI SI SEBASTIAN AY IPINATATAWAG SA PALASYO...?
TAYONA KUNG AKO'Y KAILANGAN NG EMPERADOR...


NANG ANG DALAWA AY DUMATING NA SA PALASYO. . .
DUMATING SA AKIN ANG PAANYAYA NG HARING FARAGON NG EUFRATRA UPANG PAG-USAPAN DOON ANG PAGSASANDUGO NG FLORENCIA AT NG KANILANG REYNO. . .ISA SA INYO ANG KAKATAWAN SA AKIN SA PAG-UUSAP NA IDARAOS. . .
ANG SINABI NG EMPERADOR AY LIHIM NA IKINAGALAK NI DUKE MOREL. . .
ITO NA ANG PAGKAKATAON UPANG MALAYO SIYA SA AKIN NANG MAISAGAWA KO ANG AKING MGA BALAK. . .
HINDI PA SINASABI NG EMPERADOR KUNG SINO SA KANILANG DALAWA ANG IPADADALA SA EUFRATRA AY NAGPAUNA NA SI DUKE MOREL. . .
KAILAN PO NINYO PATUTUNGUHIN SA EUFRATRA ANG MATALINONG MARKES NA SIYANG BAGAY NA BAGAY NA KUMATAWAN SA INYO. . .?
TALAGA BANG SI DON SEBASTIAN ANG IBIG MONG PALAKARIN KO. . .?
NAHALATA NG MARKES NA MAY MASAMA NA NAMANG INIISIP SI DUKE MOREL. . .
HINDI MABUTI ANG BINABALAK NITO KAYA IBIG AKONG MALAYO SA EMPERADOR. . .
MABUTI NA PONG SIYA ANG HUMARAP SA PAG-UUSAP SAPAGKAT SIYA'Y MATALINO AT MAPAGTITIWALAAN. . . . .
2


SUMANG-AYON NA RIN ANG EMPERADOR NA SI DON SEBASTIAN ANG KUMATAWAN SA KANYA SAPAGKAT MAY MALAKI SIYANG TIWALA RITO... NANG SILA'Y MAGHIWA-HIWALAY NA...
FERNAN, IKAW AY ISANG TAPAT NA KAWAL NG EMPERADOR...HUWAG KANG LALAYO SA KANYA AT MAMATYAGAN MO SI MOREL HABANG AKO'Y WALA....
SAMANTALA....
OCTAVIO, SA ORAS NA MAKAALIS SI SEBASTIAN... SISIMULAN NA NATIN ANG LAHAT NG ATING BALAK....
NANG DUMATING ANG ARAW NG PAG-ALIS NG MARKES...
AKO'Y MAGTATALAGA NG MGA KAWAL NA MAGBABANTAY SA IYO AT SA ATING ANAK ...HUWAG MONG PABABAYAAN SI MERCEDES...
PAGKARAAN NG DALAWANG ARAW NA MAKAALIS ANG MARKES...
ANO ANG IBIG SABIHIN AT MAY MGA KAWAL SA BAHAY NI SEBASTIAN...?
NOON DIN AY IPINATAWAG NI MOREL ANG MGA KAWAL NA NASA BAHAY NG MARKES...
SINO ANG MAY UTOS SA INYONG TANURAN NINYO ANG ASAWA'T ANAK NI SEBASTYAN...? SINO ANG SINUSUNOD NINYO RITO...? SI SEBASTIAN BA, O AKO...?
ANO ANG BINABALAK NG MAGKASAPAKAT NA KONDE AT DUKE SA BUHAY NG ASAWA'T ANAK NG MARKES...? ANONG BALAK ANG ISASAGAWA NG DALAWA NGAYONG WALA NA ANG PINANGINGILAGAN NILANG SI DON SEBASTIAN POR TALES...?
ITUTULOY


PILIPINAS
SA LARAWAN
SA PANANALIKSIK ni CONRADO ACUÑA
GUHIT ni BES PASCUAL
BLG. 31
GINAGAMIT NA TAKALAN
1
SA PAGTAKAL NG MGA BUTIL O MGA BAGAY NA DUROG AY GUMAGAMIT ANG MGA TAO NUONG UNA NG TINATAWAG NATIN NGAYONG SALOP, KABAN, GATANG.
SALOP (NUONG UNA)
GATANG (KAWAYAN)
KABAN (SAKONG BULI)
SA KASALUKUYAN
LATA
DALAWANG URI NG GATANG
CHUPA (INGLES)
SALOP
GANTA (INGLES)
KABAN O ISANG BULTO
2
ANG KALENDARYO
ANG BALA-BALANGAY NA MGA UNANG PILIPINO AY MAY KANI-KANYANG KALENDARYO. SA MGA IPUGAW, ANG ISANG TAON AY HINAHATI SA 13 BUWAN AT ANG ISANG BUWAN AY 28 ARAW. SA BUONG ISANG TAON AY IBINIBILANG NILA ANG 29 NA ARAW SA IKA-13 BUWAN KAYA NAPALALABAS NILANG 365 ARAW ANG ISANG TAON.
13 BUWAN
ISANG BUWAN 28 ARAW
SA BUONG ISANG TAON 29 NA ARAW SA IKA-13 BUWAN.
365 ARAW ANG ISANG TAON


BLG. 31 PAHINA 2
3
IBA'T IBANG URI NG SANDATA
IBA'T IBANG URI NG MGA SANDATA ANG NAKAUGALIANG GAMITIN NG MGA TAO NUONG UNA. ANG MGA ITO AY PANA AT BUSOG, SIBAT, SUNDANG, PUNYAL O KRIS, TALIBONG, KAMPILAN, BALUTI NA SUNGAY NG KALABAW.
SIBAT
PANA AT BUSOG
SUNDANG
PUNYAL
KRIS
TALIBONG
KAMPILAN
BARONG MORO
4
HANGGANG NGAYON ANG MGA TINURANG SANDATA AY GINAGAMIT PA NG MGA MORO AT NG MGA TAONG GUBAT. GUMAGAMIT DIN NUONG ARAW NG SARI-SARING KALASAG O PANANGGALANG AT NG MGA DAMIT NA BALAT NG HAYOP, BUKOD PA SA MALILIIT NA KANYON NA TINAWAG NILANG LANTAKA AT ITO'Y NASUMPUNGAN NANG DUMATING DITO ANG MGA KASTILA SA MGA KUTA SA MAYNILA, TAYTAY AT KAINTA.


BLG. 31
MELBA RITA
PINANLAKIHAN NG MGA MATA SI RITA NANG MAPALAKAS ANG KANYANG PAGPUKOL...
NAKA... NAPALAKAS 'ATA NG AKING PUKOL...
DALAWANG MAGKASUNOD NA TILI ANG DUMATING SA PANDINIG NI RITA
ARUUY! MAY 'BUMATO SA TUK...
DALUHAN, DALUHAAAN.!!!
NAKITA NG LAHAT NA SI TANDANG PORONG ANG SUMISIGAW...
DALI KAYO.!!
SI PORONG IYON... BAKIT KAYA?
SUMISIGAW SI TANDANG PORONG.!
SIYA NGA...!
AT MULING NAGBALIK ANG LAHAT KINA ALING KARIAKA...
ME NANGYARI NA NAMAN MARAHIL KINA ALING KARIAKA...
TAYO NA...
DALI KAYO... SI KARIAKA... NAROROON SIYA AT NADISGRASYA...
NADISGRASYA DAW SI KARIAKA... DALI KAYO...
ANO KAYA 'NG NANGYARE...?
ME BUMATO AT TINAMAAN ANG ULO...
NAKUUU! AT NAGDUDUGO NGA NAMAN
E, SINO KAYA'NG BUMATO?
ANO RAW ANG NANGYARI SA KABILA?
ME NAMBATO PALA SA KANILA AT TINAMAAN SI KARIAKA.!
MAY NAALALA SI ALING SIDRA KAYA PASULYAP NA HINAGISAN NG TINGIN SI RITA..
HMMM! PIHONG KAGAGAWAN 'TO NG SALBAHENG IYON...
HUMANDA KA BATA KA... PIHONG TEPOK KA NA!



NARINIG NINA MELBA AT MILA ANG KAGULUHAN KAYA SABAY SILANG NANAOG...
ANO RAW GULO 'YON INAY?
ANO 'NG NANGYAYARI SA KAPATID MO, MELBA...?
RITA... LUMABAS KA D'YAN!
MAGSABI KA NG TOTOO, RITA? IKAW ANG NAMBATO ANO?
E... I-INDI PO... E... OPO, MANGYARI PO NAKITA KO ANG SALAGUBANG SA PUNO...
SIGURO NAKATAMA KA, ANO?
HINDI KO NAMAN TINAMAAN ANG SALAGUBANG E...
ANONG HINDI? SA ULO RAW NI KARIAKA LUMAGPAK ANG BATO...
PUMUTOK 'ATA ANG TUKTOK NG INA NI BERTING, KAYA NAGKAGULO NA NAMAN SA KANILA..
ANO RITA, IKAW NGA BA ANG NAMBATO...?
HINDI KO NAMAN KASALANAN E... NAKITA KO 'YONG SALAGUBANG AT PINUKOL KO... NGUNIT LUMAGPAS ANG BATO..
TALAGANG SAKSAKAN KA 'NG KASALBAHIHAN. TINGNAN MO, TINAMAAN DAW ANG ULO NI KARIAKA AT NAGDUGO PA...
HUWAG KA NG MANGATUWIRAN, BATA KA!
E...ANG SALAGUBANG HO E...
ANG MABUTI AY PUMARON TAYO SA KANILA AT HUMINGI NG DISPENSA...
SUMANG AYON SANA ANG INAY.. SA GAYO'Y MAKIKITA KO RIN SI BERTING!
MABUTI NGA 'ATA YON, A!
KUUUU! BATA KA, PULOS KAHIHIYAN ANG GINAGAWA MO... TAYO NA...
ARUUUY! BAKA MATANGGAL ANG KAMAY KO, INAY!
HUWAG KANG MATAKOT, MELBA, AKO ANG BAHALANG MAKIPAGUSAP KAY ALING KARIAKA...
SALAMAT, MILA...
SIYANGA PALA...
BIGLANG PUMIHIT SI MELBA AT NAGBALIK SA KANILA...
MELBA, BAKIT SAAN KA TUTUNGO?
SANDALI LAMANG, MILA...!
BAKIT NAGBALIK SI MELBA SA KANILA ??? MAPAKIUSAPAN KAYA NI MILA SI ALING KARIAKA ??? SUNDAN ANG KARUGTONG
ITUTULOY!


Lucydides
NOBELA NI DOMINADOR Ad. CASTILLO
ISINALARAWAN NI VIR S. MARIANO
MUNTIK NANG TAKASAN NG BAIT SI FELIX NANG MARINIG ANG SINABI NG MATANDANG ARBULARYO AT KUNG HINDI NAMAGITAN SI TANDANG ORANG . .
IKA - 14 NA LABAS
LUCAS, SA PALAGAY KO NA-MAN E TUTOO ANG INIHIHINGI NI FELIX NG TA-WAG SA'YO . . BAKIT HINDI KA SUMA-MA ?
AT NAPAHINUHOD DIN ANG ALBULARYO NA SUMA-MA KAY FELIX. MAKARA-ANG ILANG SANDALI . . .
MAGPAINIT KA NG TUBIG AT MAPUNA-SAN ANG BATA . . .
MATAPOS PUNASAN ANG BATA . . .
KUNIN MO ANG MGA GAMOT DAMONG SABI KO AT SAKA MO ITAPAL SA NOO AT SIKMURA NG BATA . . . PAG ME AWA ANG DIYOS E MA-GALING NA 'YAN BUKAS . .
SUBALI'T ANG MGA LUNAS NA INIHATOL NG MATANDA AY HINDI NAKAPAGPABUTI SA LAGAY NG BATA HANG-GANG SA MAISIPAN NI FELIX NA KUHIN ANG PANTOG.
O . . SIYA, INENG. GUMALING KA NA SA-NA . . NAITO ANG PANTOG MO ANAK . .
SAMANTALA NG MGA SANDALING IYON SA BAHAY NG ALBULARYO . . .
. . 'YAN ANG TUTOO, ORANG . . HUBAD ANG BATA GAYUNG KE TAAS NG LAGNAT . . . AT AYON KE FELIX E AYAW DAW MAGDA-MIT NG BATANG 'YUN . .
BA ! . E . . NAKAPAG-TATAKA NAMANG BATA NIYON . .










**30 HALAL**

*Ukol kay*

*Bb.*_______________

SA PAGKA

**"Bb. BULAKLAK ng 1953"**

MAY BISA

HUNYO 30, 1953

BULAKLAK
*Hiyas ng Tahanan*

Taon X Miyerkoles, Mayo 27, 1953 Blg. 8




# Sa Lumang Kundiman

*Ewan ko ba. . . ! Ang pasan kong mga taon at pahirap*
*ay bigat na gumagaan kung lingunin ang lumipas;*
*tuwing ikaw ay nanasok sa gunita at hinagap,*
*isang munting paraiso'y nasa aking mga palad;*
*ipikit man ang mata kong masilawin sa liwanag,*
*pintakasing kariktan mo ang sa muni'y nasusulat;*
*laging bagong tugtugin kang kalilimbag sa pangarap*
*na hindi ko pagsawaang awitin sa oras-oras;*
*ewan ko lang at kung bakit habang ikaw'y hinahanap,*
*malawak nang daigdigan ay lalo pang lumalawak.*

*Sa malamlam nang mata kong lumabo na sa pasakit,*
*napalagak ang ganda mong may gayumang umaakit;*
*mapupungay mong paningi'y bituin pang nakasabit*
*sa langit na iyong mukhang pinintuho ko ngang langit;*
*mga sulyap mo sa aki'y may hagkis ng pahiwatig*
*sa tinuhog na ligaya sa pasigan nang magtalik;*
*kung tayo ma'y mga labi ng nalantang pananalig,*
*palagay ko'y Tadhana lang ang sa ati'y di-pumanig;*
*(Ang daigdig palibhasa'y isang mundong panaginip*
*kaya bawa't pangyayari'y pangarap din ang kahawig.)*

*Sumisidhi ang adhikang ikaw'y aking kausapin,*
*tumututol naman yaring paggalang ko sa tungkulin;*
*ako't ikaw'y magkalayo, malapit man kung sa turing,*
*pagka't tayo'y nagkaiba ng tinahak na landasin;*
*hanggang ngayon, sa diwa ko'y pangunahing suliranin*
*na kung bakit ang langit ko'y langit na di naging akin*
*(nguni't iya'y bungang-tulog ng unsyami kong layunin,*
*at sa baliw na pithaya'y kinalarong panimdimin. . . !)*
*magkakasya na lang akong sangguniin ka sa hangin*
*at sa kiming guniguni'y ibantayog kang mithiin.*

*. . .At sakaling may dalawang daigdig ang ating buhay,*
*ang isa ay siya nating tugatog ng katuparan;*
*ganap diyang matititik ang wala nang kamatayan*
*na isa pang kabanata ng pagsintang nasugatan;*
*lagalag na dili-dili'y ihihilig ko na lamang*
*sa sinutlang kandungan mong lunggati ng gunamgunam;*
*nananabik nating puso kung hindi man nagkahinang,*
*ang kundiman ng lumipas, ang pang-aliw kong kundiman.*
*iyan lamang ang sa akin ay awit ng kasiyahang*
*unti-unting pumapawi sa taglay kong kalungkutan!*

R. H. Belen

TEOFILO E. SAUCO
*Patnugot*
EMILIO MAR. ANTONIO
*Katulong na Patnugot*
Mga Kagawad:
CONRADO S. ACUÑA
AMELIA M. ARCEGA
EMMA MARIA CRISTINA
CORAZON Y. ROSARIO

FRANCISCO G. GUBALLA
*Tagapamahalang Patnugot*
BEATRIZ M. de GUBALLA
*Tagapangasiwa*
Tagapaglathala:
BULAKLAK PUBLICATIONS
925-929 R. Hidalgo, Quiapo
P. O. Box 1382, Maynila
Tel. 3-39-71

ALFREDO DE LARA
*Tagapamahala sa Anunsiyo*
JAVIER GUBALLA
*Direktor ng Anunsiyo*
TEODORO VIRREY
Kasangguni
Sa Sirkulasyon:
RAMON P. IGNACIO

Halaga ng Suskrisyon:
Isang taong .......... ₱13.00 Anim na buwan .......... ₱7.00
(Doble sa ibang bansa)
Nakatalang pangalawang uri sa Kawanihan ng Koreo sapul noong Abril 14, 1947.




Ang Pagsesepilyo Ng Ngipin Matapos Kumain Sa Pamamagitan Ng


# COLGATE DENTAL CREAM

# AY PUMAPAWI SA MASAMANG HININGA!

**Wala ng iba pang panlinis sa ngipin na [illegible] sumusugpo sa masamang hininga**




Ang pagsesepilyo ng ngipin matapos kumain sa pamamagitan ng Colgate Dental Cream ay magdudulot ng *sariwa* at *linis* sa inyong bibig sa buong maghapon. At sa 7 sa bawa't 10 pangyayari ay dagling sinusugpo ng Colgate Dental Cream ang masamang hiningang nagbubuhat sa bibig!





Ang kahanga-hangang lasa ng Colgate ay naiibigan ng mga lalaki, babae at mga bata saan mang dako. Napatunayan sa mga pagsusuri na ang Colgate Dental Cream ay hinihirang dahil sa taglay na lasa kaysa lahat ng iba pang mga tatak.




*Bumili* ng DALISAY, MAPUTI, MALINIS na COLGATE *Ngayon!*

KOL SA LUBUSANG PAGLILINIS



## Gumamit ng Sepilyo sa Ngiping COLGATE

...sepilyong nylon na madaling matuyo at sadyang ginawa upang saliksikin ang lahat ng singit ng ngipin.

# Ang pinaka-magandang babae sa daigdig ay gumagamit ng Camay!



**ARMI KUUSELA**
**MISS UNIVERSE**




## Pangpagandang payo ni ARMI:

"Camay ang aking pangpagandang sabon. Ang kasiya-siyang bula nito ay kawili-wili sa kutis. Sa bawat babaeng nais na maging higit na kaibig-ibig. Camay ang aking ipinapayo. Gamitin ang higit na suwabe, higit na mabangong Camay gaya ng ginagawa ko—para sa kutis at pangpagandang paliligo!"

May katuwiran si Armi! Ang kagandahan ay sadyang nagsisimula sa higit na suwabe, higit na mabangong Camay. Ang inyong kutis ay mapupuri kung ang inyong pangpagandang sabon ay ang dalisay, suwabeng Camay!

**Kay liit ng gugol upang makamit ang 4 na KAGANDAHANG dulot ng Camay**

- **Kutis-bituin!**
- **Pang-kagandahang paliligo!**
- **Malambot na buhok!**
- **Karagdagang bango-bulaklak!**

Camay ang sabon ng kagandahan

*Armi Kuusela—ang nahirang na "Miss Universe".*

*Copyright PMC 1952*